

كتاب المعجم اليسير

Al-Yasīr

Diksyunaryong Al-Yasīr ng Marangal na
Qur'ān at Wikang Arabe

Arabe-Filipino

Inihanda nina

Akram Aḥmad Al-Hāshimīy

`Abdurrahmān Ibrāhīm Al-Yaḥyā

Diksyunaryong Al-Yasīr

Inihanda nina

Akram Aḥmad Al-Hāshimīy

`Abdurrahmān Ibrāhīm Al-Yaḥyā

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang
Maawain.

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon
ng mga nilalang. Ang basbas at ang pangangalaga
ay ukol sa mga propeta at Pangwakas sa mga
Isinugo, si Muḥammad bin `Abdillāh, at ukol sa
mag-anak niya, mga Kasamahan niya sa kalahatan,
at sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng
maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagsisimula,

Isang madaling diksyunaryo, ang pinagmulan nito ay nagbibigay-liwanag, na ang kabutihan nito ay marami. Naglaman ito ng pinakamahalaga sa mga salita ng wikang Arabe dahil sa pagkakasya nito sa mga salita ng Marangal na Qur'an yayamang ang mga ito ay mga salitang pangkalahatan, binuod, eksakto sa mga kahulugan ng mga ito, sumasaklaw sa mga aspeto ng buhay. Pinili ni Allāh ang mga ito para sa himalang namamalagi sa paglilinaw. Ang pinagmulan nito ay batay sa isang dalubhasang sinasaksihan sa kadalubhasaan niya sa wika, si Ar-Rāghib Al-Aṣfahānīy (kaawaan siya ni Allāh), kasama ng pagbibigay-katuturan mula sa mga iba pang aklat gaya ng Al-Maqāyīs, Aṣ-Ṣiḥāḥ, at tulad ng mga ito. Ang metodo niya ay ang paglilinaw sa pinagugatan, pagkatapos ang sumanga-sanga na mga salita nito, pagkatapos ang kahulugan. Ang pangwakas nito ay isang kabanata para sa mga katagang pangkayarian (function words) mula sa sinopsis ni Ibnu `Uthaymīn (kaawaan siya ni Allāh) ng aklat na Mughnī Al-Labīb, na nagpapakay ng pakikipagsang-ayunan sa paniniwala ng mga alagad ng Sunnah, na nagpapaiksi ng oras sa pagsaulo at pag-intindi sa pinakamahalaga sa mga salita, na nakatutulong sa pag-intindi sa Qur'an, Sunnah, at wikang Arabe, na nagsasalin ng istilo ng mga diksyunaryong komprehensibo tungo sa balangkas ng pagdadahan-dahan at mga binuod na teksto, na nagbebenepisyo sa mga estudyante ng

Sharī`ah at wikang Arabe sa pangkalahatan, na nagsasapundasyon upang mula rito magsisimula sila at ayon dito babatay sila.

Hinihiling natin kay Allāh ang pagpapakawagas, ang pagkatanggap, ang pagkapaumanhin, at ang kagalingan; na pagpalain Niya tayo sa gawaing ito, pakinabangin Niya ang bawat sinumang bumasa nito at nagsaulo nito, at gawin Niya ito bilang isang kadahilanan para sa pag-intindi sa Marangal na Qur'an, Sunnah ng Propeta, at wikang Arabe, at pagpapadali nito para sa mga Muslim sa Mundo hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. **Diksyunaryong Al-Yasīr**

Aklat Alif

Ang Pinag-ugatan

Ang Salita

Ang Kahulugan **A**

Isang kataga para sa panawagan sa malapit (O) at ginagamit sa pagtatanong (ba). **Ādam (Adan)**

Ang ama ng sangkatauhan. **Āzar**

Pangalan ng ama ni Abraham (sumakanya ang pangangalaga) **Abb**

Ang pastulang nakalaan sa pagpapastol at paggapas. **Abad**

Ang pagpapatuloy ng panahon nang walang wakas. **Ibrāhīm (Abraham)**

Isang pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Abaqa**

tumakas **Al-Ibil**

Itinataguri sa maraming kamelyo, na walang isahang anyo mula sa pananalita nito. **Abābil (Kawan-kawan)**

Mga nagkapangkat-pangkat gaya ng mga kawan ng mga kamelyo. **Al-Ab**

Ang ama. **Al-Ibā' (Pagtanggi)**

Ang katindihan ng pag-ayaw. **Atā**

Dumating nang may kadalian. **Al-Athāth (Kasangkapan)**

Kagamitan ng bahay. **Al-Athar (Bakas)**

bakas ng anuman, na pagkapangyari ng anumang nagpapahiwatig sa kairalan nito **īthār**

Ang pagpapauna ng iba higit sa sarili sa pakinabang. **Āthara**

Nagtangi. **Al-Athl (Tamarisko)**

Isang uri ng punong-kahoy na matibay ang ugat. **Al-Ithm (Kasalanan)**

Ang pagkakasala, na isang katawagan sa mga gawaing tagapagpabagal sa pagkagantimpala. **Athām (Kaparusahan sa Kasalanan)**

Ganti sa kasalanan at kaparusahan dito. **Ujāj (Maalat na mapait)**

Matindi ang kaalatan. **Al-Ajr (Pabuya)**

Ang bumabalik na kabayaran sa gawa, pangmundo man o pangkabilang-buhay. **Al-Ajal (Taning)**

Ang yugtong nakatalaga sa anuman. **Min ajli Dhālika (Alang-alang doon)**

Dahil sa kadahilanang iyon. **Aḥad (Isa)**

Wāḥid (Isa, nag-iisa, iisa) **Al-Aḥad (Ang Kaisa-isa)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), Siya ang Namumukod-tangi na walang katapat, walang katuwang, walang kaagaw, walang kawangis, at walang katumbas. **Akhadha (Kumuha)**

Ang pagtaglay ng anuman at ang pagtamo nito. **Al-Mu'ākhadhah (Pagpapanagot)**

Ang paninisi at ang pagparusa. **Ākhir (Huli, Kahuli-hulihan)**

Sumasalungat sa una. **Al-Ākhir (Ang Huli, Ang Kahuli-hulihan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), Siya ang walang anumang matapos Niya. **Al-Mu'akhkhir (Ang Tagapag-antala)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ibig sabihin: nag-aantala Siya sa anumang nilolob Niya. **Al-Ākhirah (Ang Kabilang-buhay)**

Ang Ikalawang Pagpapaluwal **At-Ta'khir (Ang Pag-aantala)**

Sumasalungat sa pagpapauna. **Akh (Lalaking kapatid)**

Ang lalaking nakikilahok sa isa sa dalawang magulang o sa dalawang ito. **Ukht (Babaing kapatid)**

Ang babaing nakikilahok sa isa sa dalawang magulang o sa dalawang ito. **Iddā (Kakila-kilabot)**

Isang bagay na minamasama, na may nagaganap dito na kaingayan. **Idrīs (Enoc)**

Isang pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Adā' (Pagsasagawa, pagganap)**

Ang pagbigay ng karapatan at pagtupad nito gaya ng pagbayad ng amilyar (buwis ng lupa) at jizyah (buwis ng pagkalinga) at pagtupad sa

ipinagkatiwalang tungkulin. **Idh (Noong, yayamang)**

Pang-abay para sa pangyayaring nakalipas at ginagamit sa pagbibigay-sanhi. **Idhā (Kapag)**

Kataga ng kundisyon at kahihinatnan. **Idhan (Samakatuwid)**

Kataga ng kasagutan at kahihinatnan. **Udhun (Tainga)**

Ang tainga ay ang bahagi ng katawan na nakadarama ng pagdinig at ginagamit iyon sa kaalamang nakakamit sa pakikinig. **Al-Idhn (Pahintulot)**

Ang pagpapahayag ng pagpayag at pagpermis. **Al-Mu'adhdhin (Tagapagpahayag)**

Ang bawat sinumang nagpapaalam hinggil sa anuman sa isang panawagan. **Al-Adhā (Perhuwisyo)**

Ang anumang umaabot sa may-buhay na pinsala, na maaaring sa sarili nito o katawan nito o mga kinalalabasan nito, na pangmundo at pangkabilang-buhay. **Al-Irbah (Pagnanasa)**

Pagkalabis ng pangangailangan. **Al-Ard (Ang Lupa)**

Ang planetang katapat ng langit. **Al-Arīkah (Sopa)**

Isang kamang iniangat na ginayakan sa isang kupola o isang bahay. **Iram**

Pangalan ng lungsod ng mga mamamayan ng `Ād. **Al-Azr (Lakas)**

Ang matinding puwersa. **Al-Azz (Panunulsol)**

Ang pambubuyo at ang pag-uudyok. **Azifa (Nalapit ang oras)**

Nagipit ang oras. **Al-Āzifah (Ang Pagpapalapit)**

Ang pagkabuhay ay ipinahayag sa pamamagitan ng pananalita ng nakalipas dahil sa kalapitan nito at kagipitan ng oras nito. **Istabraq**

Ang makapal na sutla. **Ishāq (Isaac)**

Ang propeta ni Allāh, na anak ni Abraham (sumakanila ang pangangalaga). **Al-Asr**

Ang pagtanikala ng posas. **Isrā'īl (Israel)**

Isang bansag kay Propeta Jacob (sumakanya ang pangangalaga) **Asās (Pinagtatagan)**

Pundasyon **Āsin (Nagbabago)**

Nagbago ang tubig kapag nag-iba ang amoy nito sa isang pag-ibang masama. **Al-Asaf (Ngitngit)**

Katindihan ng galit. **Ismā'īl (Ismael)**

Ang propeta ni Allāh, na anak ni Abraham (sumakanila ang pangangalaga). **Al-Uswah (Huwaran)**

Ang tinutularan. **Al-Asā (Pagdadalamhati)**

Ang pagkalungkot **Al-Ashar (Walang-galang)**

Katindihan ng kapalaluan. **Al-Mu'ṣadah (Itataklob)**

Ang ipipinid at ang itatakip. **Al-Aṣr (Paghigpit)**

Pagtali sa anuman at pagpigil dito nang sapilitan. **Al-Iṣr**

Ang kasunduang binigyang-diin na bumabalakid sa tagasira nito sa pagkamit ng gantimpala at mga kabutihan. **Al-Aṣīl**

Ang dapit-hapon. **Al-Aṣl (Batayan)**

Ang batayan ng anuman ay ang saligan nito. **Uff**

Salita ng pandidiri sa isang marumi at iba pa, na kabilang dito ang panghihinawa. **Al-Afāq (Mga abot-tanaw)**

Ang mga dako. **Al-Ifk (Kabulaanan)**

Ang bawat ibinaling palayo sa dako nitong nagindapat ito na matuon doon. **Al-Ufūl (Paglubog)**

Ang paglaho ng mga nagliliwanag na katawang pansalangit gaya ng buwan at mga bituin. **Akala (Kumain)**

Kumunsumo ng pagkain. **Al-Akl**

Ang produktong pang-agrikultura. **Al**

Ang kataga ng pagbibigay-katiyakan sa di-tiyak, na ginagamit sa pagtukoy sa pagkakilala at pagkapanlahat. **Alā**

Kataga ng pagpapasimula ng pagsasalita at pagtawag-pansin sa kinakausap para magpahiwatig sa pagsasakatotohanan ng pangungusap matapos nito. **Alata (Bumawas)**

Nagpakulang. **Al-Ulfah (Pagkabuklod)**

Pagkakasama kalakip ng pagkakatugmaan. **Al-Alf (Libo, Sanlibo)**

Takdang bilang. **Al-III**

Ang alyansa o ang pagkakaanak. **Al-Āl**

Ang mag-anak o ang angkan. **Allā**

Katagang binubuo ng pinagsamang AN (na) at LĀ (hindi). **Illā (Maliban, kundi)**

Kataga ng kataliwasan (exception).

Mga Panghalip na Pamanggit na Pambalana **Alladhī**

Para sa pang-isahang panlalaki. **Allatī**

Para sa pang-isahang pambabae. **Alladhāni**

Para sa pandalawahang panlalaki. **Allatāni**

Para sa pandalawahang pambabae. **Alladhīna**

Para sa pangmaramihang panlalaki. **Allātī, Allā'ī**

Para sa pangmaramihang pambabae.

Para sa pangmaramihang pambabae. **Al-Malā'ikah (Mga Anghel)**

Mga nilikha mula sa liwanag. **Al-Alam**

Ang matinding hapdi **Allāh**

Ang Diyos na sinasamba. Ang katagang ito ay natatangi kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). **Ilāh (Diyos)**

Sinasamba. **Ya'lūna (Nagmimintis sila)**

Nagkukulang sila. **Ālā' (Mga pagpapala)**

Mga biyaya. **Ilā**

Katagang naipahihiwatig sa pamamagitan nito ang katapusan ng anim na gilid at ang pagtatapos ng yugtong pampanahon. **Ilyās, Ilyāsīn (Elias)**

Isa sa mga propeta ng mga anak ni Israel (sumakanya ang pangangalaga). **Am (O)**

- Nagpapahihiwatig ng paglihis, na may kahulugang bagkus.

- Nagpapahiwatig ito ng pagpapantay.

- Isinasapossibilidad ang pagkadugtong o ang pagkaputol. **Al-Amt (Umbok)**

Ang pagkaangat at ang pagkababa. **Al-Amad (Agwat)**

Yugto na may hangganang di-nalalaman kapag winalang-takda at maaaring malimitahan. **Al-Amr**

Ang pumapatungkol, ang bagay. **Amara (Nag-utos)**

Nag-atang ng tungkulin na gumawa ng anuman. **Imr**

Minamasama. **Amsi (Kahapon)**

Ang naunang araw. **Al-Amal**

Ang pag-asa. **Al-Umm (Ina)**

Ang nag-anak na babaing malapit na nagsilang sa iyo at ang babaing malayo na nagsilang sa nagsilang sa iyo. **Ummah (Kalipunan)**

Pangkat **Al-Ummīy (Iliterato)**

Ang hindi nakababasa at hindi nakasusulat. **Al-Imām (Pinuno)**

Ang tinutularan. **Āmmīna (Nagsasadya)**

Nagpapakay. **Ammā**

Kataga ng kundisyon, pagdedetalye, at pagbibigay-diin. **Immā**

Katagang ginagamit para sa pagdedetalye o pagpapapili o walang-pagtitiyak. **Al-Amn (Katiwasayan, Seguridad)**

Kapanatagan ng sarili at paglaho ng pangamba. **Al-Amānah**

Anumang ipinagkatiwala sa tao. **Al-Īmān (Pananampalataya)**

Ang paniniwala ng puso, ang pag-amin ng dila, at ang paggawa ng mga bahagi ng katawan. **Al-Mu'min (Ang Tagapagpasampalataya, Ang Tagapagpatiwasay)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Mu'min (Tagapagpasampalataya, Tagapagpatiwasay) ay ang nagbibigay-katiwasayan sa mga mananampalataya laban sa pagdurusang dulot Niya at parusa Niya, nagpapatotoo sa kanila sa pananampalataya nila, at nagtotoo sa kanila sa anumang ipinangako Niya sa kanila sa Kabilang-buhay. **Al-Amah**

Babaing aliping minamay-ari. **An**

Ginagamit ito

- para gawing pangalangang-diwa (verbal noun) ang pandiwa.

- bilang pinagaang anyo ng katagang anna.
- bilang tagapagpaliwanag na may kahulugang ibig sabihin.

- bilang pandagdag para sa pagbibigay-diin. **In**

Ginagamit ito bilang pangkundisyon at bilang pinagaang anyo ng inna. **Ana (Ako)**

Panghalip na pang-isahang unang panauhang para sa lalaki o babae. **Anta**

Panghalip na pang-isahang ikalawang panauhan. **Antum**

Panghalip na pangmaramihang ikalawang panauhan. **Antuma**

Panghalip na pandalawahang panlalaki at pambabaeng ikalawang panauhan. **Al-Unthā**

Kasalungatan ng lalaki. **Al-Injīl (Ang Ebanghelyo)**

Ang kasulatang ibinaba ni Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) sa propeta Niyang si Jesus (sumakanya ang pangangalaga). **Al-Ins (Tao)**

Ang sangkatauhan. **Al-Uns (Pagkapalagayang-loob)**

Kasalungatan ng pagkaayaw. **Al-Insān (Tao)**

Tinawag siyang gayon dahil siya ay isang pampamayanan sa pagkalikas, na nakikipagpalagayang-loob. **Al-Anf (Ilong)**

Ang organ ng pag-amoy. **Ānifan**

Kanina. **Al-Anām**

Ang mga tao at ang iba pa sa kanila na mga nilikha. **Anna**

Kataga ng pagbibigay-diin at ginagamit na may kahulugang marahil. **Inna**

Kataga ng pagbibigay-diin. **Innamā (Lamang, tangi)**

Kataga ng paglilimita. **Ānā'**

Mga oras. **Ya'ni (Sumasapit)**

Nalalapit. **Ānin (Nakapapaso)**

Umabot sa tugatog nito sa katindihan ng kainitan. **Al-Inā' (Lalagyan)**

Ang lagayan na pinaglalagyan ng isang bagay. **Annā**

Kataga para sa pagtatanong tungkol sa kalagayan at lugar **Ahl (Mag-anak)**

Ang mag-anak ng tao ay ang nagsasama sa kanya at sa kanila sa isang kaangkanan o isang relihiyon o ang nahahalintulad sa tulad ng dalawang ito na propesyon o bayan. **Aw (O)**

Ginagamit sa ilang kahulugang kabilang sa mga ito ang pagdududa, ang walang-pagtitiyak, paglihis, pagpapantay, at paghahati. **Al-Awb**

Ang pagbabalik na may pagnanais. **Ya'ūduhu**

Nakabibigat sa Kanya. **Āl (Mag-anak)**

Hango buhat sa Ahl. **At-Ta'wīl (Pagpapakahulugan)**

Ang paglilinaw at ang layong pinapakay. **Awwal (Una, Kauna-unahan)**

Ito ang sinusundan ng iba pa rito. **Al-Awwal (Ang Una, Ang Kauna-unahan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Awwal (Una, Kauna-unahan) ay ang walang anuman bago Niya. **Ulu (Mga may)**

Mga tagapagtaglay. **Uli (Mga may)**

Mga tagapagtaglay. **Ulāt (Mga babaing may)**

Mga babaing tagapagtaglay. **Ulā'i (Mga ito/iyon)**

Panghalip na pamatlig para sa malapit. **Ulā'ika (Mga iyon)**

Panghalip na pamatlig para sa malayo. **Al-Āna (Ngayon)**

Bawat sandaling tinatayang nasa pagitan ng panahon ng nakaraan at panahon ng hinaharap; ang kasalakuyang sandali. **Al-Awwāh (Palataghoy)**

Ang madalas ang pagtaghoy, na nagsasabi ng ah, ah. Ang bawat pananalitang nagpapahiwatig ng lungkot ay tinatawag na pagtaghoy. Itinatawag ang palataghoy sa sinumang naglalantad ng takot kay Allāh (napakataas Siya). **Awā (Nagpakanlong)**

Umuwi sa bahay niya o sa lugar na tinutuluyan. **Al-Ma'wā (Kanlungan)**

Ang lugar na nagkakanlong sa iyo. **Ī (Siya nga)**

Kataga ng pagsagot na may kahulugang oo. **Al-Aydī (Mga lakas)**

Ang matinding lakas **Al-Ayk (Kasukalan)**

Mga punong-kahoy na nagkasala-salabid. **Al-Ayāmā (Mga walang-asawa)**

Pangmaramihan ng aym, ito ay ang babae na walang asawa at sinabi nga na tumutukoy sa lalaki na walang maybahay. **Ayna (Saan, nasaan)**

Kataga ng pagtatanong tungkol sa lugar. **Al-Āyah (Tanda, talata)**

Nakalitaw na palatandaan. **Ayy (Alin)**

Kataga ng pagtatanong. **Ayyuhā (O)**

- Katagang ginagamit sa pagtawag ng salitang may unlaping AL.

- katagang pantanong. **Ayyamā (Alinmang)**

Kataga ng kundisyon. **Ayyāna (Kailan)**

Panghalip na pananong para sa panahong panghinaharap. **Ayyūb (Job)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Al-Bi'r (Balon)**

Aklat Bā'

Isang hukay sa lupa na sinasalok mula rito ang tubig. **Al-Bu's**

Kahapisan at hilahil. **Nahahapis ka.**

Nalulungkot ka. **Al-Ba's**

Lakas at katindihan. **Bi'sa (Kay saklap)**

Isang salitang ginagamit sa lahat ng mga pagpula. **Bābil (Babilonia)**

Isang lungsod sa Iraq. **Al-Batr (Pagkalagot)**

Pagkaputol. **Al-Abtar (Lagot)**

Kapag ang lalaki ay hindi nagkaroon ng isang supling na hahalili sa kanya. Ang lalaking abtar ay naputol ang pagkaalaala sa kanya tungkol sa kabutihan. **Al-Batk (Pagputol ng bahagi ng katawan)**

Nalalapit ang kahulugan sa batt subalit ang batk ay ginagamit sa kahulugang pagputol ng mga bahagi ng katawan at buhok. **Tabattal (Mag-ukol ka [ng sarili sa pagsamba])**

Nagdebosyon sa pagsamba at pagpapakawagas sa layunin sa isang debosyong natatangi sa sinasamba. **Al-Bathth (Pagpapakalat)**

Pagpapahiwa-hiwalay at pagbulabog ng isang bagay gaya ng pagkalat ng hangin at alikabok at ng paghantad ng sarili ng nakakubli rito na kahapisan at lihim. **Al-Bajs (Pagpuswit)**

Sinasabi: Pumuswit (bajas) ang tubig at napuswit (inbajasa) kapag bumulwak ito subalit ang pagkapuswit ay higit na madalas na sinasabi sa lumalabas sa isang masikip na bagay. **Al-Baḥth (Paghahanap)**

Pagtuklas at paghiling. **Baḥr (Dagat)**

Bawat lugar na malawak na nagtitipon ng maraming tubig. **Al-Baḥīrah**

Sa Panahon ng Kamangmangang, kapag ang inahing kamelyo ay nakapanganak ng sampung guya, hinihiwaan nila ang tainga nito saka pinawawalan nila ito kaya hindi sila sumasakay rito at hindi sila nagkakarga rito. **Al-Bakhs (Pagpapakulang)**

Pagbawas sa isang bagay ayon sa paraan ng kawalang-katarungan. **Al-Bakh` (Pagkitil)**

Pagpatay sa sarili dala ng kahapisan. **Al-Bukhl (Karamutan)**

Pagpigil ng pagbigay ng mga minamay-ari buhat sa hindi nagigindapat ang pagkakait ng mga ito. Sumasalungat dito ang kagalantehan. **Bada'a (Nagsimula)**

Ang pagpapasimula at ang pagsisimula ay ang pagpapauna sa isang bagay higit sa iba pa rito bilang isang uri ng pagpapauna. **Al-Bidār (Pagdadali-dali)**

Pagmamabilis. **Badr**

Isang takdang pook sa pagitan ng Makkah at Madīnah. **Al-Ibdā` (Pagpapauso)**

Pagtatag ng isang gawaing walang paggawa at pagtulad. **Al-Ibdāl (Pagpalit)**

Paglagay ng isang bagay kapalit ng iba. **Al-Badan**

Katawan **Al-Budnah (Kamelyo o baka)**

Ang budnah ay hayupang inaalay para sa Bahay na Pinakababanal [ni Allāh]. **Badā**

Lumitaw. **Al-Badw**

Kasalungatan ng pamamayanan, na
pamumuhay sa ilang. **At-Tabdhir**
(Pagwawaldas)

Pagsasayang ng salapi bilang isang
pagpapakalabis. **Al-Barā'ah** **(Kawalang-**
kaugnayan)

Ang pagpapakalayu-layo mula sa anumang
kinasusuklaman ang pagkalapit doon. **Al-Bāri'**
(Ang Tagapaglalang)

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh
(napakataas Siya), ang Bāri' (Tagapaglalang) ay
lumalalang ayon sa pamamaraan ng paglikha ng
walang pagkatulad. **Al-Burūj**

Mga Palasyo, mga konstelasyon. **At-Tabarruj**
(Pagtatanghal)

Paglalantad ng babae ng mga kagandahan
niya. **Lā abraḥu** **(Hindi ako lulubay)**

Hindi ako mag-iiwan - Hindi ako
makikihiwalay. **Al-Bard** **(Lamig)**

Kasalungatan ng init. **Al-Barad** **(Yelong ulan)**

Ang lumalamig na ulan sa himpapawid saka
tumitigas. **Al-Barr** **(Katihan)**

Kasalungatan ng karagatan. **Al-Birr**
(pagsasamabuting-loob)

Ang pagpapakalawak-lawak sa paggawa ng kabutihan. **Al-Barr (Ang Mabuting-loob)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Barr (Mabuting-loob) ay ang marami sa mga kabutihan, paggawa ng maganda, at kabaitan sa mga lingkod Niya. **Al-Abrār (Mga mabuting-loob)**

Ang maramihan ng bār (nagmamabuting-loob), sila ang mga tagatalima at ang mga mananampalatayang tapat. **Baraza (Natampok)**

Lumitaw ayon sa sarili nito o kainaman nito. **Al-Barzakh**

Ang tabing at ang hangganan sa pagitan ng dalawang bagay. **Al-Baraṣ (Ketong)**

Isang sakit sa balat. **Al-Barq (Kidlat)**

Kislap sa mga ulap. **Ibrīq (Pitsel)**

Isang lalagyan na dinadala rito ang tubig at ang inumin. **Al-Barakah (Pagpapala)**

Ang paglago, ang pagkadagdag, at ang pananatili ng kabutihang makadiyos sa anuman. **Al-Ibrām (Pagpapatibay)**

Ang pagpapatag ng usapin. **Al-Burhān (Patotoo)**

Paglilinaaw ng katwiran. **Bazagha (Sumikat)**

Lumitaw o sumulpot. **Basara (Nagkunut-noo)**

Nagpalitaw ng pagsimot bago ng oras nito at sa hindi oras nito. **Al-Bass (Pagdurog)**

Pagdikdik. **Al-Basṭ (Nagpaluwag)**

Pagkalat at pagpapalawak. **Al-Bāsiṭ (Ang Tagapagpaluwag)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Bāsiṭ (Tagapagpaluwag) ay ang nagpapalawak, nagdaragdag sa panustos sa sinumang niloloob Niya kabilang sa nilikha Niya, at nagpapaluwag ng mga kaluluwa sa mga katawan habang may buhay pa. **Al-Bisāṭ (Nakalatag)**

Ang lupang malawak. **Al-Bāsiq (Pumapaitaas)**

Pumapaitaas nang patayo sa dakong paangat. **Al-Basl (Pagkapariwara)**

Pagsunggab sa anuman at pagpigil dito. Ang pariralang "na baka may mapariwarang isang kaluluwa" ay nangangahulugang: mapagkaitan ito ng gantimpala. **At-Tabassum (pagngiti-ngiti)**

Ang pasimula ng pagtawa nang walang tunog. **Al-Bashar (Tao)**

Bawat parteng itinuring na mula sa tao, ang katawan nito at ang anyong panlabas nito, ay ang tao. **Al-Bashrah (Kutis)**

Panlabas ng balat. **Al-Bishārah**

Nakatutuwang balita. **Al-Mubāsharah (Pakikipagdiitan)**

Ipinantutukoy ito sa pakikipagtalik. **Al-Başr (Pagkakita)**

Ipinantatawag ito sa organo ng pagtingin. Tinatawag ang lakas na pantalos ng puso bilang başīrah (paningin). **Al-Başīr (Ang Nakakikita)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya) ang Başīr (Nakakikita) ay sapagkat si Allāh (napakataas Siya) ay nakakikita at walang nalilingid sa paningin Niya na anuman sa mga langit at sa ilalim ng lupa at ibabaw nito. **Al-Başl (Sibuyas)**

Isang uri ng gulay. **Al-Biḍā`ah (Paninda)**

Isang bagay na natutumbasan ng salapi, na nakakamit sa kalakalan. **Al-Biḍ`**

Bilang na nasa pagitan tatlo hanggang sampu. **Al-Buṭ` (Bagal)**

Pagkahuli ng pagsulong sa pag-usad. **Al-Baṭr (Kawalang-pakundangan)**

Isang paghanga sa sarili na nararanasan ng tao dahil sa kasagwaan ng pagtanggap sa pagpapala, kakauntian ng pagtataguyod sa karapatan nito, at pagbilang nito tungo sa hindi kinauukulan nito. **Al-Baṭsh (Pagdaluho)**

Paghawak sa isang bagay nang may karahasan. **Al-Bāṭil (Kabulaanan)**

Kabaliktaran ng katotohanan, na anumang walang katibayan sa sandal ng pagsisiyasat dito. **Al-Baṭn (Tiyan)**

Bahagi ng katawan (tiyan) na kasalungat ng likod, tinatawag din ang dakong pinakamababa bilang baṭn (kailaliman) at ang pinakamataas bilang ḍahr (kaibabawan). **Al-Biṭānah (Mga katapatang-loob)**

Para ito sa sinumang pinag-uukulan ng pagpapatalos sa personal na pumapatungkol sa iyo. **Al-Bāṭin (Ang Nakaiibabaw)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Bāṭin (Nakaiibabaw) ay ang walang lampas sa Kanya, na tumutukoy sa kalapitan Niya (kaluwalhatian sa Kanya). **Ba`athā (Nagpadala)**

Nagsugo. **Al-Ba`th (Pagbuhay)**

Pagbibigay-buhay sa mga patay. **Al-Ba`tharah (Paghalukay)**

Naglalaman ito ng kahulugan ng pagbuhay at pagbulabog. Ang pariralang: Hinalukay ang libingan ay nangangahulugang: itinaob ang lupa nito saka binulabog ang nasa loob nito. **Al-Bu`d (Kalayuan)**

Kabaliktaran ng kalapitan at ang dalawang ito ay walang hangganang nalilimitahan. **Ba`d (Matapos)**

Sinasabi ito bilang katapat ng qabl (bago). **Al-Ba`ir (Kamelyo)**

Itinataguri sa lalaki at babae sa mga kamelyo. **Ba`d (Ilan sa)**

Bahagi ng anuman: isang parte mula rito. **Ba`ūdah (Lamok)**

Isang kulisap na lumilipad. **Al-Ba`l (Asawa)**

Ang lalaki sa mag-asawa. **Al-Baght (Bigla)**

Pagkasorprea sa pangyayari sa punto na hindi inaasahan. **Al-Bughd (Pagkamuhi)**

Pagkalayo ng loob sa anuman na kinasusuklaman, na kabaliktaran ng pag-ibig. **Al-Baghl (Mola)**

Mestiso ng lalaking asno at babaing kabayo. **Baghā (Naghangad, lumabag)**

Nagnais, humiling. **Al-Baghy (Paglabag)**

Paglampas sa hangganan sa pamamagitan ng kawalang-katarungan. **Al-Bighā' (Pagpapatutot)**

Kahalayan. **Mā yanbaghī (Hindi nararapat)**

Hindi naaangkop o hindi pinapayagan. **Yabgī (Naghahangad)**

Humihiling. **Al-Baqar (Mga baka)**

Ang isa nito ay baqarah. **Buq`ah (Pook)**

Isang parte ng lupa na namumukod sa paligid nito. **Al-Baql (Mga halaman)**

Bawat tanim na nagluntian dahil sa mga ito ang lupa. **Al-Baqā' (Pamamalagi)**

Pananatili ng anuman sa unang kalagayan nito, na sumasalungat sa pagkalipol. **Al-Bāqī (Ang Nanatili o Namamalagi)**

Ang bāqī ay dalawang uri: nanatili dahil sa sarili niya nang walang limitasyon, ang Tagapaglalang (napakataas Siya), at hindi natutumpak sa kanya ang pagkalipol; nanatili dahil sa iba pa, ang iba pa kay Allāh, at natutumpak dito ang pagkalipol. **Al-Bukrah (Umaga)**

Unang bahagi ng maghapon. **Al-Bikr (Birhen)**

Donselya na kabaliktaran ng nakapag-asawa. **Bakkah**

Makkah. **Abkam**

Ang ipinanganak na pipi. **Al-Bukā' (Pag-iyak)**

Pagdaloy ng mga luha resulta ng lungkot at paghagulgol. **Bal (Bagkus)**

Ipinansisimula sa sugnay (clause) para magpahiwatig ng pagpapabula sa kahulugan na bago ng sugnay at pagtugon sa matapos ng sugnay. **Al-Balad (Bayan)**

Ang lugar na napalilibutang hinahangganang naapektuhan ng pagtitipon ng mga tagapanirahan dito at ng pagreresidente nila rito. **Al-Iblās (Panlulumbay)**

Ang kalungkutang dinaranas dahil sa kawalang-pag-asa. **Iblīs (Satanas)**

Ang malaking demonyo. **Al-Bal' (Paglulon)**

Abg pagpapababa ng pagkain papuntang sikmura. **Al-Bulūgh (Pag-abot)**

Ang pagwawakas sa pinakadulo ng pinapakay at pinagwawakasan, isang lugar man o isang panahon o isang bagay na kabilang sa mga bagay na natatantiya. **Al-Balāgh (Pagpapaabot)**

Pagpaparating. **Al-Balāghah (Retorika)**

Ang pakikiayon ng pananalita sa hinihiling ng kalagayan. **Al-Ibtīlā' (Pagsusulit)**

Pagsubok. **Yablā (Nalalaspag)**

Nalilipol at naglalaho. **Balā**

Isang kataga ng pagsagot, na ipinansasagot sa negatibong pangungusap at nagpapahiwatig ng pagpapabula rito. **Al-Banān**

Mga dulo ng daliri. **Banā (Nagpatayo)**

Nagpatayo at nagpagawa ng estruktura. **Ibn**

Lalaking anak, na tinawag ng gayon dahil sa pagiging siya ay kagagawan ng ama. **Bint**

Anak na kabilang sa mga babae. **Al-Buht (Gitla)**

Pagkagulat at pagkalito. **Buhtān (paninirang-puri)**

Isang kasinungalingang gumigitla sa nakaririnig nito dahil sa karumalan nito. **Al-Bahjah (Dilag)**

Kagandahan ng kulay at kalitawan ng galak. **Al-Ibtihāl (Maalab na panalangin)**

Ang pagpapakadetalyado at ang pagpapakumbaba sa pagdalangin. **Al-Bahimah (Hayupan)**

Ang hindi makapagsalita. **Bawwa'a (Nagpatahan)**

Naglaan ng isang lugar. **Bā'a (Bumalik)**

Umuwi. **Al-Bāb (Pinto)**

Pasukan ng anuman. **Al-Bawār (Kapariwaraan)**

Pagkalabis ng pagkatumal, na nagpapahayag ito ng kasawian. **Al-Bāl (Lagay)**

Ang sitwasyon na pinapansin. **Al-Bayt (Bahay)**

Tirahan. **Bāda (Napuksa)**

Kaya nagkawatak-watak at nagkabaha-bahagi, na nagpapahayag ito ng kasawian. **Al-Bayāḍ (Kaputian)**

Kabaliktaran ng kaitiman sa kulay. **Al-Bayḍah (Itlog)**

Isa sa mga itlog ng manok. **Al-Bay` (Pagtitinda, bilihan)**

Pagbibigay ng hinahalagahan at pagkuha ng halaga. **Bayna (Sa pagitan)**

Puwesto para sa pagkasingit sa dalawang bagay at kalagitnaan ng dalawang ito. **Al-Bayyinah (Malinaw na patunay)**

Maliwanag na katunayan, pangkaisipan man o pampisikal. **Al-Bayān (Paglilinaw)**

Pagbubunyag tungkol sa anuman. **Al-Mubīn (Ang Tagalinaw)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Mubīn (Tagalinaw) ay

nangangahulugang ang naglilitaw ng mga patunay sa kairalan Niya at kaisahan Niya sa pagkapanginoon Niya, pagkadiyos Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya, ang tagapagpalitaw sa mga tao ng totoo sa pagsamba sa Kanya at pagkakilala sa Kanya. **At-Tabb (Pagkapahamak)**

Aklat Tā'

Ang pagkapatuloy sa pagkalugi. **At-Tābūt (Kaban)**

Kahon. **At-Tabr (Pagdurog)**

Pagbasag at Pagkasawi. **Tabi`a (Sumunod)**

Tumunton ng bakas. **At-Tijārah (Kalakalan, pangangalakal)**

Ang pangangasiwa sa puhunan dala ng paghahanap ng tubo. **Taḥta (Sa ilalim)**

Sa ibaba. **Turāb (Alabok, lupa)**

Alabok ng lupa. **Matrabah (Paghihikahos)**

May kapit ng alabok dahil sa karalitaan. **Atrāb (Mga magkasinggulang)**

Mga babaing nagkakatularan. **At-Tarā'ib (Mga tadyang)**

Mga tadyang ng dibdib. **At-Taraffuh (Kariwasaan)**

Pagkalawak-lawak sa biyaya. **Tark (Pagwaksi, pag-iwan)**

Pagwaksi sa anuman: pagtangga rito dahil sa pananadya at pagpili o dahil sa pamimilit at pagkanapilitan. **Tis`ah (Siyam)**

Bilang na kilala. **At-Ta`s (Kasawian)**

Ang kapahamakan: na hindi makabangon mula sa pagkatisod at na madurog sa pagkalugso. **At-Tafath (Ritwal)**

Ang orihinal na kahulugan ng tafath ay ang dumi sa kuko at ang iba pa roon kabilang sa nakawangis, na inaalís buhat sa katawan. **Al-Itqān (Pagpapahusay)**

Pagkamagaling. **At-Tall (Burol)**

Mataas na lugar **Tallahu (Naglapag siya rito)**

Nagpabagsak siya rito sa burol. **At-Tilāwah (Pagbigkas)**

Pakikipagsunuran sa pamamagitan ng katawan o pagbigkas. **Tamma (Nalubos)**

Ang kalubusan ng anuman ay ang pagkawakas nito sa isang hangganan na hindi na nangangailangan ito ng anumang labas buhat dito. **At-Tannūr (Pugon)**

Ang pinaglulutuan ng tinapay. **At-Tawbah (Pagbabalik-loob)**

Ang tawb ay ang pagbabalik [kay Allāh], na nangangahulugan ng: pag-iwan ng pagkakasala ayon sa pinakamarikit sa mga anyo at ito ay ang pinakamasidhi sa mga anyo ng paghingi ng paumanhin. **At-Tawwāb (Ang Palatanggap ng pagbabalik-loob)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Tawwāb (Palatanggap ng pagbabalik-loob) ay ang marami sa pagpapatawad na may kahulugang: ang pagbalik sa lingkod Niya ng kapatawaran at pagtanggap ng pagbabalik-loob. Ang pagtanggap Niya ng pagbabalik-loob ay dalawang uri:

1. Nagpapatalos Siya sa lingkod Niya ng pagbabalik-loob sa Kanya at nagtutuon dito para sa pagtupad ng mga kundisyon ng pagbabalik-loob,

2. Ang pagtanggap Niya ng pagbabalik-loob sa lingkod Niya sa pamamagitan ng pagtanggap nito at pagbura sa mga pagkakasala dahil dito. **Tārah**

Pagkakataon. **At-Tawrah (Torah)**

Ang aklat ni Allāh na pinababa Niya kay Moises (sumakanya ang pangangalaga). **At-Tīn (Igos)**

Sinabing ito ay isang bundok at sinabing ito ay isang pagkain. **At-Tih (Pagpapagala-gala)**

Pagkalito. **Ath-Thabāt (Katatagan)**

Aklat Thā'

Katibayan at pananatili, na salungat sa paglaho. **Yuthbitūka (Bihagin ka nila)**

Pigilan ka nila at lituhin ka nila. **Ath-Thubūr (Pagkagupo)**

Kasawian at kasiraan. **Mathbūr (Naigupo)**

Kulang ang pag-iisip. **Ath-Thabt**

Paghadlang, pagpigil. **Thajjāj (Palabuhos)**

Mula sa thajja, na nangangahulugang: bumuhos. **Thakhan (Lapot)**

Bigat at kapal. **At-Tathrīb (Panunumbat)**

Paninisi at pagpapatibay sa pagkakasala. **Yathrib**

[Dating pangalan ng] Madīnah. **Ath-Tharā (Alabok)**

Lupa. **Thu`bān (Ulupong)**

Ahas. **Ath-Thāqib (Tumatagos)**

Nagliliwanag. **Ath-Thaqaf (Pagkasumpong)**

Kahusayan sa pagtalos ng anuman at paggawa nito. **Ath-Thiql (Kabigatan)**

Ang kabigatan at ang kagaanan ay magkatapatan. Ang bawat anumang bumigat higit sa pinagbabatayan ng timbang o pinagbabatayan

ng pagtataya ay tinatawag na mabigat. **Al-Mithqāl (Kasimbibat)**

Anumang pinagbabatayan ng timbang. **Ath-Thuluth (Ikato)**

Isa sa tatlong bahagi. **Thalāthah (Tatlo)**

Bilang. **Thalāthina (Tatlumpu)**

Bilang. **Ath-Thullah (Pangkat)**

Grupo. **Ath-Thamar (Bunga)**

Isang pantawag sa bawat nakakain mula sa mga produkto ng mga punong-kahoy. **Thumma (Pagkatapos)**

Isang kataga ng pang-ugnay na humihiling ng pagkahuli ng matapos nito kaysa sa bago nito, na maaaring pagpapahuli sa sarili o sa antas o sa kalagayan alinsunod sa nabanggit kaugnay sa bago nito at kaugnay sa una rito. **Thamma**

May kahulugang naroon. **Ath-Thaman (Panumbas)**

Isang pantawag sa anumang kinukuha ng tagapagtinda kapalit ng pagtitinda ng isang bagay o isang paninda. Ang bawat anumang nakakamit bilang katumbas sa isang bagay ay panumbas nito. **Thamāniyah (Walo)**

Bilang. **Thamūd**

Pangalan ng lipi ng propeta ni Allāh, na si Šālih (sumakanya ang pangangalaga). **Ath-Thany (Pagbaliko)**

Sinasabi sa nagbabaluktot ng isang bagay na nagbaliko nga siya nito. **Al-Mathānī (Mga inuulit-ulit)**

Tinawag ito na mga inuulit-ulit dahil ang mga ito ay dinodoble at inuulit-ulit. **Al-Istithnā' (Eksepsiyon)**

Pagsasaad ng isang pananalitang humihiling ng pag-aalis ng inoobliga ng pagkapanlahat ng pananalitang nauuna. **Ath-Thawb (Damit)**

Ang isinusuot ng mga tao. **Ath-Thawāb (Gantimpala)**

Anumang bumabalik sa tao na ganti sa mga gawa niya kaya tinatawag ang ganti bilang gantimpala bilang na ang ganti ay ang gantimpala. **Mathābah (Balikan)**

Lugar na isinusulat doon ang gantimpala. **Al-Ithārah (Pagbungkal)**

Binulabog ang alikabok at ang mga ulap at tulad ng mga ito, na nangangahulugang: lumaganap na nakalat. **Ath-Thawā' (Panganganlong)**

Paninirahan at pamamalagi. **Al-Mathwā (Kanlungan)**

Lugar ng paninirahan. **Ath-Thayyib (Babaing nakapag-asawa)**

Kabilang sa mga babaing hindi birhen. **Ang Salita**

Aklat Jīm

Ang Kahulugan **Al-Ja'r (Pagtili sa pagluhog)**

Paghiyaw sa pagpapasaklolo. **Jālūt (Goliat)**

Isang pangalang di-Arabe ng isang haring pinatay ni David (sumakanya ang pangangalaga) **Al-Jubb (Balon)**

Balon na hindi napalitadahan. **Al-Jibt (Dinidiyos)**

Manggagaway o manghuhula. **Jabbār (Palasupil)**

Katangian ng tao, sinasabi ito sa sinumang sumusupil sa pagkakulang niya sa pamamagitan ng pag-aangkin ng isang antas ng kataasang hindi siya naging karapat-dapat dito. Ito ay hindi sinasabi kundi bilang pamumula, na kasalungatan ng anumang ukol kay Allāh. **Al-Jabbār (Ang Palasupil)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Jabbār (Palasupil) ay ang sumusupil (nagpapahilom) sa kahinaan ng mahihina, ang Palalupig na nagpapasailalim sa

Kanya ang bawat bagay at nagpapasakop, at ang Nakatatasa sa sarili Niya sa ibabaw ang nilikha Niya. **Jibrīl (Gabriel)**

Anghel na nagbababa ng kasi mula kay Allāh. **Jabal (Bundok)**

Angat na bahagi ng lupa, na mataas, at nakalulula. **Al-Jibillah (Mga salinlahi)**

Pangkat bilang pagwawangis sa bundok. **Al-Jubn (Karuwagan)**

Kahinaan ng puso sa bagay na nagigindapat na magmalakas doon. **Al-Jabīn (Gilid ng noo)**

Ang nasa ibabaw ng sentido ng mukha. **Al-Jabhah (Noo)**

Puwesto ng pagpapatirapa sa mukha. **Al-Ijtibā' (Paghalal)**

Pagtitipon sa pamamagitan ng paghirang. **Al-Jawāb (Mga labangan)**

Ang pang-isahan ay jābiyah. Ito ang malaking nakapagtitipong tubigan. **Ijtaththa**

Nabunot. **Jathama (Sumubsob)**

Jathama ang ibon kapag umupo ito at dumikit sa lupa. **Jathā (Lumuhod)**

Nagtukod ng mga tuhod. **Al-Juhūd (Pagkakaila)**

Pagtanggi ng pinagtibay sa puso at pagpapatibay ng itinanggi sa puso. **Al-Jahīm (Impiyerno)**

Ang jahmah ay katindihan ng pagliyah ng apoy at mula rito hinango ang salitang Jahīm. **Al-Jadath (Puntod)**

Libingan. **Jadīd (Bago)**

Bawat anumang kamakailan ang pagkairal. **Judad**

Mga lantad na daanan. **Jaddu rabbinā (Kabunyan ng Panginoon namin)**

Kadakilaan niya. **Al-Jidār (Pader)**

Ang bakod, maliban na ang bakod ay sinasabi bilang pagsasaalang-alang sa pagkapalibot sa lugar, samantalang ang pader ay sinasabi bilang pagsasaalang-alang sa pagkausli at pagkaangat. Ang pangmaramihan nito ay judur. **Ajdar (Higit na nababagay)**

Higit na naaangkop. **Al-Jidāl (Pakikipagtalo)**

Pakikipagtalakayan sa pamamagitan ng pakikipagtunggali at pakikipanaig. **Al-Jadhdh**

Pagkabasag ng isang bagay at pagkapira-piraso nito. **Majdhūdh (Mapapatid)**

Mapuputol. **Al-Jidh`**

Troso ng punong-kahoy. **Al-Jadhwah (Baga)**

Ang natitira sa gatong matapos ng pagliyah.
Al-Jarḥ (Sugat)

Bakas ng dugo sa balat. **Al-Jawāriḥ**

Tinatawag na jāriḥah ang naninilang hayop gaya ng mga aso, mga tigre, at mga ibong mandaragit. Ang pangmaramihan nito ay jawāriḥ (mga nanunugat), na maaaring dahil ang mga ito ay nanunugat at maaaring dahil ang mga ito ay kumikita dahil sa paninila. **Al-Ijtirāḥ (Pagkagawa)**

Pagkamit ng kasalanan. **Al-Jarād (Mga balang)**

Mga insektong kilala. **Jarra (Humila)**

Humatak. **Al-Juruz (Lupang tigang)**

Ang isang lupang tigang ay naputulan ng mga halaman sa ugat. **Jarā`a (Lumagok)**

Lumulon. **At-Tajarru` (Paglagok-laguk)**

Pagpapakahirap sa paglagok. **Al-Juruf (Pampang na paguho)**

Ipinantatawag sa lugar na kinakain ng baho saka tinatangay nito. **Al-Ijrām (Pagpapakasalarin)**

Ang paggawa ng ipinagbawal ni Allāh. **Lā jarama (Walang pasubali)**

Walang pagkaiwas o totohanan. **Al-Jary (Pagtakbo, pagdaloy)**

Mabilis na pagdaan. **Al-Juz' (Bahagi)**

Ang juz' (bahagi) ng bagay ay ang bumubuo sa totalidad nito gaya ng mga bahagi ng daong, mga bahagi ng bahay, at mga bahagi ng totalidad mula sa pagtutuos. **Al-Jaza`**

Higit na masidhi kaysa sa pagkalungkot sapagkat tunay na ang pagkalungkot ay pangkalahatan samantalang ang pagkaligalig ay isang pagkalungkot na nagpapabaling sa tao palayo sa pakay niya at pumuputol sa kanya palayo roon. **Al-Jazā' (Ganti)**

Kasapatan at pagkakapantay, ang jazā' (ganti) ay ang anumang may pagkakapantay sa pagtutumbas: Kung kabutihan ay kabutihan ang ganti at kung kasamaan ay kasamaan ang ganti. **Al-Jizyah**

Ang kinukuha sa mga taong isinasanggalang at ang pagtawag dito ng ganoon ay dahil sa pagkasanggalang ng pagdanak ng dugo nila. **Al-Jasad**

Katawan ng tao o hayop. **At-Tajassus (Paniniktik)**

Ang pagsaliksik tungkol sa mga kahihiyan at mga kapintasan at ang pagbubunyag ng pinagtatakan ng mga tao. **Al-Jism (Katawan)**

Anumang may haba, luwang, at lalim. Hindi lumalabas ang mga bahagi ng jism sa pagiging ang mga ito ay mga jism kahit pa pinutol ang pinutol at binaha-bahagi ang binaha-bahagi na. **Ja`ala**

- Naging, nag-umpisa

- Nagpairal

- Nagpairal ng isang bagay mula sa isang bagay at bumuo nito.

- Naglipat ng isang bagay sa isang kalagayan sa ibang kalagayan.

- Ang pagturing ng anuman sa isang bagay maging totoo man o bulaan. **Al-Jufā' (Bulang pumapaibabaw)**

Ito ang itinatapon ng malalambak o ang karumihan mula sa kaldero papunta sa mga gilid nito. **Al-Jafnah (Bandehado)**

Sisidlan ng mga pagkain. **Al-Jafā'**

Pagkalayo. **Al-Jalb**

Pag-akay ng isang bagay. **Al-Jilbāb (Balabal)**

Ang damit kasama ang belo, ang kapa na tumatakip mula sa ibabaw hanggang sa ibaba. **Al-Jalabah (Pagsigaw)**

Mga paghiyaw. Ajlaba `alayhi: Sumigaw sa kanya nang may pamimilit. **Al-Jild (Balat)**

Ang balat ng katawan. Jaladahu: Pumalo sa kanya sa balat niya. **Al-Majlis (Pagtitipon)**

Ukol sa bawat lugar na nakauupo rito ang tao. **Jalasa**

Umupo. **Al-Jalāl (Kapitaganan)**

Al-Jalīl (Kapita-pitagan): ang Dakila sa kahalagahan. **At-Tajallī (Paglantad)**

Paglitaw. **Al-Jalā' (Paglayas)**

Ang orihinal na kahulugan ng jalw ay ang nakalitaw na pagtambad. Sinasabi: Ujliya (Pinalayas) ang mga tao buhat sa mga tirahan nila kaya nalantad sila buhat sa mga iyon: Itinambad sila buhat sa mga iyon. **Al-Jamūh (Paghagibis)**

Pag-alis nang may lakas at pananaig. **Al-Jamd (Pagkatigil)**

Pagkasolido. **Al-Jam`**

Pagbubuklod ng bagay sa pamamagitan ng paglalapit ng isang bahagi nito sa iba pa. **Al-Jumu`ah (Biernes)**

Araw ng pagkatipon dahil sa pagtitipun-tipon ng mga tao. **Al-Jamāl (Karikitan)**

Maraming kagandahan. **Al-Jamīl (Ang Marikit)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Jamīl (Marikit) ay ang

maraming kagandahan at ukol sa Kanya ang karikitang walang-pasubali. Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Marikit sa sarili Niya, mga pangalan Niya, mga katangian Niya, at mga gawain Niya. **Al-Jamal**

Ang kamelyo. **Jumlah (Kabuuang)**

Nang sama-sama. **Al-Jamm (Labis)**

Marami. **Al-Janb (Tagiliran)**

Bahagi ng katawan, pagkatapos ay patalinghagang ipinantutukoy sa direksiyon. **Al-Ijtināb**

Pag-iwas. **Al-Janābah (Pagkakailangang-maligo)**

Iyon ay dahil sa paglabas ng punlay o pagkasalubong ng ari ng lalaki at ari ng babae. Tinawag ang janābah (pagkakailangang-maligo) ng gayon dahil ito ay isang kadahilanan ng pagkaiwas sa pagsasagawa ng ṣalāh. **Al-Janāh**

Pakpak ng ibon. **Janaḥa (Kumiling)**

Humilig. **Al-Jund (Hukbo)**

Militar. **Al-Janaf (Kalisyaan)**

Ang pagkalihis sa paghahatol. **Al-Ijtinān**

Pagtatago. **Al-Jinn**

Mga nakapag-iisip na nilikha mula sa apoy, na hindi nakikita. **Al-Jannah (Paraiso)**

Ang bawat hardin na may mga punong-kahoy na tumatakip doon. **Al-Janīn (Bilig, fetus)**

Bata hanggang nasa tiyan ng ina niya. **Al-Junūn (Kabaliwan)**

Harang sa pagitan ng kaluluwa at isip. **Al-Jānn**

Isang uri ng ahas. **Janā (Ani)**

Napipitas na mga bunga mula sa punong-kahoy. **Al-Jahd**

Lakas at hirap. **Al-Jihād (Pakikibaka)**

Mujāhadah: Ang sukdulang pag-uukol ng kakayahan sa paglaban sa kaaway. **Al-Jahr (Paghahayag)**

Sinasabi ito sa paglitaw ng anuman para makita o madinig. **Al-Jihāz**

Anumang inihahanda na dala-dalahan at iba pa rito. **Al-Jahl (Kamangmangan)**

Tatlong Uri:

1. Kawalan ng tao ng kaalaman.
2. Paniniwala sa anumang salungat sa reyalidad.
3. Paggawa ng anumang kasalungatan ng anumang karapatan nito na gawin, naniwala man

kaugnay rito ng isang paniniwalang tumpak o tiwali gaya ng pagwaksi sa ṣalāh nang sadyaan. **Jahannam**

Isang pangalan ng Apoy ni Allāh, na ginagatungan. **Jāba (Pumutol)**

Jāba ng lupa: Pumutol nito. **Al-Ijābah (Pagsagot)**

Pagtugon sa pananalita. **Al-Istijābah (Pagtugon)**

Gaya ng ijābah (pagsagot) sa pagpapaabot ng kahulugan ng pagtugon at pagtanggap. **Al-Mujīb (Ang Tagasagot)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Mujīb (Tagasagot) ay ang Tagasagot sa mga lingkod Niya sa panalangin ng pagsamba at paghiling **Al-Jūdīy**

Isang pangalan ng isang bundok sa pagitan ng Mosul at Arabya. **Jawād**

Kabayong matulin na kumakaskas sa kuko nito. **Al-Jār (Kapit-bahay)**

Ang sinumang nalalapit ang bahay niya sa iyo. Itinataguri ito sa kapanalig at mapag-adya. **Al-Ijārah (Pagkalingat)**

Nagpakalinga ako sa kanya kaya kumalinga siya sa akin, na nangangahulugan: nagsanggalang siya sa akin. **Al-Jawr**

Paglihis palayo sa bawat karapatan. **Tajāwuz (Pagpapalampas)**

Pag-iwan ng lugar at pagbagtas dito. **Al-Jaws (Pagahalughog)**

Paghahanap ng anuman nang may pagsisiyasat. **Al-Jū` (Gutom)**

Ang sakit na dinaranas ng hayop dahil sa kawalan ng pagkain ng sikmura. **Al-Jawf (Kaloob-looban)**

Loob ng isang bagay o tiyan. **Al-Jaww (Himpapawid)**

Hangin. **Jā'a (Dumating)**

Sumapit. **Jayb**

Butas ng kamisa na pinapasukan ng ulo. **Al-Jīd**

Leeg. **Ang Salita**

Aklat Ḥā'

Ang Kahulugan **Al-Ḥabb (Butil)**

Kabilang sa mga nakakain na ginigiling at kinakain. **Al-Ḥubb (Pag-ibig)**

Pagkiling ng kaluluwang tao sa anuman. Kabaliktaran ng pagkasuklam. **Al-Ḥabr (Rabbi)**

Ang maalam, na ang pangmaramihan nito ay aḥbār, dahil sa nanatili mula sa epekto ng mga

kaalaman nila sa mga puso ng mga tao at mula sa epekto ng mga magandang tinutularang gawain nila. **Al-Ḥubūr**

Pagkatuwa. **Al-Ḥabs (Pagpigil)**

Paghadlang sa pagsulong. **Al-Ḥabṭ (Pagkawalang-kabuluhan)**

Pagkawalang-saysay. **Al-Ḥubuk**

Pagtatali, paghihigpit, at pagpapaganda ng epekto sa pagkayari sa damit. **Al-Ḥabl (Lubid)**

Makapal na pinilipit na tali. **Al-Ḥatm (Kapasyahan)**

Paghuukom na itinakda. **Ḥattā (Hanggang)**

Pagwawakas ng tunguhin. **Al-Ḥathth (Paghimok)**

Paghimok sa isang bagay. **Ḥathīth (Maliksi)**

Mabilis. **Al-Ḥajb (Paglambong)**

Pagpigil sa pag-abot. **Ḥijāb (Lambong)**

Tabing na lumalambong. **Al-Ḥajj**

Pagpapakay ng pagbisita, na itinangi sa Batas sa pagpapakay sa Bahay ni Allāh (napakataas Siya) bilang pagsasagawa ng mga gawaing pagsamba. **Al-Ḥujjah (Katwiran)**

Patotoo at patunay. **Al-Muḥājjah (Pakikipangatwiran)**

Maghangad ang bawat isa na magpabula sa iba sa katwiran nito at pangangatwiran. **Al-Ḥajr (Bato)**

Matigas na materyal. **Al-Ḥijr**

Tinawag na ḥijr ang napalibutan ng bato gaya ng Ḥijr ng Ka`bah. Itinataguri ito sa pagpipigil, pag-iisip, at pagkakandong. **Al-Ḥujrah (Silid)**

Kuwarto, na lugar sa tahanan, na napalilibutan ng mga dingding. **Al-Ḥajz (Pagharang)**

Pagpipigil sa pagitan ng dalawang bagay sa pamamagitan ng isang tagapaghiwalay sa pagitan ng dalawa. **Al-Ḥadb (Bakulod)**

Lugar na mataas mula sa balat ng lupa. **Al-Ḥudūth (Pangyayari)**

Pag-iral ng anuman matapos na hindi umiral. **Al-Ḥadīth (Pag-uusap)**

Ang bawat pananalitang umaabot sa tao sa pamamagitan ng pagdinig o pagkasi habang nasa pagkagising niya o pagkatulog niya ay tinatawag na ḥadīth. **Aḥādīth**

Mga ulat. **Al-Ḥadd (Hangganan)**

Harang sa pagitan ng dalawang bagay, na pumipigil sa paghahalo ng isa sa dalawa sa isa pa. **Ḥudūd Allāh (Mga Hangganan ni Allāh)**

Mga patakaran Niya. **Yuhāddu (Sumasalansang)**

Nakikisalungatan. **Al-Ḥadīd (Bakal)**

Isang kilalang metal. **Al-Ḥiddah (Talim)**

Sinasabi sa bawat anumang tumalas sa sarili nito sa punto ng pagkalikha o sa punto ng kahulugan gaya ng paningin at pagkatalos na ito ay matalas. Kaya sinasabing siya ay matalas ang paningin at matalas ang pagkaintindi. **Al-Ḥadīqah (Hardin)**

Isang piraso ng lupain na may tubig at mga punong-kahoy. **Al-Ḥadhr (Panginiglag)**

Pag-iingat sa pinangangambahan. **Al-Ḥarb (Digmaan)**

Pakikipaglaban sa pagitan ng mga hukbo. **Al-Miḥrāb (Sambahan)**

Masjid, unahan ng pinagtitipunan, at unahan ng bahay. **Al-Ḥarth (Pagpupunla)**

Pagsasabog ng mga binhi sa lupa at paghahanda ng mga ito para sa pagsasaka. **Al-Ḥaraj (Pagkaasiwa)**

Paninikip. **Al-Ḥard (Pagkakait)**

Pagpipigil nang may sidhi at galit. **Al-Ḥarārah (Init)**

Kabaliktaran ng lamig. **Al-Ḥarūr**

Mainit na hangin. **Al-Ḥurr (Malaya)**

Kasalungatan ng alipin. **At-Taḥrīr (Pagpapalaya)**

Paggawa sa tao bilang malaya. **Al-Ḥārīr (Manipis na Sutla)**

Ang naging pino na mga damit. **Al-Ḥāris (Tanod)**

Tagabantay ng lugar. **Al-Ḥirṣ (Sigasig)**

Pagkalabis ng pananabik at pagkalabis ng pagnanais. **Al-Ḥarḍ**

Anumang hindi naisasaalang-alang at walang kabutihan dito at dahil doon tinatawag na ḥarad (malubha) ang anumang nabingit sa kasawian. **Ḥarf (Gilid)**

Ang ḥarf (gilid) ng anuman ay ang bingit nito. **At-Taḥrīf (Paglilihis)**

Ang paglilihis ng pananalita ay ang pagpapaiba nito. **Ḥarq (Sunog)**

Ang pagliyah sa apoy. **Al-Ḥarakah (Paggalaw)**

Kabaliktaran ng pagtigil, hindi ito nauukol kundi sa katawan. ito ay ang paglipat ng katawan mula sa isang posisyon papunta sa isa pang posisyon. **Al-Ḥarām (Bawal)**

Ang pinipigilan, na maaaring dahil sa isang pagpapasunod na pandiyos at maaaring pantao at maaaring dahil sa isang pagpigil na sapilitan at maaaring dahil sa isang pagpigil sa panig ng isip o sa panig ng batas o sa panig ng sinumang nabibigyang-kapangyarihan ang utos niya. **Al-Maḥrūm (Napagkakaitan)**

Ang hindi pinaluwagan sa panustos kung paanong pinaluwagan ang iba sa kanya. **Aḥrā (Higit na magaling)**

Higit na marapat. **Al-Ḥizb (Lapian)**

Pangkat na may kabagsikan. **Al-Ḥuzn (Lungkot)**

Paghihirap sa sarili dahil sa nangyayari na kahapisan, na kabaliktaran ng tuwa. **Al-Ḥisāb (Pagtutuos)**

Paggamit ng bilang at pagtutumbas. **Ḥusbān**

Apoy at parusa. **Ḥasīb (Mapagtuos)**

Ang tagatuos ay sinumang tumutuos sa iyo at gayundin ang nakasasapat. **Al-Ḥasīb (Ang Mapagtuos)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥasīb (Mapagtuos) ay ang Tagasapat, ang Saksi, at ang Palatumbas. **Ḥasiba (Nag-akala)**

Humatol siya pabor sa isa sa dalawang magkasalungat nang hindi sumagi ang isa pa sa isip niya. Ito ay malapit sa dann (palagay) subalit ang dann ay na sumagi ang dalawang magkasalungatan sa isip niya saka magpapanag siya sa isa higit sa isa pa. **Al-Ḥasad (Inggit)**

Pagmimithi ng paglaho ng isang biyaya mula sa isang karapat-dapat para rito at marahil naging kasama niyon ang pagpupunyagi sa pagpapalaho nito. **Al-Ḥāsir (Nahahapo)**

Nanlalata dahil sa pagkasaid ng mga lakas. **Al-Ḥasrah (Panghihinayang)**

Ang kahapisan dahil sa nakaalpas sa kanya at ang pagsisisi dahil doon, na para bang natanggal sa kanya ang pagkamangmang na nagbunsod sa kanya sa nagawa niya. **Al-Ḥasīs (Kaluskos)**

Tunog ng apoy. **Al-Ḥiss (Pagkitil)**

Pagpatay at pagpuksa. **Al-Ḥāssah (Pandama)**

Lakas na sa pamamagitan nito natatalos ang mga pangyayaring pangnadarama. **Al-Ḥasm**

Pag-alis ng bakas ng isang bagay. **Al-Ḥasan (Maganda)**

Isang katawagan sa bawat pinadilag na naiibigan sa punto ng isip o pithaya o damdamin. **Al-Ḥasanah (Magandang gawa)**

Ang bawat anumang nagpapagalak na biyayang idinudulot sa tao sa sarili niya, katawan niya, at mga kalagayan niya. Ang sayyi`ah (masagwang gawa) ay sumasalungat dito. **Al-Iḥsān (Paggawa ng maganda)**

Ang iḥsān ay mataas kaysa sa katarungan. Iyon ay dahil ang katarungan ay ibigay ang kailangan laban sa kanya at kunin ang kailangan ukol sa kanya samantalang ang iḥsān ay ibigay ang higit na marami kaysa sa kailangan laban sa kanya at kunin ang higit na kaunti kaysa sa kailangan ukol sa kanya. **Al-Ḥaṣhr (Pagkalap)**

Ang pagpapalisan sa pangkat palayo sa pinamamalagian nila at ang pagligalig sa kanila roon papunta sa digmaan at tulad nito. **Al-Ḥaṣab (Panggatong)**

Gatong. **Ḥaṣḥaṣa (Nabunyag)**

Nabunyag ang katotohanan, ibig sabihin: Lumiwanag iyon dahil sa pagkahantad ng gumagapi [sa kabulaanan]. **Al-Ḥaṣad (Paggapas)**

Pagputol ng isinaka. **Ḥaṣīd (Ginapas)**

Ito ay ang pagkagapas sa hindi pa panahon nito bilang paninira sa ani. **Al-Ḥaṣr (Paninikip)**

Pagpapasikip. **Al-Ḥaṣūr (Matimtiman)**

Ang hindi lumalapit sa mga babae maaaring dahil sa kawalang-kakayahan sa pakikipagtalik at

maaaring dahil sa kalinisang-puri at pagsusumikap sa pag-aalis ng pagnanasa. **Al-Iḥṣār (Paghadlang)**

Ang ḥaṣr (pagkubkob) at ang iḥṣār (paghadlang) ay ang pagpigil sa Bahay na Pinakababanal sapagkat ang iḥṣār ay sinasabi hinggil sa lantad na pagpigil gaya ng sa kaaway at ang ḥaṣr naman ay hinggil sa kubling pagpigil gaya ng sa karamdaman. Ang ḥaṣr ay hindi sinasabi kundi hinggil sa kubling pagpigil. **At-Taḥṣīl**

Ang pagpapalabas ng pinakaubod mula sa mga pinakabalat gaya ng pagpapalabas ng ginto mula sa batong nakabalot sa metal at ng trigo mula sa ipa. **Al-Ḥiṣn (Kuta)**

Ang gusali na naisasanggalang sa pamamagitan nito ang mga tao. **Taḥaṣṣanūn (Nagkukuta kayo)**

Nagpapakanlong kayo sa mapagkukutahang puwestong nagsisilbi bilang kuta. **Al-Muḥṣanah (Babaing naingatan)**

Maaaring dahil sa kalinisang-puri niya o pagkaasawa niya o dahil sa isang tagapagtanggol sa karangalan niya at kalayaan niya. **Al-Iḥṣā' (Pag-iisa-isa)**

Pagreresulta sa pamamagitan ng bilang. **Al-Ḥaḍr (Pamamayan)**

Kasalungatan ng nomadismo (paglalagalag), pagkatapos ginawa iyon bilang isang pantawag sa pagkadalo sa isang lugar o ng isang tao at iba pa rito. **Al-Ḥudūr (Pagdalo)**

Ang pagdalo, na ang kabaliktaran nito ay ang pagliban. **Al-Ḥadd (Pag-udyok)**

Ang taḥrīd (paghikayat) ay gaya ng ḥathth (paghimok) gayunpaman ang paghimok ay sa pamamagitan ng isang pag-akay at isang pagpapasulong samantalang ang pag-udyok ay hindi sa pamamagitan niyon. **Ḥaṭab**

Ang inihahanda para sa pagpapaningas. **Al-Ḥaṭṭ**

Pagpapababa sa anuman mula sa kaitaasan. **Ḥiṭṭah (Pag-aalis-sala)**

Isang salitang ipinang-utos sa mga anak ni Israel, na ang kahulugan nito ay: Ibaba Mo palayo sa amin ang mga pagkakasala namin. **Al-Ḥaṭm (Paglansag)**

Pagwasak sa anuman, na tulad ng pagbasag at kauri nito, pagkatapos ginamit ito para sa bawat lubusang pagwasak. **Al-Ḥuṭamah (Mapanlansag)**

Isang pangalan ng Impiyerno. **Al-Ḥuṭām (Mga lansag-lansag)**

Anumang nawawasak dahil sa pagkatuyot. **Al-Ḥaḍar (Pagsawata)**

Pagpigil. **Al-Ḥadd (Nakalaan)**

Parteng itinakda. **Al-Ḥafadah (Mga apo)**

Pangmaramihan ng ḥāfid (apo), tinutukoy nito ang kumikilos na nagkukusang-loob sa serbisyo, mga kamag-anak man o mga estranghero. Nagsabi ang mga mufassir: Sila ang mga apo at ang tulad nila. Iyon ay dahil ang serbisyo nila ay higit na tapat. **Ḥufrah (Hukay)**

Isang butas sa lupa. **Al-Ḥāfirah**

Ang lupain na ginawa bilang mga libingan. **Al-Ḥifḍ (Pag-iingat)**

Itinatawag ito minsan sa pagsasaulo ng sarili, na sa pamamagitan nito napagtitibay ang kinahahantungan ng pagkaintindi; minsan sa pagkasaulo ng anuman sa sarili, na sumasalungat dito ang pagkalimot; at minsan sa paggamit ng lakas na iyon, kaya naman sinasabi: Nakasaulo ako ng ganito sa isang pagsasaulo, pagkatapos ginagamit ito sa bawat pagbabantay, pagmamalasakit, at pangangalaga. **Al-Ḥafid (Ang Mapag-ingat)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥafid (Mapag-ingat) ay ang nag-iingat sa mga lingkod Niya ng ginagawa nila na kabutihan at kasamaan at nag-iingat sa kanila

laban sa bawat kinasusuklaman nila. **Al-Ḥāffah (Gilid)**

Tagiliran, pampang. **Ḥāffin (Mga nakapalibot)**

Pumapaligd sa mga gilid nito, ibig sabihin: mga tagiliran nito. **Al-Ḥfā' (Pagpipilit)**

Ang pagpipilit sa panghihingi ay ang pagpapakamabilis sa pangungulit sa paghiling o sa pagsasaliksik sa pag-alam-alam sa kalagayan. **Al-Ḥafiy (Magiliw)**

Mabuting-loob na banayad. **Al-Ḥaqb**

Panahon, yugto ng panahon. **Al-Aḥqāf**

Ang ḥuqf, na pang-isahan nito, ay ang bundok-bundukang buhanginan, na isang lambak sa pagitan ng Oman at Mahrah. **Al-Ḥaqq (Katotohanan)**

Pagkaalinsunod at pagkasang-ayon. **Al-Ḥaqq (Ang Katotohanan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥaqq (Katotohanan) ay ang umiiral na totoo, ang Diyos na totoo, ang sinasambang totoo. Kaya naman si Allāh ay totoo, ang sabi Niya ay totoo, ang gawain Niya ay totoo, at ang pangako Niya ay totoo. **Al-Ḥqāq (Pagsasakatotohanan)**

Ang pagsasakatotohanan sa katotohanan ay sa pamamagitan ng paglalantad ng mga patunay at mga tanda sa pamamagitan ng pagkumpleto sa pagpapatupad ng Sharī'ah at pagpapalaganap nito sa lahat. **Ḥaqīq (Marapat)**

Angkop. **Al-Ḥāqqah (Magkakatotoo)**

Ang Araw ng Pagbangon dahil magkakatotoo roon ang pagganti o hango mula sa muḥāqaqah mukhāṣamah (nakikipag-alitang pakikipagtalo sa karapatan). **Ḥukm (Kahatulan)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagpigil para sa isang pagsasaayos. Ang kahatulan ay ang paghuhusga na ang anuman ay ganito o hindi ganito. **Al-Ḥākīm (Tagapamahala)**

Ukol sa sinumang namamahala sa gitna ng mga tao. **Al-Ḥikmah (Karunungan)**

Pagbantong sa katotohanan sa pamamagitan ng kaalaman at isip. **Al-Iḥkām (Pagpapahusay)**

Pagpapagalang. **Al-Ḥakam (Ang Hukom)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥakam (Hukom) ay ang nasa Kanya ang paghahatol. Ang orihinal na kahulugan ng paghuhukom ay ang pagpigil ng katiwalian at kawalang-katarungan at ang pagpapalaganap ng katarungan at kabutihan. **Al-Ḥakīm (Ang Marunong)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥakīm (Marunong) ay ang may kahatulan na naghuhukom sa anuman na ito ay ganito o hindi ganito at namamahala sa mga bagay at mahusay sa mga ito. Hindi napapasok ang pangangasiwa Niya ng mga kasablayan ni mga kahinaan. **Al-Ḥilf (Alyansa)**

Kasunduan sa pagitan ng mga tao. **Al-Ḥalf**

Panunumpa. **Al-Ḥalq (Lalamunan)**

Isang kilalang bahagi ng katawan. Sinasabi: Pinutol niya ang lalamunan. Pagkatapos ginawa ang ḥalq bilang pantawag sa paggupit ng buhok kaya sinasabi: Ginupit ang buhok niya. **Al-Ḥall (Pagkalag)**

Ang pagkalag ng buhok ay ang pagkalas nito. **Ḥalalt (Dumapo, tumahan)**

Bumababa. **Al-Ḥalāl (Pinahihintulutan)**

Pinapayagan na kabaliktaran ng ḥarām (ipinagbabawal). **Al-Maḥill**

Lugar. **Al-Ḥalīl**

Ang asawa at ang ḥalīlah ay ang maybahay. **Al-Ḥilm (Pagtitimpi)**

Pagkontrol ng sarili at pagpigil ng pagkapukaw ng galit. **Ḥalīm (Matimpiin)**

Mapagtiis, siya ay ang hindi nakikipagmadalian sa paghihiganti sa mga tagasuway. Ang kaibahan sa pagitan ng matimpiin at mapagtiis ay na ang nagkakasala ay hindi nakaliligtas sa kaparusahan sa panig ng mapagtiis kung paanong naliligtas siya rito sa panig ng matimpiin. **Al-Ḥalīm (Ang Matimpiin)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥalīm (Matimpiin) ay ang nag-aantabay sa mga lingkod Niya at hindi nakikipagmadalian sa pagparusa sa pag-asa na magbalik-loob sila. **Al-Ḥulum (Kahustuhang-gulang)**

Panahon ng pagkaadulto. **Al-Ḥulm (Panaginip, napanaginipan)**

Pangitain sa pagkatulog. **Al-Ḥama' (Luwad na burak)**

Maitim na putik. **Al-Ḥuliy (Alahas)**

Anumang ipinanggagayak gaya ng ginto, pilak, at tulad ng mga ito. **Al-Ḥamd (Papuri)**

Ang pagbubunyi dahil sa kainaman. **Al-Ḥamīd (Ang Kapuri-puri)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥamīd (Kapuri-puri) ay ang pinapupurihan sa bawat kalagayan sa mga pangalan Niya, mga Katangian Niya, at mga gawa Niya. **Ḥamīd (Kapuri-puri)**

Pinapupurihan sa bawat kalagayan. **Aḥmad**

Ang Propeta ayon sa pangalan niya at gawain niya. **Muḥammad (Pinupuri-puri)**

Kapag dumami ang mga katangian niyang pinapupurihan at kapag natagpuan siyang pinapupurihan. **Al-Ḥimār (Asno)**

Isang kilalang hayop. **Aḥmar (Pula)**

Isang kulay. **Ḥaml (Pagpasan, pagdala)**

Pag-angat, na kaugnay sa mga bigat na napapasan. **Al-Ḥamīm (Nakapapasong tubig)**

Tubig na matindi ang init. Itinataguri ito sa nakikiramay na malapit na tao. **Al-Yaḥmūm**

Ḥamīm (nakapapasong tubig). Sinabi ring usok na matindi ang kaitiman. Tinawag ito ng gayon dahil sa taglay nino na kalabisan ng init. **Al-Ḥamy (Panginginit)**

Ang init na namumutawi mula sa mga bagay na pampainit gaya ng apoy at araw at mula sa mainit na lakas sa katawan. **Al-Ḥimāyah (Pagsasanggalang)**

Pagsangga. **Al-Ḥamīyah**

Nangangalit na lakas kapag napukaw at dumami. **Ḥāmī**

Ang lalaking kamelyo, kapag bumuntis ng sampung inahing kamelyo sa Panahon ng

Kamangmangan, ay sinasabing nagsanggalang ito ng likod nito kaya hindi ito sinasakyan. **Al-Ḥama' (Luwad na burak)**

Maitim na putik na nangangalingasaw. **Al-Ḥinth (Kabuktutan)**

Pagkakasalang tagapagbigay-sala. **Al-Ḥanjarah (Lalagukan)**

Ang uluhan ng trakeya (trachea) mula sa labas. **Al-Ḥanīdh (inihaw)**

Inihaw sa pagitan ng dalawang bato. **Al-Ḥanīf (Makatotoo)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagkiling. Itinataguri ito sa kumikiling mula sa pagkaligaw patungo sa pagkamatuwid. **La'aḥtanikanna (Talagang makapagpapariwara nga ako)**

Talagang makapangyayari nga ako. **Al-Ḥanīn**

Alitang naglalaman ng pakikiramay. **Al-Ḥanān (Pagkamadamayin)**

Awa at pakikiramay. **Ḥunayn**

Isang kilalang lugar. **Al-Ḥūb (Kasalanan)**

Ang kasalanan, na ang pinakadiwa nito ay ang pangangailangan na nagbubunsod sa tagataglay nito sa paggawa ng kasalanan. **Al-Ḥūt (Isda)**

Dambuhalang isda. **Al-Ḥājah**
(Pangangailangan)

Anumang kinakailangan at hinihiling. **Al-Istihwādh (Pagkapangibabaw)**

Pangingibabaw. **Al-Ḥawr**

Pag-aatubili sa sarili at pag-iisip. **Al-Ḥiwār**
(Pakikipagtalakayan)

Pakikipagpalitan sa pananalita. **Al-Ḥawar**

Pagkatindi ng kaputian sa kaputian ng mata at ng kaitiman sa itim nito. Iyon ay tugatog ng kagandahan ng mata. **Ḥūr**

Ang pangmaramihan ng ḥawrā' na babaing matindi ang kaitiman ng mata, na matindi ang kaputian. **Al-Ḥawāriyūn (Mga disipulo)**

Mga tagaadya ni Jesus (sumakanya ang pangangalaga). **Taḥayyaza (Pumanig)**

Pumunta sa isang panig. Ang orihinal na kahulugan nito ay bawat grupo na sumali ang ilan dito sa iba. **Ḥāshā**

Kalayuan. **Al-Iḥāṭah (Pagpaligid)**

Ang pagkapalibot ng anuman sa anuman. Itinataguri ito sa lubos na kaalaman. **Al-Muḥīṭ**
(Ang Tagapaligid)

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Muḥīṭ (Tagapaligid) ay ang

pumaligid ang kakayahan Niya at kaalaman Niya sa bawat bagay. **Ḥawl**

Ang orihinal na kahulugan ng ḥawl ay pag-iba ng anuman at pagkahiwalay nito sa iba pa rito. **At-Taḥawwul**

Pag-iba. **Al-Ḥawl**

Taon. **Al-Ḥā'il (Tagaharang)**

Tagahadlang at tagapagpahiwalay. **Ḥawl Ash-Shay' (Paligid ng anuman)**

Gilid ng anuman at anumang pumapaligid dito. **Al-Ḥāl (Kalagayan)**

Anumang natatangi dahil dito ang tao at ang iba pa sa kanya kabilang sa mga nauukol sa kanya na umiiba-iba sa sarili niya, katawan niya, at ari-arian niya. **Al-Ḥilah (Kaparaanan)**

Anumang nakaaabot sa pamamagitan nito sa isang kalagayan na may pagkukubli. Ang pinakamadalas na paggamit nito ay sa may panggugulang. Maaaring magamit ito kaugnay sa karunungan. **Al-Miḥāl**

Pakana at panlalansi. **Al-Ḥawāyā**

Mga bituka. **Al-Aḥwā (Pagkaitim-itim)**

Matindi ang kaitiman. **Ḥaythu (Saan man, kung saan)**

Isang katawagan sa isang balanang lugar balana na binibigyang-linaw ng sugnay na matapos nito. **Taḥīdu (Tinatakasan)**

Nililihis at nilalayuan. **Al-Ḥayrah (Paglito)**

Kapag nagulumihanan sa anuman at nag-atubili rito. **Ḥāṣa (Pumuslit)**

Lumihis nang may katindihan. **Al-Ḥayḍ (Regla)**

Dugong lumalabas mula sa sinapupunan ayon sa paraang natatangi sa oras na natatangi. **Al-Ḥayf**

Pagkiling sa paghahatol at pagkampi sa isa sa dalawang panig. **Ḥāqa (Pumaligid)**

Bumaba at dumapo. **Al-Ḥīn (Panahon)**

Oras ng pagkaabot ng anuman at pagkapangyari nito. **Al-Ḥayāh (Buhay)**

Kabaliktaran ng kamatayan. **Al-Ḥayāwān (Pinakabuhay)**

Buhay **Al-Ḥayyī (Ang Mahiyain)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ḥayyī (Mahiyain) ay may hiya na naaangkop sa Kanya hindi gaya ng mga nilikha, na kapag nag-angat ang tao ng mga kamay nito sa panalangin ay nahihiya Siya na magbigay rito ng wala. **Al-Ḥayy (Buháy)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), Ḥayy (Buháy) ay ang nailalarawan sa kumpletong walang-hanggang buhay na hindi nasusundan ng kamatayan ni pagkalipol sapagkat ito ay buhay na pansarili ukol sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). **Yahyā (Juan)**

Ang propeta ni Allāh, na anak ni Zacaria (sumakanila ang pangangalaga). **At-Taḥiyah (Pagbati)**

Pagsabi ng: "Ḥayyāka -llāh," na nangangahulugang: "Magbigay Siya sa iyo ng buhay." **Al-Ḥayā' (Hiya)**

Pag-urong ng sarili palayo sa mga masagwa dala ng pangamba sa paninisi. **Al-Ḥayyah (Ahas)**

Ulupong. **Ang Salita**

Aklat Khā'

Ang Kahulugan **Al-Khab' (Nakatago)**

Anumang natabingan sa mga paningin. **Al-Ikḥbāt (Pagmamababang-loob)**

Kalumayan at pagpapakumbaba. **Al-Khabīth (Karima-rimarim)**

Anumang kinasusuklaman dala ng pagkahamak at kasamaan, nadarama man naiisip, at sumasaklaw sa kabulaanan sa paniniwala,

kasinungalingan sa sinasabi, at pangit sa mga gawain. **Al-Khabar (Pabatid)**

Ang kaalaman sa mga bagay-bagay na naaalam mula sa panig ng pagbabalita. **Al-Khabīr (Ang Mapagbatid)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Khabīr (Mapagbatid) ay nakaaalam sa mga ulat ng mga gawain ninyo. Sinasabi ring nakaaalam sa mga kaloob-looban ng mga nauukol sa inyo, ang nakaaalam sa bawat anuman, ang nakatatalos sa reyalidad nito. **Al-Khubz (Tinapay)**

Ang masa kapag naihurno. **Al-Khabṭ (Hambalos)**

Pagpalo nang walang pakundangan. **Al-Khabāl (Pagkasira)**

Ang kasiraan na dumadapo sa hayop saka nagsasanhi rito ng pagkabulabog gaya ng kabaliwan at karamdamang nakaaapekto sa isip at kaisipan. **Al-Khabw (Paghupa)**

Pagkaapula ng lagablab ng apoy. **Al-Khatr (Pagsira sa pangako)**

Pagtataksil. **Khatm (Pagpinid)**

Pagsara. **Khātam (Pangwakas)**

Kahuli-hulihan at Tagapaglubos. **Al-Ukhdūd (Bambang)**

Pahabang malalim na hukay sa lupa. **Al-Khadd (Pisngi)**

Gilid ng bibig. **Al-Khidā' (Pandaraya)**

Paglalagay sa iba palayo sa lagay niya sa pamamagitan ng bagay na inilalantad sa kanya na salungat sa ikinukubli sa kanya. **Al-Akhdān (Mga kalaguyo)**

Mga kasintahan nang palihim. **Al-Khidhlān (Pagtatatwa)**

Pagwaksi ng pag-aadya ng sinumang ipinagpapalagay na mag-adya. **Al-Kharāb (Pagkasira)**

Kabaliktaran ng pagpapatayo. **Kharaja (Lumabas)**

Sumulpot mula sa kinalalagyan nito o kalagayan nito. **Al-Kharāj (Bayad)**

Kita, na natatangi sa kadalasan sa buwis sa lupa. **Khardal (Mustasa)**

Halamang may butong maliit ang sukat. **Kharra (Sumubsob)**

Pagbagsak nang may tunog. **Al-Kharṣ (Pagsasapantaha)**

Pagsisinungaling. **Al-Kharṭūm (Nguso)**

Ilong. **Kharaqa (Bumutas)**

Pagsira sa isang bagay para manira o bumutas.
Al-Khazn (Pag-iimbak)

Pag-iingat ng bagay. **Khizy (Pagkaaba)**

Pagkaaba at pagkahamak. **Al-Khasa' (Pagkahamak)**

Pagkasumbat kasama ng panghahamak.
Khusr (Pagkalugi)

Pagkabawas ng puhunan. **Al-Khusūf (Pagpalamon)**

Paglaho sa kabuuan sa lupa, na nangangahulugang: pagkababa at pagkalubog, at sa buwan naman ay tumutukoy sa paglaho ng liwanag nito. **Al-Khashab (Kahoy)**

Kakunatan at kagaspangan. Itinataguri ito sa anumang natuyot mula sa mga punong-kahoy. **A-Khushū (Pagpapakataimtim)**

Pagpapakumbaba, pagpapakaaba, at pagpapasakop, at ang pinakamadalas ng paggamit ay nasa natatagpuan sa mga bahagi ng katawan. **Al-Khasyah (Takot)**

Pangamba na nahahалан ng pagdakilang nalalakipan ng kaalaman. **Khaṣṣa (Pagtangi)**

Ang pagkatangi ay ang pagbubukod-tangi sa isang tao o isang grupo sa isang takdang kakanyahan. **Al-Khaṣāṣah (Kadahupan)**

Matinding kalagayan. **Al-Khaṣf (Pagkakapit)**

Pagtitipon ng isang bagay sa ibabaw ng isang bagay. **Al-Khiṣām (Pakikialitan)**

Pakikipagtunggali. **Al-Makhḍūd (Pinutulan)**

Pinutulan ng mga tinik. **Al-Khuḍrah (Pagkaluntian)**

Isa sa mga kulay. **Al-Khuḍū`**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagbababa ng sarili at pagpapakumbaba, na pagsusumamo sa puso. **Al-Khaṭa' (Pagkakamali)**

Paglampas sa hangganan ng pagkatama. **Al-Khuṭbah (Pag-uusap)**

Ang pakikipag-usap ay ang pagpapalitann ng pananalita sa pagitan ng dalawa at natatangi ito sa pangangaral. **Al-Khiṭbah**

Pag-alok ng kasal sa babae. **Al-Khaṭb**

Malaking usapin. **Al-Khaṭṭ**

Pagsusulat. **Al-Khaṭf (Pagtangay)**

Pagdaklot nang may kabilisan. **Khuṭuwāt (Mga yapak)**

Pangmaramihan ng khuṭwah, ito ang distansiya sa pagitan ng hakbang ng dalawang paa. Ang literal na kahulugan ay lakad. **Al-Khaft (Pagbulong)**

Paglilihim ng pagbigkas. **Al-Khafḍ (Pagbababa)**

Kabaliktaran ng pagkaangat, ito ang pagkababa. **Al-Khafīf (Magaan)**

Kabaliktaran ng mabigat. **Al-Istikhfāf (Pagmamaliit)**

Pagmamahina ng isip o pagkakaila sa kanya ng tama. **Khafiya (Kumubli)**

Nagtago. **Al-Khulūd (Pamamalagi)**

Pamamalagi ng pagkapanatili. **Akhlada (Nahilig)**

Nagtiwala. **Al-Khālīṣ (Wagas)**

Dalisay at malinis. **Al-Khulūṣ (Pagkatangi)**

Pamumukod-tangi sa iba pa. **Al-Khalt (Paghahalo)**

Pagsasama ng mga bahagi ng dalawang bagay o higit pa. **Al-Khul` (Paghubad)**

Pag-aalis. **Al-Khalf (Hulihan)**

Kabaliktaran ng harapan. Itinataguri ito sa masama. **Al-Khilāfah (Pagkakahalili)**

Pagkakinatawan ng iba. **Al-Ikhtilāf (Pagkakaiba-iba)**

Paghihidwaan. **Al-Khalq (Paglikha)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang matuwid na pagtataya at ginagamit ito sa pagpapasimula ng anuman nang walang pinagmulan at walang pinagtularan. **Al-Khuluq (Kaasalan)**

Itinutukoy sa mga lakas at mga katangiang nahihiwatigan sa pamamagitan ng pagkatalos. **Al-Khalāq (Bahagi)**

Parte. **Al-Khāliq (Ang Tagalikha)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Khāliq (Tagalikha) ay ang tagapagpasimula ng anuman ay sa walang naunang pagkatulad. **at Al-Khallāq (Ang Palalikha) Khilāl (Loob, gitna)**

Puwang sa pagitan ng dalawang bagay. **Al-Khullah (Pagkakaibigan)**

Ang pagmamahal dahil ito ay pumapaloob sa kaluluwa. **Al-Khalil (Matalik na kaibigan)**

Minamahal. **Al-Khalā' (Ilang)**

Lugar na walang panakip doon na estruktura o mga tirahan at iba pa sa mga ito. **Al-Khulūw (Pagsasarilinan, pagdaan)**

Ginagamit sa paglipas ng panahon o pagkakabukod sa lugar. **Khalaw (Dumaan sila)**

Umiwan sila. **Khamada**

Tumahan at huminahon. **Al-Khumr, Al-Khamr**

Ang khumr ay ang pagbalot at pagtakip at ang khamr ay ang nakalalasing. **Al-Khams (Lima)**

Bilang. **Al-Makhmaṣah (Kagutuman)**

Matinding pagkagutom. **Al-Khamṭ (Mapait)**

Isang punong-kahoy na walang tinik. **Al-Khinzīr (Baboy)**

Isang partikular na hayop. **Al-Khans (Pagurong)**

Pag-atras at pagbalik. **Al-Khannās (Palaorong)**

Ang demonyong umaatras kapag binanggit si Allāh (napakataas Siya). **Al-Khunnas (Mga bituing umuorong)**

Mga bituing bumabalik sa maghapon. **Al-Munkhaniqah (Nasakal)**

Ang hayop na namatay dahil sa pagkawala ng hangin ng paghinga. **Al-Khuwār (Pag-unga)**

Tinig ng mga hayop, na natatangi sa baka. **Al-Khawḍ (Paglusong)**

Ang pagpasok sa tubig at pagdaan dito. **Al-Khawf (Pangamba)**

Pagsasapantaha ng isang kinasusuklaman dahil sa isang palatandaang ipinagpapalagay o nalalaman o sumasagi sa isip na hilakbot. Ang kabaliktaran nito ay ang katiwasayan. **At-Takhwīl (Paggawad)**

Pagbibigay. **Al-Khiyānah (Pagtataksil)**

Pakikipagsalungatan sa karapatan sa pamamagitan ng pagsira sa kasunduan nang palihim. **Al-Khāwiyah (Gumuho)**

Bumagsak o hungkag. **Al-Khaybah (Kabiguan)**

Pagkaalpas ng hinahangad. **Al-Khayr (Kabutihan, mabuti, higit na mabuti, pinakamabuti)**

Anumang may dulot na pakinabang at kaayusan at kabaliktaran ng kasamaan sa isang pangkalahatang paraan. **Al-Ikhtiyār (Pagpili)**

Paghiling ng anumang higit na mabuti at paggawa nito. **Al-Khayṭ (Sinulid)**

Manipis na pising yari sa bulak o lana o tulad ng mga ito, na ipinantatahi. **Al-Khiyāṭ (Karayom)**

Karayom na ipinantatahi. **Al-Khayāl (Guniguni)**

Ang larawang pang-isip gaya ng larawang isinasalarawan sa panaginip. Ang pagsasaguniguni ay ang pagsasalarawan ng

pagkaguniguni ng anuman sa sarili at ang pagguguniguni ay ang pagkakasalarawan niyon. **Al-Khayl**

Kabayo. **Al-Khuyalā' (Kapalaluan)**

Pagpapakamalaki dahil sa pagsasaguniguni ng isang kalamangang kinikinita sa tao ng sarili niya. **Al-Khiyām (Mga kubol)**

Ang mga bahay na hinabi mula sa buhok ng mga kamelyo at iba pa sa mga ito. **Ang Salita**

Aklat Dāl

Ang Kahulugan **Ad-Da'b (Kinagawian)**

Kinahiratiang nagpapatuloy palagi. **Dāwud (David)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Ad-Dabb (Paggapang)**

Ang paggapang ay isang marahang pag-usad. **Ad-Dābbah (Gumagalaw)**

1. Bawat anumang gumagapang, at 2. hayop. **Ad-Dubur (Likuran)**

1. Kasulangatan ng harapan, at 2. Hulihan. **Ad-Dābir (Kahuli-hulihan)**

Ang nahuli o ang sumunod, na maaaring sa pagsasaalang-alang sa lugar o panahon. **Adbara (Tumalikod)**

Umayaw. **At-Tadabbur (Pagmumuni-muni)**

Pag-iisip-isip sa mga kinahinatnan ng mga bagay-bagay. **At-Tadbīr (Pagmumuni)**

Pagtingin sa kinahinatnan ng bagay at wakas nito. **Al-Mutadaththir (Nagtatalukbong)**

Nababalot ng mga damit. **Ad-Daḥr (Pagpapalayas)**

Pagtataboy at pagpapalayo. **Ad-Dāḥid (Walang-saysay)**

Kabulaanang naglalaho. **Ad-Daḥw (Paglagak)**

Paglatag. **Ad-Dākhir (Nagpapakaaba)**

Kaaba-aba. **Ad-Dukhūl (Pagpasok)**

Kabaliktaran ng paglabas at ginagamit ito sa panahon, lugar, at mga gawain. **Ad-Dakhal (Pandaraya)**

Pagtitiwali at pagtataksil. **Ad-Dukhān (Usok)**

Ang umaangat mula sa pagliyah. **Ad-Dar' (Pagpigil)**

1. Pagkiling sa isa sa dalawang panig, at 2. Pagtulak. **Ad-Darajah (Antas)**

Rangko sa kalamangan. **Al-Istidrāj (Pag-uunti-unti)**

Pagparusa nang antas sa antas at iyon ay sa pamamagitan ng pagpapalapit sa kanila sa isang bagay nang unti-unti. **Durrah**

Perlas. **Al-Midrār (Masaganang ulan)**

Masaganang nagkakasunuran. **Ad-Durriy (Malaperlas)**

Tagapagtanglaw. **Ad-Durūs**

Pagkapawi. **Ad-Dirāsah (Pag-aaral)**

Kapag pumatungkol sa aklat, ibig sabihin: pagbasa nito at pag-intindi ng mga kahulugan nito. **Ad-Dark (Palapag)**

Pinakamababang antas. **Al-Idrāk (Pag-abot)**

Pagdating sa pinakamalayong bahagi ng isang bagay. **Ad-Dirham (Dirham)**

Pilak na isinabarya na ipinambibili. **Ad-Dirāyah (Pagkabatid)**

Pagkakaalam na natatalos sa pamamagitan ng isang uri ng kaparaanan. **Ad-Dass (Pagbaon)**

Pagkukubli sa pamamagitan ng pagpapasok ng isang bagay sa isang bagay sa pamamagitan ng isang uri ng pamimilit. **Dassā (Nagparumi)**

Kabaliktaran ng zakkā (nagpabusilak). Ito ang pagkukulang at ang pagkukubli sa pamamagitan ng kasamaang-loob. **Ad-Dusur**

Mga pako. **Ad-Da` (Pagsasalya)**

Matinding pagtulak. **Ad-Du`ā' (Panalangin)**

Panawagan. **Al-Iddi`ā' (Pag-aangkin)**

Na mag-angkin ng isang anuman na ito raw ay sa kanya. **Ad-Dif' (Init)**

Kainitan at kasalungatan ng kalamigan. **Ad-Daf (Pagtulak)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay pagpapausad ng isang bagay. Kapag ginamitan ito ng pang-ukol na ilā ay nagpapahiwatig ng kahulugan na pagpapatamo at kapag ginamitan ng pang-ukol na `an ay nagpapahiwatig ng kahulugan na pagsasangalang. **Ad-Dāfiq (Pumupulandit)**

Pagbuhos ng likido nang mabilis. **Ad-Dakk (Durog)**

Pagwasak. **Ad-Dulūk (Paglihis)**

Pagkiling papunta sa paglubog. **Ad-Dilālah**

Ang nagpaparating sa pagkakaalam ng anuman. **Adlā (Nagpalusong)**

Nagpababa at nagpalapit. **Damdama (Nagtaklob)**

Nagwasak at nagligalig. **At-Tadmīr (Pagdurog)**

Pagpapasok ng kasawian sa isang bagay. **Ad-Dam` (Luha)**

Isang pantawag sa likido mula sa mata. **Ad-Damgh (Pagdurog)**

Pagbasag ng utak. **Ad-Dam (Dugo)**

Pulang likido na pumupuno sa mga ugat at mga arteryang. **Dīnār**

Isang gintong salapi na ipinambabayad. **Ad-Dunūw**

Paglapit na pisikal o patalinghaga. **Al-Adnā (Higit na hamak)**

Higit na maliit o higit na aba o higit na malapit. **Ad-Dunyā (Mundo)**

Kabaliktaran ng buhay sa Kabilang-buhay. **Ad-Dahr (Panahon)**

Isang pantawag sa yugto ng Daigdig mula sa pagsisimula ng pag-iral nito hanggang sa pagwawakas nito. **Ad-Dihāq (Pinuno)**

Nag-uumapaw na pagkapuno. **Ad-Duhmah (Katingkaran)**

Kadiliman ng gabi at ipinampapahayag ito ng kaluntiang kumpleto ang kulay. **Ad-Duhn**

Langis. **Al-Mudāhanah.**

Pambobola, pakikipagmabutihan, pang-uuto, at kawalan ng kaseryosohan. **Ad-hā (Higit na masaklap)**

Higit na matindi. **Ad-Dār (Tahanan)**

Tuluyan. **Ad-Dā'irah (Bilog)**

Isang katawagan sa guhit na pumapaligid at itinataguri sa salanta **Dawrān (Pag-ikot)**

Paggalaw sa loob ng bilog. **At-Tadāwul (Pagpapalipat-lipat)**

Pagpapasahan sa pagitan ng isa't isa sa kanila. **Ad-Dawām (Pamamalagi)**

Pagpapatuloy ng kairalan nang walang wakas. **Dūna**

Pang-abay na nakaugnay sa idāfah (parirala na napagigitnaan ng NG o Ni o SA o KAY), na may kahulugang: bago, iba pa, mababa, at likuran. **Ad-Dayn (Utang)**

Pautang. **Ad-Dīn (Relihiyon, pagtutumbas)**

Pagtalima, pagganti, pagpapaakay, at mga patakaran. **Ad-Dayyān (Ang Palatumbas)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Dayyān (Palatumbas) ay ang Hukom, ang Tagahatol, at ang Palalupig na gumaganti sa mga lingkod Niya sa gawa nila at

lumulupig sa nilikha Niya kaya tumatalima sila sa Kanya. **Ang Salita**

Aklat Dhāl

Ang Kahulugan **Adh-Dhi'b (Lobo)**

Kilalang hayop. **Al-Madh'ūm (Nilalait)**

Pinipintasang itinatboy. **Adh-Dhubāb (Mga langaw)**

Itinataguri sa kilalang kulisap na kabilang sa mga lumilipad na kulisap. **Adh-Dhabdhabah**

Salitang nagpapahayag ng tunog ng pagkilos ng bagay na nakabitin, pagkatapos hiniram ito para ipantukoy sa bawat pagkabulabog at pagkilos at itinataguri sa pag-aatubili at pagkalito. **Adh-Dhabh (Pagkatay)**

Paglaslas ng lalamunan ng hayop. **Al-Iddikhār (Pag-imbak)**

Pag-iingat [ng isang bagay] at paghahanda para sa pinakakahihinatnan. **Dhara'a (Lumalang)**

Lumikha at nagpaairal. **Adh-Dhurriyah (Mga supling)**

Mga inapo. **Dhirā` (Mababang biyas)**

Bahagi ng katawan mula sa siko hanggang sa mga dulo ng mga daliri. **Dhirwah (Tuktok)**

Ang tuktok ng tugatog ay ang pinakamataas nito. **Tadhrūh (Ikinakalat ito)**

Isinasabog ito at inililipad ito. **Al-Idh`ān (Pagpapahinuhod)**

Pagpapaakay. **Adh-Dhaqn (Baba)**

Ibaba ng mukha. **Adh-Dhikr (Pag-alaala)**

Itinataguri ito sa paggunita ng nakalimutan. Itinataguri rin ito sa pagkakasaad ng anuman sa puso o sinasabi. **Adh-Dhakar (Lalaki)**

Kabaliktaran ng babae. **At-Tadhkiyah**

Pagkatay. **Adh-Dhull (Pagkaaba)**

Pagmamababa, pangangayupapa, at kabanayaran, at kabaliktaran ng pagmamataas. **At-Tadhlīl (Pagpapaamo)**

Pagpapasilbi. **Adh-Dhimmah**

Kasunduan. **Madhmūm (Pinupulaan)**

Kasulangatan ng pinapupurihan. **Adh-Dhanb (Pagkakasala)**

Pagkasalarin dahil sa paglabag sa mga ipinag-uutos ni Allāh at mga sinasaway Niya. **Dhanūb (Mga bahagi)**

Mga parte. **Adh-Dhahab (Ginto)**

Isang dilaw na mamahaling metal na ginagawa mula rito ang salapi at ang alahas. **Adh-Dhahāb (Pag-alis)**

Paglisan. **Adh-Dhuhūl (Pagkalingat)**

Pagkaabala palayo sa isang bagay dahil sa isang pagkatakot at iba pa rito. **Dhū (May)**

May kahulugang "tagapagmay-ari ng," na ipinang-uugnay sa paglalarawan ng mga pangngalan ng mga klase at mga uri. **Mādhā (Ano)**

Panghalip na pananong. **Dhawd (Pagtabog)**

Pag-akay, pagtulak, at pagtaboy. **Adh-Dhawq (Pagtikim)**

Pagkadama ng lasa ng pagkain sa bibig. **Adhā`a (Nagpapatalastas)**

Nagpakalat ng usapin at nagpalaganap ng ulat. **Ang Salita**

Aklat Rā'

Ang Kahulugan **Ar-Ra's (Ulo)**

Pinakamataas na bahagi ng tao, na tinutubuan ng buhok. **Ar-Ra'fah (Pagkahabag)**

Pagkabanayad at pagkaawa. **Ar-Ra'ūf (Ang Mahabagin)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ra'ūf (Mahabagin) ay ang nagtataglay ng habag, na pinakamataas sa mga kahulugan ng pagkaawa at pinakabanayad nito. **Ar-Ru'yah (Pagkakita)**

Pagkatalos ng nakikita. **Ar-Ra'y (Pananaw)**

Ang nakikita ng tao sa usapin. **Ar-Ru'yā (Panaginip)**

Ang nakikinita sa pagtulog. **At-Tarbiyah (Pag-aalaga)**

Pagpapalago sa anuman kalagayan sa kalagayan hanggang sa umabot sa hangganan ng kalubusan. **Ar-Rabb (Panginoon)**

Siya ang Tagapagmay-ari, ang Tagapagpatnugot, ang Tagapangasiwa, ang Pinapanginoon, ang Tagapag-alaga ng pag-aalagang walang-takda. **Ar-Rabbānīy (Rabbi)**

Isang pagkakaugnay sa Rabb (Panginoon), na kumakapit kay Allāh, na tagapagturo ng maliliit sa kaalaman bago ng malalaki rito. **Ar-Rabībah (Babaing anak na panguman)**

Babaing anak ng maybahay ng lalaki mula sa ibang lalaki. **Rubba**

Nagpapahiwatig ng kadalangan ng pangyayari ng nangyayari nang paminsan-minsan. **Ar-Ribh (Tubo)**

Karagdagang natatamo sa pakikipagbilihan, pagkatapos naglalarawan ito ng bawat anumang bumabalik na bunga ng isang gawain. **At-Tarabbuṣ (Pag-aabang)**

Paghihintay ng isang bagay. **Ar-Rabṭ (Pagtali)**

Pagbigkis. **Ar-Rubu` (Ikaapat [na bahagi])**

Isang bahagi mula sa apat na bahagi. **Ar-Rabwah (Burol)**

Nakaangat na bahagi ng lupa. **Ar-Ribā (Patubo)**

Karagdagan sa puhunan. **Ar-Rabw**

Karagdagan at paglago. **Ar-Rat` (Pagpapasasa)**

Panginginain ng mga hayupan at hiniram ito para mangahulugan ng pagpapanagana sa pakain. **Ar-Ratq (Pagkakasanib)**

Pagkakasama at pagkakumpol. **At-Tartil (Pagbigkas)**

Pagpapalabas ng salita mula sa bibig nang may kadalian at katatagan. **Ar-Rajj (Pag-alog)**

Pagpapagalaw ng isang bagay at pagbulabog dito. **Az-Rajz (Pasakit)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagkagulo. Itinataguri ito sa pagdurusa o kasamaan. **Ar-Rijs (Kasalaulaan)**

Bagay na marumi. **Ar-Rujū` (Pag-uwi, pagbabalik)**

Panunumbalik sa anumang mula roon ang pinagmulan. **Ar-Rajf (Pagyanig)**

Matinding pagkabulabog. **Ar-Rajul (Lalaki)**

Natatangi sa kasariang panlalaki sa mga tao. **Ar-Rijl (Paa)**

Bahagi ng katawan para sa paglakad. **Ar-Rajm (Pagbato)**

Pagpukol ng bato. **Ar-Rajīm (Kasumpa-sumpa)**

Isinumpa, na isang paglalarawan sa demonyo. **Ar-Rajā' (Pag-asa)**

Pagpapalagay na humihiling ng pagtamo ng anumang may kagalakan. **Arjā (Nag-antala)**

Nagpaliban o nag-antabay. **Al-Arjā' (Mga gilid)**

Mga dako. **Ar-Rahb (Lawak)**

Kaluwagan ng lugar. **Rahīq**

Kabilang sa mga pangalan ng alak. **Ar-Rahḷ (Sintadera)**

Ang ipinapatong sa kamelyo para sakyan. **Ar-Rihlah (Paglalakbay)**

Paglalakbay. **Ar-Rahmah (Awa, pagkaawa)**

Pagkabanayad, pagsimpatiya, at pagkahabag.
Al-Arḥām (Mga sinapupunan)

Mga kamag-anak. **Ar-Raḥmān (Ang Napakamaawain)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Raḥmān (Napakamaawain) ay ang May awa, na katangiang pansarili ni Allāh (napakataas Siya). **Ar-Raḥīm (Ang Maawain)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Raḥīm (Maawain) ay ang May awa, na katangiang panggawain ni Allāh (napakataas Siya). **Ar-Rukhā' (Banayad)**

Ang kabanayaran, na kaalwanan ng pamumuhay. **Ar-Rid' (Alalay)**

Ang sumusunod sa iba bilang isang tagatulong doon. **Ar-Radd (Pagpapabalik)**

Pagbaling ng bagay kalakip sa sarili nito o sa isang kalagayang kabilang sa mga kalagayan niya. Itinataguri ito sa pagbabalik. **Ar-Riddah**

Ang pag-iwan sa Relihiyong Islām papunta sa kawalang-pananampalataya. **At-Taraddud (Pag-aatubili)**

Pagpaparoon at pagparito at itinataguri ito sa pagkalitu-lito. **Ar-Ridf**

Tagasunod. **Ar-Radm (Saplad)**

Pagpuno ng puwang sa pamamagitan ng mga bato. **Ar-Radā (Pagkapahamak)**

Pagkasawi. **Al-Mutaraddiyah (Nalaglag)**

Bumagsak sa kamatayan. **Ar-Radhal (Pagkahamak)**

Pinakamababa sa bawat bagay. **Ar-Rizq (Panustos)**

Pagbibigay na nagpapatuloy. Itinataguri ito sa parte [sa Mundo] at mga pagkain. **Ar-Rāziq (Ang Tagapagtustos)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Rāziq (Tagapagtustos) ay ang Tagalikha ng panustos, ang Tagapagbigay nito, at ang Tagapagdahilan nito, na hindi napuputol sa kanila ang mga ayuda Niya at ang mga kabutihang-loob Niya nang isang kisap ng mata. **Ar-Razzāq (Ang Palatustos)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Razzāq (Palatustos) ay ang kasidhian ng Tagapagtustos para sa pagpapahiwatig sa dami. **Ar-Rusūkh**

Katatagang matibay. **Ar-Rāsikh (Nagpakalalim)**

Nagpakatibay na hindi nasasaling ng isang maling akala. **Ar-Rass (Balon)**

Ang mga kasamahan ng Balon ay mga taong nasawi. **Al-Irsāl (Pagsusugo)**

Pagpapakawala, pagpapadala, at pagtigil sa paghadlang. **Ar-Rasūl (Sugo)**

Tagapagdala ng sinabi at mensahe. **Ar-Risālah (Mensahe)**

Anumang ipinasusugo sa sugo. **Ar-Rāsī (Matatag)**

Matibay. **Mursāhā (Pagdaong nito)**

Paghimpil nito. **Ar-Rushd (Pagkagabay)**

Pagkatama sa punto ng usapin at daan, na kasalungatan ng pagkalisya. **Ar-Raṣd (Tambang)**

Kahandaan para sa pag-aantabay. **Al-Marṣūṣ (Pinasiksik)**

Masinsin. **Ar-Raḍā' (Pagsuso)**

Pagsipsip ng gatas sa suso. **Ar-Riḍā (Kaluguran)**

Hindi masuklam sa anumang pinangyayari ng tadhana. **Ar-Riḍā' (Pagkalugod)**

Maraming kaluguran. **Ar-Raṭb (Pagkanamamasa-masa)**

Kasalungatan ng pagkatuyot. **Ar-Ruṭab**

Hinog na sariwang datiles bago matuyo. **Ar-Ru'b (Hilakbot)**

Pagkatigil dahil sa pagkapuspos ng pangamba.
Ar-Ra`d (Kulog)

Tunog ng mga ulap. **Ar-Ra`y (Pangangalaga)**

Nangalaga sa anuman ay nagbantay rito at nag-ingat dito. **Ar-Ru`ūnah**

Kahangalan, katunggakan. **Ar-Raghbah (Pagkaibig)**

Pagnanais ng isang bagay. **Ar-Raghad (Kasaganaan)**

Malawak na pagkakaaya-aya o kaalwanaan ng pamumuhay. **Ar-Raghām**

Pinong alabok. Itinataguri ito sa pagkasuklam.
Ar-Rufāt (Pira-piraso)

Durug-durog. **Ar-Rafath**

Pananalitang naglalaman ng itinuturing na pangit ang pagbanggit nito gaya ng pagbanggit ng pakikipagtalik at mga nauugnay rito. **Ar-Rifd (Handog)**

Tulong at bigay. **Ar-Rafrāf (Mga almohadon)**

Lahat ng maluwang na kasuutan at sinabi ring mga unan. **Ar-Raf (Angat)**

Sinasabi minsan kaugnay sa mga bagay na nakalapag kapag itinaas ang mga ito palayo sa kinalalagyan ng mga ito at minsan kaugnay sa

katayuan kapag pinarangalan ito. **Ar-Rafīq (Ang Malumanay)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya) ang Rafīq (Malumanay). Ang kalumanayan ay ang paghihinay-hinay, ang kabaitan, at ang kabanayaran ng sarili. Ang paghihinay-hinay sa mga bagay-bagay ay ang kabaliktaran ng karahasan at pag-aasal nang may kabangisan at pagmamadali. **Ar-Raqabah**

Leeg. **Ar-Raqīb (Ang Mapagmasid)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Raqīb (Mapagmasid) ay ang Tagapag-ingat, ang Maalam, ang Madinigin, ang Nakakikita sa bawat bagay sapagkat walang nalilingid sa Kanya na anuman. **Ar-Ruqād**

Ang itinuturing na kaaya-aya sa kaunting tulog. **Ar-Raqq (Pergamino)**

Ang sinusulatang kawangis ng papel. **Ar-Raqm (Pagsulat)**

Makapal ng pagsasatitik. **At-Tarquwah (Balagat)**

Harapan ng lalamunan sa itaas ng dibdib kung saan pumapanik doon ang hininga. **Ar-Ruqīy (Pag-akyat)**

Pagpanik. **Ar-Ruqyah**

Panalanging ipinampapakupkop. **Rukūb (Pagsakay)**

Paglulan ng isang bagay sa isang bagay. **At-Tarkīb**

Paglalagay ng mga bagay sa ibabaw ng isa't isa sa mga ito. **Ar-Rukūd (Pagtigil)**

Pagtahan at pagkalma. **Ar-Rikz (Tunog)**

Mahinang tunog. **Ar-Raks (Pagpapabalik)**

Pagtaob ng isang bagay at pagbaliktad ng unahan nito sa hulihan nito. **Ar-Rakḍ (Pagtakbo)**

Pagpadyak ng paa. Itinataguri ito sa paglakad nang may kabilisan. **Ar-Rukū` (Pagyukod)**

Ang pagbaluktot ng katawan kasama ng pagpapakumbaba at pagpapakaaba kay Allāh (napakataas Siya). **Rakm (Tumpok)**

Ang pagtambak ng isang bahagi sa ibabaw ng isang bahagi. **Ar-Rukn (Haligi)**

Ang gilid na sinasandigan at hiniram ito para mangahulugang lakas. **Rakana (Sumandal)**

Kumiling sa isang bagay at sumandal doon. **Ar-Rumḥ (Sibat)**

Isang sandata, na may tagdan (shaft) na kinabitan ng panaksak (spearhead), na ipinantutuosok. **Ar-Ramād (Abo)**

Ang natitira sa kahoy na panggatong matapos ng pagkasunog nito. **Ar-Ramz (Senyales)**

Isang pahiwatig sa pamamagitan ng labi at mahinang tinig at pagkurap ng kilay. **Ramaḍān**

Buwan ng pag-aayuno. **Ar-Ramīm (Nalansag)**

Butong nalansag. **Ar-Rummān (Granada)**

Prutas. **Ar-Ramy (Pagbato)**

Pagtapon at pagpukol. Ipinanghahalili ito sa panlalait gaya ng paninirang-puri. **Ar-Rahbah (Pangingilabot)**

Pangangamba kasama ng pag-iingat at pagkaligalig. **Ar-Rahbāniyah (Monastisismo)**

Pagpapakalabis-labis sa pagsasagawa ng pagpapakamananamba dala ng pagkalabis ng pangingilabot. **Ar-Raḥṭ**

Pangkat na mababa sa sampung lalaki. **Rahaqahu (Lumukob dito)**

Bumalot nang puwersahan. **Ar-Rahn (Prenda)**

Anumang inilalagak bilang isang garantiya para sa utang. **Rahwan (Payapa)**

Tumatahan. **Ar-Rūḥ (Espiritu)**

Isang pantawag sa kaluluwa. **Ar-Rayḥān (Mabangong halaman)**

Halamang may marikit na amoy. **Rīḥ (Hangin, wind)**

Matinding pagkilos ng hangin. **Al-Irādah (Pagnanais)**

Paghahangad ng sarili sa isang bagay kasama ng paghatol dito na ito ay nararapat na gawin o hindi gawin. Ang pagnanais ni Allāh ay naaangkop sa pagkakapita-pitagan Niya, na pansansinukob o pambatas. **Al-Murāwadah (Pagtatangkang umakit)**

Makipaghidwaan sa iba sa pagnanais sapagkat nagnanais ng iba sa ninanais niyon o ang kabaliktaran. **Ar-Rawḍ (Halamanan)**

Latian ng tubig at halaman. **Ar-Raw' (Hilakbot)**

Sindak. **Ar-Rawgh (Pagtalilis)**

Pagkiling bilang paraan ng panggugulang. **Ar-Rūm (Bizancio)**

Itinatawag minsan sa kilalang salinlahi at minsan naman sa pangmaramihan ng Rūmīy gaya ng `Ajam (mga di-Arabe). **Ar-Rayb (Pag-aalinlangan)**

Pagdududa kasama ng pagpapalagay at pagpaparatang. **Ar-Rī' (Mataas na pook)**

Mataas na lugar na lumilitaw mula sa malayo.
Ar-Rīsh (Balahibo ng ibon)

Ang dumadamit sa katawan ng ibon. **Ar-Rayn (Mantsa)**

Kalawang na pumapaibabaw sa anumang lantad. **Ang Salita**

Aklat Zāy

Ang Kahulugan **Az-Zabad (Bulang pumapaibabaw)**

Bulang lumulutang sa ibabaw ng agos. **Az-Zubrah**

Isang malaking piraso ng bakal, na ang pangmaramihan ay zubur. **Az-Zabūr (Salmo)**

Tumutukoy sa kasulatang pinababa kay David (sumakanya ang pangangalaga) **Az-Zabr**

Pagsulat. **Az-Zabāniyah (Mga bantay)**

Mga anghel na tumutulak sa mga maninirahan sa Impiyerno. **Az-Zabn**

Matinding pagtulak. **Az-Zujāj (Salamín)**

Batong naaninag. **Az-Zajr (Pagtaboy)**

Pagtaboy nang may tinig. **Yuzjī (Nagpapausad)**

Pagtulak sa isang bagay upang makasulong ito. **Zuḥziḥa (Hinango)**

Inalis sa kinahihimpilan nito. **Az-Zaḥf (Pag-usad)**

Pagsulong kasama ng pagkaladkad ng paa. **Az-Zukhruf (Palamuti)**

Gayak na dinekorasyonan. **Az-Zarābīy (Mga alpombra)**

Mga magarang karpeta, na pangmaramihan ng zurbīyah. **Az-Zar` (Pagtatanim)**

Pagpatatanim. Itinataguri ito sa pagsasabog ng binhi sa lupa. **Az-Zurqah (Bughaw)**

Kulay. **Izdarā (Hinamak)**

Minaliit at itinuring na hamak. **Az-Za`m (Pag-aangkin)**

Pagkukuwento ng isang sinabi na nagiging isang maipagpapalagay na kasinungalingan. **Az-Za`im (Tagapanagot)**

Tagagarantiya. **Az-Zafīr (Singhal)**

Pagbabalik ng paghinga hanggang sa lumubong mga tanyag dahil doon. **Yaziffūn (Kumakaripas)**

Nagmamabilis sila. **Zaqqūm**

Mga pagkaing kasuklam-suklam sa Impiyerno at kabilang sa mga ito ang isang punong-kahoy sa Impiyerno. **Zakarīyā (Zacarias)**

Isang pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Az-Zakāh**

1. Ang paglagong natatamo sa pagpapala ni Allāh (napakataas Siya); 2. Ang inilalabas ng tao mula sa karapatan ni Allāh para sa mga maralita. **At-Tazkiyah (Pagbusilak)**

Pagdalisay. **Az-Zilzāl (Pagyanig)**

Pagkaalog at pangangatal ng lupa. **Az-Zulfā (Kadikitan)**

Antas at pagpapahalaga. **Az-Zalaq (Madulas)**

Lupaing walang halaman. **Az-Zallah (Pagkatisod)**

Pagkakasala dahil sa hindi isang pananadya bilang pagwawangis sa pagkatisod ng paa. **Al-Azlām (Mga tagdan)**

Mga minarkahang palasong walang balahibo. **Az-Zumrah (Pulutong)**

Maliit na pangkat. **Al-Muzzammil (Nagpakabalut-balot)**

Nakabalot sa mga kasuutan at mga damit. **Az-Zamharīr (Pagkalamig-lamig)**

Matinding lamig. **Az-Zanjabil (Luya)**

Isang uri ng rekado, na ginagawa mula rito ang isang inumin. **Az-Zanīm (Sampid)**

Saling-pusa sa mga tao samantalang hindi naman kabilang sa kanila. **Az-Zinā (Pangangalunya)**

Pakikipagtalik nang walang legal na kontrata. **Az-Zāhid (Nagwawalang-halaga)**

Umaayaw sa isang bagay at nalulugod sa kaunti rito. **Zahr (Karangyaan)**

Kagandahan, luningning, at kadalisayan. Ang zahrah ay ningning ng bawat halaman. **Zahaqat (Pumanaw)**

Pumanaw ang kaluluwa: Lumabas ito dahil sa pamimighati sa isang bagay. **Zawj (Asawa)**

Ipinantatawag sa bawat isa sa magkapares gaya ng lalaki at babae o sa bawat nauugnay sa katulad nito. **Az-Ziyādah (Karagdagan)**

Magdagdag sa bagay sa sarili nito ng isang iba pang bagay. **Az-Zād (Baon)**

Nakaimbak na karagdagan sa kinakailangan sa sandali. **Az-Zūr (Kabulaanan)**

Kasinungalingan at paglihis sa katotohanan. **Tazzāwaru (Humihilig)**

Kumikiling. **Az-Zawāl (Paglaho)**

Sinasabi kaugnay sa isang bagay na dati ay nakatigil noong una pagkatapos nawala. **Az-Zayt (Langis)**

Katas ng oliba. **Az-Ziyādah (Karagdagan)**

Magdagdag sa bagay sa sarili nito ng isang iba pang bagay. **Az-Zaygh (Pagliko)**

Paglihis sa pagkamatuwid. **Zayyala (Nagpahiwalay)**

Nagpabukod. **Mā zāla (Hindi tumigil)**

Hindi huminto. **Az-Zayyan**

Kagandahan ng bagay o pagpapaganda nito. **Az-Zinah (Gayak)**

Alahas. **Ang Salita**

Aklat Sīn

Ang Kahulugan **As-Su'āl (Tanong)**

Paghiling ng kaalaman o salapi. **As-Sa'āmah (Pagkasawa)**

Panghihinawa sa anumang tumatagal ang pananatili, maging ito man ay isang gawain man o isang damdamin. **Saba' (Sheba)**

Pangalan ng isang bayan sa Yemen, nagkawatak-watak ang mga mamamayan nito. **As-Sabab**

Lubid na ipinang-aakyat sa punong datiles. Ito rin ay ang anumang ipinandarating sa isang anuman. **As-Sabb (Pag-alipusta)**

Mahapding panlalait. **As-Sabt (Sabado)**

Ang orihinal na kahulugan ng sabt ay pagputol. Ito ay pangalan ng isang araw. **As-Subāt (Pamamahinga)**

Ginhawa at katiwasayan. **As-Sabḥ (Langoy)**

Mabilis na pagdaan sa tubig o sa hangin. **At-Tasbīḥ (Pagluluwalhati)**

Pagwawalang-kinalaman kay Allāh (napakataas Siya) [sa kapintasan]. **As-Subbūḥ (Ang Kaluwa-luwalhati)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Subbūḥ (Kaluwa-luwalhati) ay ang pinawalang-kinalaman at ang pinawalang-kaugnayan sa bawat kapintasan, kakulangan, at katambal. **As-Sibt (Apo)**

Anak ng anak. **Al-Asbāt (Mga lipi)**

Mga lipi at bawat liping mula sa supling ng isang lalaki. **As-Sab`ah (Pito)**

Bilang. **Sabu` (Mabangis na hayop)**

Hayop na naninila. **As-Sābigh (Masagana)**

Lubos na malawak. **As-Sabq (Pangunguna)**

Pagkauna sa pagsulong. **As-Sabīl (Landas)**

Ang daan na may kadalian. **Sittah (Anim)**

Isang pantawag ng isang bilang. **As-Sitr (Pagtatakip)**

Pagbabalot sa isang bagay. **Al-Istitār (Pagtatakip [ng sarili])**

Pagkukubli. **As-Sittīr (Ang Mapagtakip)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Sittīr (Mapagtakip) ay ang bahagi ng pumapatungkol sa Kanya at pagnanais Niya ang pagkaibig sa pagtatakip at pagsasanggalang. **As-Sujūd (Pagpapatirapa)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagbababa ng sarili at ang pagpapakaaba sa pamamagitan ng paglalagay ng noon sa lapag bilang isang pagsamba kay Allāh. **Al-Masjid (Patirapaan)**

Lugar ng pagdarasal. **As-Sajr (Pagpapaliyab)**

Pagpukaw sa apoy. **As-Sijjīl (Luwad na nanigas)**

Pinaghalu-halong bato at putik. **As-Sijill (Pahina)**

Batong sinusulatan, pagkatapos tinawag ang bawat sinusulatan bilang sijill. **As-Sajn**

Pagkulong. **Sijjīn**

Isang pangalan ng Impiyerno. **Sajā**

Tumahan. **As-Saḥb (Paghatak)**

Paghila. **As-Saḥāb (Ulap)**

Alapaap na may tubig o wala. **As-Suḥt (Kinita sa masama)**

[Ang orihinal na kahulugan nito ay] ang balat na tinutuklap. **As-Siḥr (Panggagaway)**

1. Ang panlilinlang at ang mga pagpapailusyon na walang reyalidad sa mga ito; 2. Ang paghango ng pakikipagtulungan ng demonyo sa pamamagitan ng isang klase ng pagpapakalapit-loob sa kanya. **As-Saḥīq**

Malayo; suḥqan: pagkalayu-layo. **As-Sāḥil (Pampang)**

Baybayin ng dagat. **At-Taskhīr (Pagpapasilbi)**

Pag-akay tungo sa layong natatangi rito nang sapilitan. **As-Sukhrīyah (Panunuya)**

Pangungutya at pagmamaliit. **As-Sukḥt (Inis)**

Matinding galit na humihiling ng kaparusahan. **As-Sadd (Saplad)**

Tagaharang at tagapigil. **As-Sadād (Pagkatama)**

Pagtama ng pakay at pasya. **As-Sidr (Mansanitas)**

Punong-kahoy na kaunti ang kasapatan sa sandali ng pagkain. **As-Sudus (Ikaanim)**

Isang bahagi mula sa anim. **As-Sudā (Kinaliligtaan)**

Napababayaang. **As-Sarab (Pailalim)**

Lugar na pababa. **As-Sārīb (Tagapaglantad)**

Naglalakad sa daan niya sa kaliwanagan ng maghapon habang nakalantad na hindi nagpapakubli. **As-Sarāb (Malikmata)**

Ang kumikinang sa disyerto gaya ng tubig, na wala namang reyalidad dito. **As-Sirbāl (Kasuutan)**

Damit mula sa alinmang uri. **As-Sirāj (Sulo)**

Tagapagpaningning sa pamamagitan ng mitsa at langis o Tagapag-ilaw at ipinampampahayag ito sa bawat tagapag-ilaw. **As-Sarḥ (Pagpapastol)**

Pagpapawala sa pastulan. **At-Tasrīḥ (Pagpapalaya)**

Tumutukoy sa diborsiyo, ito ay hiniram sa pagpapalya at pagpapawala ng mga kamelyo. **As-Sard (Pandugtong)**

Pagtusok ng solido at matigas gaya ng pagtahi ng mga tanikala ng baluti. **Surādiquhā (Mga pader nito)**

Mga usok nito. **Al-Isrār (Paglilihim)**

Pagkukubli, na kasalungatan ng paghahayag. **As-Sirr (Lihim)**

Pag-uusap na sinasalita sa sarili. **As-Surūr (Galak)**

Ang nakatago na pagkatuwa. **As-Sarīr (Kama)**

Ang inuupuan. **As-Sirāt**

Daang itinuturing na madali. **As-Sur`ah (Bilis)**

Katindihan sa pagsulong at paggalaw, na kabaliktaran ng bagal. **As-Saraf (Labis)**

Paglampas sa hangganan sa bawat gawaing ginagawa ng tao. **As-Sariqah (Pagnanakaw)**

Pagkuha ng anumang hindi para sa kanya nang pakubli. **As-Sarmad (Patuloy)**

Palagi. **Al-Isrā' (Pagpapalakbay [sa gabi])**

Pagyao sa gabi. **As-Sarīy (Batis)**

Maharlikaang ginoo. Itinataguri ito sa sapa ng tubig. **As-Saṭḥ (Latag)**

Pagpapantay. Itinataguri ito sa pinakamataas na bahagi ng bahay. **As-Saṭr**

Bawat bagay na inihanay nang may pagkakasaayos. **Yasṭur**

Nagguguhit at nagsusulat. **Masṭūrā (Nakatitik)**

Napagtitibay na iniingatan. **Asāṭīr (Mga alamat)**

Bagay na isinulat dala ng kasinungalingan at kabulaanan kaugnay sa inangkin nila. **Al-Musayṭīr (Tagapanaig)**

Tagapamahalang nakapangyayari. **As-Saṭw (Paglantak)**

Pagdaluhong sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay. **As-Sa`ādah (Kaligayahan)**

Pagtulong na pandiyos sa tao sa pagtamo ng kabutihan. Sumasalungat dito ang kamiserablehan. **As-Su`ur**

Paglagablab ng apoy. **Sa`īr (Liyab)**

Kainit-init. **As-Sa`y**

Mabilis na paglalakad, na mabagal naman sa pagtakbo. **Sa`aw (Nagsikap sila)**

Nagpunyagi sila. **Al-Masghabah (Taggutom)**

Pagkagutom kasama ng pagkapagod. **Safaḥa (Nagbubo)**

Nagpadanak at mula rito ang masfūh (ibinubo). **As-Sifāh**

Pakikipagtalik nang walang kontrata ng kasal. **Asfara (Nagliwanag)**

Nalantad at nahayag. **As-Safar (Paglalakbay)**

Paglipat-lipat sa bayan. **Al-Asfār (Mga aklat)**

Mga aklat na nagliliwanag ng mga katotohanan. **As-Safarah (Mga tagatala)**

Mga anghel. **Safa`a (Humablót)**

Humatak, kumuha, at humawak. **As-Safk (Nagpadanak)**

Kaugnay sa dugo, pagbuhos nito. **As-Sufl (Kababaan)**

Kabaliktaran ng kataasan. **As-Safinah (Daong)**

Ang sinasakyan sa dagat. **As-Safah (Kahunghangang)**

Kawalan ng bait dahil sa kakulangan ng pag-iisip. **As-Saqar**

Pagpapaandap-andap at pagtutunaw. Itinataguri ito sa Impiyerno. **As-Suqūṭ (Pagkalaglag)**

Pagbagsak ng bagay mula sa isang mataas na lugar papunta sa isang mababang lugar. **As-Saqf (Bubong)**

Ang nagtatakip sa bahay. **As-Suqm (Karamdaman)**

Sakit na natatangi sa katawan. **As-Saqy (Pagpapainom)**

Pagpapainom sa anuman ng tubig at anumang nakawangis nito. **As-Siqāyah (Pampainom)**

Ang ipinaiiinom. **Al-Maskūb (Pinadaloy)**

Ibinuhos. **As-Sukūt (Paghupa)**

Natatangi sa pananahimik sa pagsasalita. **As-Sakr (Pagkalasing)**

Isang kalagayang humaharang sa pagitan ng tao at pag-iisip niya. **As-Sikr**

Puwestong nahahadlangan. **As-Sukūn (Pagtahan)**

Pagtigil ng bagay matapos ng isang paggalaw. **Al-Maskan (Tahanan)**

Pangalan ng lugar na tinatahanan. **As-Sakīnah (Katahimikan)**

Kapanatagan at katiwasayan ng puso. **Al-Miskīn (Dukha)**

Siya ang walang bagay na tinataglay. **Al-Maskanah (Karukhaan)**

Karalitaan ng sarili. **As-Sikkīn (kutsilyo)**

Isang kagamitang matalas na ipinampuputol. **As-Salb (Pangangagaw)**

Pagkuha ng anuman mula sa iba nang puwersahan. **As-Silāḥ (Sandata)**

Bawat anumang ipinanlalaban. **As-Salkh (Pagtalop)**

Pag-aalis ng balat ng hayop. **Salsabīl (Luya)**

Madaling masarap na kaiga-igaya. **As-Silsilah (Tanikala)**

Mga kawing na nakarugtong ang isa't isa sa mga ito. **As-Salāṭah**

Kakayahan sa pagsupil. **As-Sulṭān**

Pagsupil at pananaig. Ginagamit ito sa pagtukoy sa katwiran, patotoo, at patunay. **As-Salaf (Pauna)**

Nauuna. **As-Salq (Paghagupit)**

Paghataw nang may dahas, na maaaring sa pamamagitan ng kamay o sa pamamagitan ng dila. **As-Sulūk (Pagtahak)**

Paglagos sa daan. **As-Sall**

Paghugot nang marahan. **As-Sulālah (Hinango)**

Pagpapalawig ng kaangkanan. **Tasallala (Tumatalilis)**

Umusad nang pakubli, na para bang humuhugot ng sarili nang marahan. **As-Salāmah**

Kawalan ng mga kasiraang nakalantad at nakakubli. **Salām (Kapayapaan)**

Pagbati. **As-Salām (Ang Sakdal)**

Isang pangalang kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Salām (Sakdal) ay ang ligtas sa sarili Niya sa bawat kapintasan at kasiraan, ang tagapagligtas ng nilikha Niya. **Al-Islām**

Ang relihiyon na inihatid ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). **As-Salm**

Pagsuko at pagpapaakay. **As-Sullam (Hagdan)**

Ang niyayari mula sa kahoy para sa pag-akyat sa mga mataas na lugar. **Sulaymān (Solomon)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **As-Salwā (Pugo)**

Isang ibon. **As-Sāmid (Naliligta)**

Nalilingat na nag-aangat ng ulo. **As-Sāmiriy**

Pangalan ng yumari ng rebultong guya para sa mga anak ni Israel sa sandali ng pagkaliban ni Moises (sumakanya ang pangangalaga). **As-Samar**

Kaitiman ng gabi at sinabi ring pag-uusap sa gabi. **As-Sam` (Pagdinig)**

Lakas sa tainga na sa pamamagitan nito natatalos ang mga tunog. **As-Samī` (Ang Madinigin)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Samī` (Madinigin) ay ang may pagdinig na naaangkop sa Kanya, kasidhian ng Tagapagtustos para sa pagpapahiwatig sa dami. **As-Samk (Taluktok, kapal)**

Distansiya sa pagitan ng pinakamababang bahagi ng bagay at pinakamataas nito. **As-Samm**

Bawat butas na masikip gaya ng butas ng karayom. **As-Samūm (Nakapapasong hangin)**

Mainit na hangin. **As-Samn (Katabaan)**

Kabaliktaran ng kapayatan.. **As-Samā' (Langit)**

Bawat anumang nasa itaas mo. Ito ang katapat ng lupa. **Ism (Ngalan, pangalan, pangngalan)**

Salitang nagpapakilala ng mga bagay. **As-Samīy (Kapangalan)**

Katulad at katapat na naging karapat-dapat makatulad sa pangalan. **As-Sunbulah (Uhay)**

Para sa trigo at tulad nito, ito ang nasa ibabaw ng tangkay at may mga butil. **As-Sanad (Sandalan)**

Sinasaligan. **Sundus**

Manipis na sutla. **As-Sinn (Ngipin)**

Ang tumutubo sa mga panga ng bibig na buto. **As-Sunnah (Kalakaran)**

Paraan. **Masnūn**

Nag-iba. **Yatasannah (Nagbabago ito)**

Nag-iiba. **Tasnīm**

Isang bukal sa Paraiso, na mataas ang kalagayan. **As-Sanā (Kislap)**

Tanglaw na sumisinag. **As-Sanah (Taon)**

Isang taon ng panahon. **As-Sāhirah**

Balat ng lupa. **As-Sahl (Kapatagan)**

Lupang patag. **As-Sahm (Palaso)**

Ang ipinantitira at ang ipinantutudla mula sa pana. **As-Sahw (Pagkaligta)**

Pagkakamali dahil sa pagkalingat. **As-Sū' (Kasagwaan)**

Bawat anumang nagpapadalamhati sa tao kabilang sa mga bagay-bagay na pangmundo at pangkabilang-buhay. **As-Sayyi'ah (Masagwang gawa)**

Pangit na gawa, na kabaliktaran ng magandang gawa. **As-Saw`ah (Kahubuan)**

`Awrah o maselang bahagi. **As-Sāḥah (Larangan)**

Maluwang na lugar. **As-Sawād (Kaitiman)**

Kulay na kasalungat ng kaputian. **Sayyid (Maginoo)**

Ang pumapanginoon sa mga tao niya. **As-Sayyid (Ang Soberano)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Sayyid (Soberano) ay ang Tagapagmay-ari, ang Mapagtangkilik, at ang Panginoon ng nilikha Niya sapagkat Siya ay Tagapagmay-ari ng nauukol sa kanila, na bumabalik sila sa Kanya, ayon sa utos Niya gumagawa sila, at batay sa sabi Niya kumikilos sila. **Aswirah (Pulseras)**

Alahas na isinusuo sa kamay na pumapaligid sa pupulsihan. **As-Sūr (Pader)**

Nakapaligid na mataas na dingding. **As-Sūrah (Kabanata)**

Isang namumukod na piraso mula sa kabuuan ng Qur'ān. **As-Sawṭ (Latigo)**

Katad na pinilipit na ipinampapalo. **As-Sā`ah (Oras, Huling Sandali)**

Isang bahagi kabilang sa mga bahagi ng panahon, na ipinampapahayag sa Araw ng Pagbangon. **Suwā`**

Pangalan ng isang anito. **Sāgha (Naging kasiya-siya)**

Naging kasiya-siya ang inumin sa lalamunan: Naging madali ang pagbaba nito. **Sawfa**

Katagang nagtatalaga sa mga pandiwang imperpektibo sa hinaharap at nag-aalis sa mga ito ng kahulugan ng kasalukuyan. **As-Sawq (Pagakay)**

Paghatak at pagtaboy. **As-Sūq (Palengke)**

Ang puwesto na dinadalhan ng paninda para ipagbili. **As-Sāq (Lulod)**

Ang ibabaw ng paa hanggang sa tuhod. **As-Su'l**

Pangangailangang nagsisigasig ang sarili rito. **At-Taswīl (Paghalina)**

Pag-akit sa sarili sa anumang nagsisigasig ito roon at pagsasalarawan sa pangit dito sa isang magandang larawan. **As-Sawm**

Pag-alis dahil sa paghahangad ng anuman.
Musawwamah (Tinatakan)

Minarkahan. **Al-Musāwāh (Pagpantay)**

Pakikipagtumbasang nagsasaalang-alang sa haba, timbang, at takal. **Al-Istiawā' (Pagluklok)**

Pagtaas at pag-angat. **As-Sā'ibah**

Ang hayop na pinapagala-gala sa pastulan sa Panahon ng Kamangmangan kaya hindi itinataboy palayo sa tubigan ni sa kumpay. Iyon ay kapag nanganak ito ng limang supling. **As-Sayh (Paglalakbay)**

Pagtahak nang may paghinay-hinay. **As-Sā'ih**

Tubig na palaging dumadaloy sa isang kaparangan. **As-Sayr (Paghayo)**

Paglalakbay sa lupain. **As-Sīrah (Lagay)**

Kalagayang kinalalagyan ng tao at iba pa sa kanya. **Saynā' (Sinai)**

Bundok ng Sinai: Isang kilalang bundok. **Sāla (Umagos)**

Dumaloy. **As-Sayl (Agos)**

Tubig na dumarating samantalang hindi bumuhos ang ulan nito. **Ang Salita**

Aklat Shīn

Ang Kahulugan **As-Shu'm (Malas)**

Kabaliktaran ng suwerte at ligaya. **Ash-Sha'n (Pumapatungkol)**

Kalagayan at pangyayaring sumasang-ayon at naaangkop. Hindi ito sinasabi kundi sa anumang madadakila ng mga kalagayan at mga pangyayari. **Ash-Shabah (Pagkakahawig)**

Pakikitulad sa punto ng kalidad gaya ng kulay at lasa at ng kahulugan gaya ng katarungan at kawalang-katarungan. **Ashtātā (Nang hiwa-hiwalay)**

Nang magkakahiwa-hiwalay. **Ash-Shitā' (Taglamig)**

Panahon ng lamig. **Ash-Shajar (Punong-kahoy)**

Halamang may troso. **Al-Mushājarah (Pakikipagtalo)**

Pakikipaghidwaan. **Ash-Shuhḥ (Kasakiman)**

Karamutan kasama ng pag-iimbót. Iyon ay kapag nagiging nakahiratian. **Ash-Shahm (Tabá)**

Tabá na nasa paligid ng bato (kidney). **Al-Mashḥūn (Nilulanan)**

Napuno. **Ash-Shakhṣ**

Anino ng taong nakatayo, nakikita mula sa malayo. **Ash-Shadd (Paghigpit)**

Malakas ng pagbuhol. **Ash-Shiddah (Katindihan)**

Kalakasan. **Ash-Shurb (Pag-inom)**

Paglagot ng bawat likido, na tubig man o iba pa rito. **Ash-Shirb (Painom)**

Parte mula sa pag-inom. **Ash-Sharḥ (Pagpapaluwag)**

Pagpapaluwang at paghahayag ng nakukubli sa mga kahulugan. **At-Tashrīd (Pagpapawatak-watak)**

Panghalimbawang pagpaparusa. **Ash-Shirdhimah (Maliit na kawan)**

Hiwa-hiwalay na grupo. **Ash-Sharr (Kasamaan)**

Kabaliktaran ng kabutihan, na inaayawan ng lahat kung paano na ang kabutihan ay ang naiibigan ng lahat. **Ash-Sharar (Mga alipato)**

Ang nagliliparan mula sa apoy. **Ash-Shart (Kundisyon)**

Bawat sugnay na nauugnay sa isang bagay na nagaganap dahil sa pagkaganap nito. Ang bagay na iyon ay gaya ng palatandaan para rito. **Ash-Shar` (Kapahayagan, batas)**

Pagtahak ng maliwanag na daan. **Ash-Shir`ah (Pagbabatas)**

Pandiyos na daan ng Relihiyon. **Ash-Shārī` (Kalye)**

Daan, na ang pangmaramihan nito ay shawāri`. **Ash-Shurūq (Pagsikat)**

Paglitaw. **Al-Ishrāq**

Oras ng pagsikat. **Ash-Sharikah**

Ang orihinal na kahulugan nito ay pakikipag-ugnay, na kasalungatan ng pagkabukod-tangi. Itinataguri ito sa pagkakahalo ng pagmamay-ari. **Ash-Shirk (Pagtatambal)**

Pagtatambal kay Allāh ng iba pa kay Allāh sa pagsamba. **Ash-Shirā' (Pagbili)**

Pakikipagpalitan ng paninda kapalit ng salapi. **Ash-Shaṭr (Dako)**

Kalahati at kalagitnaan. Itinataguri ito sa direksiyon at pakay. **Ash-Shāṭī' (Baybayin)**

Gilid. **Shaṭ'ahu (Usbong nito)**

Sibol nito. **Ash-Shaṭaṭ (Pagkalayu-layo)**

Pagkalabis sa kalayuan. **Ash-Shayṭān (Demonyo)**

Mula sa pandiwang shaṭana, na nangangahulugang: tabā`ada, ito ay ang naghihimagsik sa mga jinnīy. **Ash-Shi`b (Bansa)**

Lipi na sumanga mula sa iisang angkan, na ang pangmaramihan ay shu`ūb. **Ash-Shi`b**

Ang bahagi mula sa lambak na nagsasama mula rito ang isang gilid at naghiwalay ang isa pang gilid. **Shu`ayb**

Pangalan ng propeta ng mga tao ng Madyan (sumakanya ang pangangalaga). **Ash-Shu`ab**

Pangmaramihan ng shu`bah, ang kahulugan nito ay ang sangay. **Ash-Shi`r (Tula)**

Maindayog na pagsasabi. **Shā`ir (Manunula)**

Sinumang nag-aakda ng tula. **Ash-Shu`ūr (Pagkaramdam)**

Kaalamang pino gaya ng pagkapino ng buhok. **Ash-Sha`ā'ir (Mga sagisag)**

Mga tandang nakahayag sa mga pandama, ang mga ito ay ang mga puwesto ng mga gawaing pagsamba sa ḥajj. **Ash-Shi`rā (Sirius)**

Pangalan ng isang bituin. **Al-Mash`ar (Palatandaan)**

Puwesto ng pagsasagawa ng rituwal. **Ash-Sha`fah**

Pinakamataas na bahagi ng bagay. **Ash-Sha`l (Paliyab)**

Paglagablab ng apoy. **Ash-Shaghaf (Pagkahumaling)**

Pag-ibig na umaabot hanggang sa kaibabawan ng puso at kaibuturan nito. **Ash-Shughl (Pagkaabala)**

Tagagambalang nagpapalingat sa tao. **Ash-Shaf` (Tukol)**

Pag-uugnay ng isang bagay sa tulad nito. **Ash-Shfā`ah (Pamamagitan)**

Pagkaugnay sa iba pa bilang tagapag-adya rito at tagahiling para rito. **Ash-Shafaq (Takipsilim)**

Pagkakasalitan ng tanglaw ng maghapon sa kaitiman ng gabi sa sandali ng paglubog ng araw. **Al-Ishfāq (Pagkabagabag)**

Pagmamalasakit na nahahaluan ng isang pangamba. **Ash-Shafah (Labi)**

Bukana ng bibig at organo ng pagngiti. **Ash-Shafā (Bingit)**

Gilid. **Ash-Shifā' (Pagpapagaling)**

Pagdating sa bingit ng kaligtasan, ito ay naging pantawag sa paggaling. **Ash-Shaqq (Biyak)**

Patlang na nakalagay sa isang bagay. **Al-Mashaqqah (Pabigat)**

Pagod at panlalata na dumadapo sa sarili at katawan. **Ash-Shuqqah (Agwat)**

Ang kalayuan na idinudulot sa iyo ng pabigat sa pagdating doon. **Ash-Shiqāq (Hidwaan)**

Salungatan. **Ash-Shaqāwah (Kalumbayan)**

Kasalungatan ng kaligayahan at nagpapahiwatig ng pagdurusa. **Ash-Shukr (Pagpapasalamat)**

Pagkilala sa pagkabiyaya at paglalandad nito. **Ash-Shākir (Ang Tagapagpasalamat) at Ash-Shakūr (Ang Mapagpasalamat)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Shākir (Tagapagpasalamat) at ang Shakūr (Mapagpasalamat) ay lumalago sa ganang Kanya ang kaunti sa mga gawa para pag-ibayuhin sa kanila ang ganti. **Ash-Shakus**

Masagwa ang kaasalan, ang nagbabangayan ay nagkakasalungat-salungat at naghihidwaan. **Ash-Shakk (Pagdududa)**

Ang pagkapatas at ang pagkakapantayan ng magkasalungat sa hinuha sa ganang tao. **Ash-Shakl (Kaanyo)**

Ang pagkakatularan sa hugis at anyo. **Ash-Shākilah (Pamamaraan)**

Pag-uugali, pamamaraan, at doktrina. **Ash-Shikāyah (Paghihinaing)**

Pagpapabatid ng ikinalulungkot at ikinasasama ng loob. **Mishkāh (Suksukan)**

Siwang na hindi tumatagos. **Ash-Shamātah**

Pagkatuwa dahil sa kasawian ng inaaway mo at umaaway sa iyo. **Ash-Shamkh (Katayugan)**

Kataasan. **Al-Ishmi'zāz (Pagmamaliit)**

Pag-ayaw at pag-urong. **Ash-Shams (Araw)**

Ipinantatawag sa espera [sa langit] at tanglaw na lumalaganap buhat doon. **Ishtamala**

Naglaman. **Ash-Shimāl (Kaliwa)**

Katapat ng kanan. **Ash-Shana' (Suklam)**

Pagkamuhi. **Ash-Shihāb (Bulalakaw)**

Liyab na nagningning mula sa nagniningas na apoy. **Ash-Shahādah (Pagsaksi)**

Pagkadalo kasama ng pagkatestigo. **Ash-Shāhid (Tagasaksi)**

Tagatestigo sa anuman. **Ash-Shahīd (Ang Saksi)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Shahīd (Saksi) ay ang nakababatid sa mga bagay at walang nakalilingid sa Kanya na anuman, ang nakaririnig sa lahat ng

mga tunog at walang naikukubli sa Kanya na tunog, ang nakasaklaw sa bawat bagay sa kaalaman at nakasaksi para sa mga lingkod Niya at laban sa mga lingkod Niya sa anumang ginawa nila. Ang "nakasaksi si Allāh" ay may kahulugang nakaalam Siya, nagtala Siya, nagtadhana Siya, naghayag Siya, at naglinaw Siya. **Ash-Shahr (Buwan)**

Yugtong tinatakdaan ng pagsapit ng bagong buwan. **Ash-Shahīq (Singhot)**

Pagbawi ng hininga nang may tunog. **Ash-Shahwah (Pagnanasa)**

Pagkahilig ng sarili sa ninanais nito. **Ash-Shawb**

Halo. **Ash-Shūrā (Sanggunian)**

Paghango ng pananaw sa pamamagitan ng pagsangguni sa isa't isa. **Ashāra (Tumuro)**

Nagpahiwatig sa pamamagitan ng kamay o mata o kilay. **Ash-Shawād**

Purong lagablab na walang usok. **Ash-Shawk (Tinik)**

Ang manipis at matigas ang dulo nito mula sa halaman. Ipinampapahayag ang shawkah (pang-isahan ng shawkh) sa sandata at lakas. **Ash-Shawy (Ihaw)**

Pagluto ng karne at pinakamadalas na ginagamit ito sa pag-ihaw sa apoy. **Ash-Shawā (Mga anit, mga biyas)**

Mga biyas gaya ng kamay at paa. **Ash-Shay' (Bagay)**

Ang naangkop na malaman at maipananaguri. **Al-Mashī'ah (Kalooban)**

Kabilang sa kahulugan ng pagnanais. **Ash-Shayb (Uban)**

Kaputian ng buhok. **Ash-Shaykh**

Ipinantatawag sa sinumang tumanda sa edad. **Shayyada (Pinatatag)**

Iniangat. Ang pinatatag ay ang ipinatayo sa pamamagitan ng argamasang pinatibay. **Ash-Shī'ah (Kampihan)**

Ang mga ipinampapalakas ng tao at nagpapalaganap [ng adhikain] para sa kanya. **Ang Salita**

Aklat Şād

Ang Kahulugan **Aş-Şābi'ūn (Mga Sabeo)**

Mga taong nasa relihiyon ni Noe. Tinawag na Sabeo ang bawat lumalabas mula sa relihiyon papunta sa isang iba pang relihiyon. **Aş-Şabb (Pagbuhos)**

Pagbububo ng tubig mula sa itaas. **Aṣ-Ṣubḥ (Madaling-araw)**

Simula ng maghapon, ito ang oras na namumula ang abot-tanaw sa gilid ng araw. **Aṣbaḥa**

Naging. **Al-Miṣbāḥ (Ilawan)**

Sulo. **Aṣ-Ṣabr (Pagtitiis)**

Pagpipigil ng sarili ayon sa hinihiling ng pag-iisip at kapahayagan. **Al-Iṣbā` (Daliri)**

Isang katawagang ipinantutukoy sa mga buto, mga kuko, mga dulo, mga laman, at mga kasukasan nang magkakasama. **Ṣibgh**

Ang ipinantitina at ipinagkukulay. **Aṣ-Ṣabīy (Paslit)**

1. Ang sinumang hindi pa umabot sa pagbibinata o pagdadalaga; 2. Pagkahilig at pananabik. **Ṣabā (Humilig)**

Kumiling. **Aṣ-Ṣāḥib (Kasamahan)**

Ang umuugnay maging isang tao man o isang hayop man o isang lugar man o isang panahon. **Aṣ-Ṣaḥīfah (Pahina, kalatas)**

Ang sinusulatan. **Aṣ-Ṣākhkhah (Pagtili)**

Katindihan ng tinig na may pagbigkas. **Aṣ-Ṣakhr**

Matigas na bato. **Aş-Şudūd (Pagsagabal)**

Pagkabaling palayo sa anuman at pagkapigil dito. **Aş-Şadīd (Nana)**

Ang nakaharang na naknak sa pagitan ng laman at balat. **Aş-Şadr (Dibdib)**

Ang nasa pagitan ng tiyan at leeg ng katawan, pagkatapos hiniram ito para sa pagtukoy ng simula ng bagay gaya ng simula ng daluyan, simula ng pagtitipon, at simula ng aklat at pananalita. **Şadara (Humayo)**

Kabaliktaran ng warada (dumating): umiwas sa lugar matapos ng pagdating doon. **Aş-Şad` (Bitak)**

Biyak sa mga matigas na bagay gaya ng salamin, bakat, at tulad ng mga ito.

Buhat dito hiniram ang: şada` -l-amru, nangangahulugang: pinagpasyahan. **Şadafa (Lumihis)**

Umayaw nang matinding pag-ayaw. **Aş-Şidq (Katapatan)**

Pagkasang-ayon nang sabay ng pakubling sinasabi at ipinababatid. **Aş-Şadāqah (Pagkakaibigan)**

Katapatan ng paniniwala sa pagmamahal. **Aş-Şadaqah (Kawanggawa)**

Ang ibinibigay ng tao mula sa yaman niya bilang pampalapit-loob [kay Allāh] gaya ng zakāh. **Aṣ-Ṣadāq (Bigay-kaya)**

Ang ibinibigay sa babae na dote niya. **Aṣ-Ṣadā (Alingawngaw)**

Tunog na bumabalik sa iyo mula sa bawat lugar na makinis. **Aṣ-Ṣarḥ (Tore)**

Mataas na pinalamutiang bahay na tinawag na gayon bilang pagsasaalang-alang sa pagiging ito ay dalisay sa bahid. **Aṣ-Ṣurākh (Pagtili)**

Matinding tunog. **Aṣ-Iṣrār (Pagpupumilit)**

Pagtitika sa anuman, pagpapakatindi rito, at pagpipigil sa pagkalas buhat dito. **Aṣ-Ṣarrah (Paghihiyaw)**

Sigaw. **Aṣ-Ṣarṣar (Nangangalit na malamig na hangin)**

Matinding hangin dahil sa taglay nito na kalamigan at katindihan ng tunog. **Aṣ-Ṣirāt (Landasin)**

Daang matuwid. **Aṣ-Ṣar` (Buwal)**

Bulagta. **Aṣ-Ṣarf (Pagpapalihis)**

Paglipat ng isang bagay mula sa isang kalagayan papunta sa isang kalagayan o pagpapalit dito ng iba pa. **Aṣ-Ṣarm (Pagpitas)**

Pagputol. **Aṣ-Ṣarīm**

Isang kaputol na napitas buhat sa buhangin.
Aṣ-Ṣu`ūd (Pag-akyat)

Pagpunta sa mataas na lugar. **Aṣ-Ṣa`īd**

Ipinantatawag sa balat ng lupa. **At-Taṣ`īr
(Pag-iiwas)**

Pagkiling sa leeg, pagpapakiling nito palayo sa
tingin dala ng pagmamalaki. **Aṣ-Ṣā`īqah (Lintik)**

Malaking lagapak at matinding tunog mula sa
himpapawid, pagkatapos mula rito ay may apoy o
may parusa o may kamatayan samantalang ito sa
sarili nito ay iisang bagay at ang mga bagay na iyon
ay mga pag-epekto mula rito. **Aṣ-Ṣighar
(Kaliitan)**

Kabaliktaran ng kalakihan. **Aṣ-Ṣaghw**

Pagkiling sa pagdinig. **Aṣ-Ṣafḥ
(Pagpapalampas)**

Pagwaksi ng paninisi, na higit na malalim
kaysa sa pagpapaumanhin. **Al-Aṣfād**

Mga posas. **Aṣ-Ṣufrah (Kadilawan)**

Isang kulay kabilang sa mga kulay. **Aṣ-Ṣafṣaf**

Lupang makinis na patag na walang halaman
dito. **Aṣ-Ṣaff (Hanay)**

Paglalagay ng anuman sa isang tuwid na linya
gaya ng mga tao, mga punong-kahoy, at tulad
niyon. **Aṣ-Ṣafn**

Pagbubuklod ng dalawang bagay sa pagsasama ng isa't isa sa dalawa, gaya ng pagbubuklod ng kabayo ng mga paa nito. **Aş-Şafā (Lantay)**

Ang orihinal na kahulugan ng kalantayan ay ang kawagasan ng bagay sa pagkabahid at kabilang dito ang pagtaguri ng şafā sa baong lantay. **Aş-Işţifā' (Paghirang)**

Pagpili at paghalal. **Aş-Şafwān**

Batong makinis. **Aş-Şakk (Pagtampal)**

Pagsasalubungan ng dalawang bagay nang may katindihan hanggang sa para bang ang isa sa dalawa ay pumapalo sa isa pa. Kapag ginamit ito sa pinto, nangangahulugan ito ng pagsara nang may karahasan. **Aş-Şulb (Gulugod)**

Matindi at sa pagsasaalang sa katigasan at katindihan, tinawag ang likod bilang şulb (gulugod). **Aş-Şalb (Pagpapako sa krus)**

Pagbitay sa tao sa krus para patayin. **Aş-Şalāh (Kaayusan)**

Kabaliktaran ng kasiraan. **Aş-Şulh (Pag-aayos)**

Pag-aalis ng pagsusuklaman sa pagitan ng mga tao. **Aş-Şabb (Hantad)**

Batong matigas. **Aş-Şalşāl (Kumakalansing na luwad)**

Tuyong putik. **Aş-Şalāh (Dasal)**

Pagdalangin, itinataguri ito ayon sa batas sa pagsasagawa ng pagyukod, pagpapatirapa, at sa nalalabi sa mga konteksto ng şalāh. **Aş-Şaly**

Pagsunog sa apoy. **Aş-Şamt (Pananahimik)**

Pagtahimik. **Aş-Şamad (Ang Dulugan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Şamad (Dulugan) ay ang Soberano na sumukdulan ang soberanya Niya at dumudulog sa Kanya ang mga nilikha. **Aş-Şawma`ah (Monasteryo)**

Bawat estrukturang nagdidikitan ang bubungan, na bahay ng pagsamba sa ganang mga Kristiyano. **Aş-Şamam (Pagkabingi)**

Pagkawala ng pandama ng pagdinig. **Aş-Şun` (Pagyari)**

Pagpapahusay ng paggawa kaya ang bawat paggawa ay pagyari at hindi ang bawat paggawa ay pagyari. **Aş-Şanam (Anito)**

Estatwang ginawa mula sa pilak o tanso o kahoy na sinasamba habang nagpapakalapit-loob sa pamamagitan nito kay Allāh (napakataas Siya). **Aş-Şinw**

Sangay na lumalabas mula sa tinutubuan ng punong-kahoy. Ang pandalawahan nito ay şinwāni

at ang pangmaramihan nito ay şinwān. **Aş-Şihr (Kamag-anak sa pag-aasawa)**

Ang mag-anak ng maybahay ay tinatawag na mga şihr. Nagsabi si Ibnu Al-`Arabī: Ang işhār ay pagpapakarelasyon sa pamamagitan ng isang pagkakapitbahay o isang kaangkan o isang pag-aasawa. **Aş-Şahr (Paglusaw)**

Pagtunaw. **Aş-Şawāb (Tama)**

Paglalapag ng sinasabi o ginagawa sa lagayan nito at kinalalagyan nito alinsunod sa hinihiling ng pagkaunawa at kapahayagan, na kasalungatan ng mali. **Aş-Şayyib**

Ulan. **Aş-Şawt (Tunog, tinig)**

Kompresyon ng hangin resulta ng pagkasagian ng dalawang bagay. **Aş-Şūrah (Anyo, larawan)**

Ang ipinanghuhugis sa mga bagay at ikinatatangi niya sa iba pa. **Al-Muşawwir (Ang Tagapag-anyo)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Muşawwir (Tagapag-anyo) ay ang nag-aanyo sa lahat ng mga umiiral at nagsasaayos sa mga ito sapagkat nagbigay Siya sa bawat bagay kabilang sa mga ito ng isang anyong natatangi at isang pormang namumukod-tangi. **Aş-Şūr (Tambuli)**

Sungay na ihip dito si Anghel Isrāfīl sa Araw ng Pagbangon. **Aṣ-Ṣuwā` (Tason)**

Lalagyan na ipinang-iinom o ipinantatakal. **Aṣ-Ṣūf (Lana)**

Buhok na bumabalot sa balat ng tupa. **Aṣ-Ṣawm (Ayuno)**

Ang pagpigil sa gawain, pagkain man o pagsasalita man o paglalakad. **Aṣ-Ṣayḥah (Hiyaw)**

Pagtaas ng tinig. **Aṣ-Ṣayd (Pangangaso, panghuhuli)**

Pagkuha ng mahuhuli na kabilang sa mahirap mahuli. **Aṣ-Ṣīr**

Bitak. **Ṣāra (Naging)**

Pagbabagong-anyo mula sa isang kalagayan papunta sa isa pa. **Aṣ-Maṣīr (Kahahantungan)**

Kinawakasan at kinahinatnan. **Aṣ-Ṣayaṣiy (Mga balwarte)**

Mga kuta. **Aṣ-Ṣayf (Tag-init)**

Panahong katapat ng taglamig. **Ang Salita**

Aklat Ḍād

Ang Kahulugan **Aḍ-Ḍa'n**

Ang may lana kabilang sa mga kambing. **Ad-Ḍabḥ (Hingal)**

Tunog ng mga paghinga ng kabayo. **Ḍaj` (Higaan)**

Pagdikit sa lapag ng tagiliran. Ang maḍja` (higaan) ay ang lugar nito. **Ad-Ḍaḥik (Pagtawa)**

Pagkaaliwalas ng mukha at pagkalantad ng mga ngipin dahil sa pagkagalak ng sarili. **Ad-Ḍuḥā (Kaumagahan)**

Pagkasikat ng araw at pagpasok ng maghapon sa pagitan ng pagsikat at paglihis ng araw sa katanghaliang-tapat. **Ad-Ḍidd (Katunggali)**

May nagsabi: Ang magkatunggali ay ang dalawang panig na nasa ilalim ng iisang uri. Nagsasalungatan ang bawat isa sa dalawa sa isa kaugnay sa mga natatanging paglalarawan nito. Nasa pagitan ng dalawa ang pinakamalayong pagkakalayo gaya ng kaitiman at kaputian at kasamaan at kabutihan. **Ad-Ḍarb (Palo)**

Pagpapatama ng isang bagay sa isang bagay gaya ng pagpalo sa isang bagay ng kamay o patpat o tabak o tulad ng mga ito. **Ad-Ḍurr (Kapinsalaan)**

Kasamaan ng kalagayan, na maaaring sa sarili dahil sa kakauntian ng kaalaman, kainaman, at kalinisang-puri; maaaring sa katawan dahil sa kawalan ng isang bahagi at kakulangan nito; at

maaaring sa katayuang panlabas dahil sa kakauntian ng yaman o prestihiyo. **Al-Idṭirār (Pagkanapilitan)**

Pagkadulot sa paggawa ng isang bagay na nakapipinsala. **At-Taḍarru` (Pagpapakumbaba)**

Pagmamababa, pagpapakaaba, at pangangayupapa, at ang pinakamadalas na paggamit ay nasa natatagpuan sa puso. **Ad-Ḍarī`**

Pagkain ng mga maninirahan sa Impiyerno. Sinabing ito ay tuyot ng shibraq (isang matinik na halaman) o isang pulang halamang masangsang ang amoy na itinatapon ng dagat. **Ad-Ḍa`f (Kahinaan)**

Kasalungatan ng kalakasan. **Ad-Ḍi`f (Ibayo)**

Pagdagdag sa anuman ng tulad nito. **Ad-Ḍighth (Bungkos)**

Isang tungkos ng balanoy o damo o patpat, na ang pangmaramihan nito ay adghāth. **Ad-Ḍighn (Poot)**

Matinding pagkamuhi. **Ad-Ḍifda` (Palaka)**

Hayop na ampibyo. **Ad-Ḍalāl (Pagkaligaw)**

Paglihis sa daang matuwid at nakasasalungat ng kapatnubayan. **Ad-Ḍāmir (Yayat)**

Ang dāmīr sa kabayo [o kamelyo] ay ang kaunti ang laman dahil sa mga gawain hindi dahil sa kapayatan. **Ad-Ḍamm (Pagdikit)**

Pagsasama sa dalawang bagay o higit pa. **Ad-Ḍank (Hikahos)**

Masikip. **Ad-Ḍann (Kasakiman)**

Karamutan sa mamahaling bagay. **Ad-Muḍāhāh (Pagparis)**

Pakakahawig. **Ad-Ḍaw' (Tanglaw)**

Ang lumalaganap mula sa mga materyal na nagliliwanag. **Ad-Ḍayr**

Kapinsalaan. **Ad-Ḍa'n (Kapos)**

Kulang. **Ad-Ḍayā` (Pagsayang)**

Pagkawala ng anuman, pagkaalis nito, at pagkasawi nito. **Ad-Ḍayf (Panauhin)**

Ang orihinal na kahulugan ng ḍayf (panauhin) ay ang pagkiling. Ang panauhin ay ang sinumang kumikiling sa iyo, na nanunuluyan sa iyo. **Ad-Ḍīq (Kasikipan)**

Kabaliktaran ng kaluwagan. **Ang Salita**

Aklat Ṭā'

Ang Kahulugan **Ṭālūt (Saul)**

Isang pangalang di-Arabe. **Aṭ-Ṭab` (Pagtatak, pagpinid)**

Paglimbag sa bagay ng isang anumang larawan gaya ng pagtatak sa barya at paglimbag ng mga salapi. **Aṭ-Ṭabq (Patong)**

Paglalagay ng isang bagay sa ibabaw ng isa pa ayon sa sukat nito, mula rito ang pandiwang: Ṭābaqtu -nna`la (Umangkop ako sa sapatos). **Aṭ-Ṭahw (Pagkalatag)**

Pagladlad ng bagay at pag-usad dito. **Aṭ-Ṭarḥ (Pagtapon)**

Pagpukol ng bagay at pagpapalayo nito. **Aṭ-Ṭard (Pagtaboy)**

Paggambala at pagpapalayo ayon sa pamamaraan ng pagmamaliit. **Aṭ-Ṭaraf (Panig)**

Ang ṭaraf (panig) ng bagay ay ang gilid nito. Ginagamit ito sa mga bagay, mga oras, at iba pa sa mga ito. **Aṭ-Ṭarīq (Daan)**

Landas na tinatapakan ng mga paa, ibig sabihin: nilalakbayan. **Aṭ-Ṭarīq (Tagapunta sa gabi)**

Ang dumarating sa gabi. **Aṭ-Ṭarīy**

Malambot na sariwa. **Ṭa`m (Pagkain)**

Pagkunsumo ng pagkain. **Aṭ-Ṭa`ām (Pagkain)**

Ang kinukunsumo. **Aṭ-Ṭa`n (Pagsaksak)**

Pagtusok sa pamamagitan ng sibat o sungay at anumang nakawawangis ng mga ito. **At-Ṭughyān (Pagmamalabis)**

Paglampas sa hangganan sa pagsuway. **At-Ṭāghūt (Tagapagpalabis-labis)**

Isang katawagan sa bawat tagalabas gaya ng manggagaway at tagapagpalihis palayo sa daan ng kabutihan. **Ṭafa'a (Naapula)**

Naapula ang apoy, ibig sabihin: namatay ito. **Ṭaffafa (Nag-umit-umit)**

Nagpakaunti ng sukat ng tinatakalan sa kalubusan nito at paglulubus-lubos nito. **Ṭafiqa (Nagsimula)**

Ginagamit ito sa positibong pangungusap hindi sa negatibo. Hindi sinasabing: Lā ṭafiqa ... (Hindi nagsimula ...). **At-Ṭifl (Bata)**

Ang bata hanggat malambot pa. **At-Ṭalab (Paghiling)**

Pagsiyasat sa kairalan ng anuman, kongkreto man o abstrakto. **At-Ṭalh**

Puno [ng saging]. **Ṭala`a (Lumitaw)**

Lumantad at tumambad. **At-Ṭalāq (Diborsiyo)**

Ang orihinal na kahulugan ng ṭalāq (diborsiyo) ay ang pagpapalaya sa kasunduan. **Al-Inṭilāq (Paghayo)**

Pagsulong nang walang mga balakid. **Aṭ-Ṭall (Ambon)**

Pinakamahinang ulan, may roon itong kaunting bakas. **Aṭ-Ṭamth**

Dugo ng pagrereгла at pagdodonselya. **Aṭ-Ṭams (Pagpawi)**

Pag-alis ng bakas sa pamamagitan ng pagbura. **Aṭ-Ṭam` (Paghahangad)**

Pagkahilig ng sarili sa isang bagay dala ng pagnanasa rito. **Aṭ-Ṭamm (Pag-uumapaw)**

Nag-umapaw (ṭamma) ang balon sa alikabok kapag nakapuno nito at nakapantay rito. Nag-umapaw ang pangyayari kapag nangibabaw ito at nanaig ito. Tinawag ang Araw ng Pagbangon [ng mga patay] bilang Ṭammah (Tagapag-umapaw) dahil doon. **Aṭ-Ṭuma'nīnah**

Katahimikan matapos ng pagkagambala. **Aṭ-Ṭāhir (Dalisan)**

Ang hindi na nasaling ng isang karumihan. **Aṭ-Ṭawd**

Dambuhalang bundok. **Aṭ-Ṭūr**

Pagpapalawig sa bawat anuman na lugar o panahon. Mula rito hinango ang pangalan ng Bundok ng Sinai. **Aṭ-Ṭaw` (Talima)**

Pagpapaakay. Sumasalungat dito ang suklam. **Aṭ-Taṭawwu` (Pagkukusang-loob)**

Pagpapakahirap sa pagtalima. Ito sa nakaugaliang pagkaunawa ay ang pagboboluntaryo ng hindi inoobliga gaya ng pagkukusa sa pagsamba. **Aṭ-Ṭawf (Ikot)**

Paglalakad sa paligid ng isang bagay. **Aṭ-Ṭā'ifah (Pangkatin)**

Grupo ng mga tao. **Aṭ-Ṭūfān (Gunaw)**

Malakas na baha. **Aṭ-Ṭāqah (Lakas)**

Isang katawagan sa saklaw ng maaari sa tao na gawin niya nang may hirap. **Aṭ-Ṭawq (Kulyar)**

Ang orihinal na kahulugan ng ṭawq (kulyar) ay ang inilalagay sa leeg. **Aṭ-Ṭūl (Haba, tagal)**

Kasalungatan ng ikli. Ito ay ang lumawig sa panahon o mga bagay. **Aṭ-Ṭawl (Kaparaanan)**

Kainaman at kabutihang-loob. **Aṭ-Ṭayy (Pagtupi)**

Kabaliktaran ng paglatag. **Ṭuwā**

Pangalan ng lambak na binanal. **Aṭ-Ṭayyib (Kaaya-aya)**

Kabaliktaran ng karima-rimarim. **Ṭūbā (Kagalakan)**

Pangalan ng isang punong-kahoy sa Paraiso. **Aṭ-Ṭayyib (Ang Kaaya-aya)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ṭayyib (Kaaya-aya) ay ang pinawalang-kinalaman sa mga kakulangan. **Aṭ-Ṭā'ir (Ibon)**

Bawat may pakpak na lumalangoy sa hangin. **Aṭ-Ṭiyarah (Pag-uugnay ng kamalasan)**

Bawat anumang itinuturing na suwerte at itinuturing na malas. **Mustaṭīr (Maglilipana)**

Lumalaganap o kumakalat. **Aṭ-Ṭīn (Putik)**

Ipinaghalong alabok at tubig. **Ang Salita**

Aklat Ḍā'

Ang Kahulugan **Ad-Ḍa`n (Paglalakbay)**

Pagbiyahe mula sa isang lugar papunta sa isa pang lugar. **Ad-Ḍufur (Kuko)**

Matigas na takip ng dulo ng mga daliri. **Ad-Ḍafar (Panalo)**

Pagwagi. **Ad-Ḍill (Anino)**

Ang ḍill (lilim) ay kabaliktaran ng ḍaḥḥ (nasinagan). Ito ay higit na pangkalahatan kaysa

sa fay' (anino) sapagkat tunay na sinasabi: lilim ng gabi at lilim ng Paraiso. Ipinantatawag ang lilim sa bawat puwesto na hindi naabot ng araw at hindi ipinantatawag ang anino kundi sa anumang lumihis doon ang araw. **Dalla (Nanatili)**

Nagpatuloy. **Ad-Dulmah (Kadiliman)**

Kawalan ng liwanag. **Ad-Dulm (Kawalang-katarungan)**

Paglalagay ng anuman sa hindi puwesto nitong natatangi rito, na maaaring dahil sa pagkakulang o dahil sa karagdagan at maaaring dahil sa pagkalahis sa oras nito at lugar nito. **Ad-Dama'**

Uhaw. **Ad-Dann (Pagpapalagay)**

Pagdududa. **Ad-Danin (Pinagpapalagayan)**

Pinaghihinalaan. **Ad-Dahr (Likod)**

Bahagi ng katawan na, humaharap sa tiyan at dibdib. Itinataguri ito sa lakas at pamumuno. **Dahir (Mapagtaguyod)**

Tagatulong. **Ad-Dahirah (Tanghali)**

Oras ng pinakahayag sa mga oras ng maghapon at pinakamaliwanag. **Ad-Dihar**

Pagsasabi ng lalaki sa maybahay niya: Ikaw para sa akin ay gaya ng likod ng ina ko. **Dahara (Lumantad)**

Lumitaw at tumambad. **Ad-Dāhir (Ang Nakaiibabaw)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Dāhir (Nakaiibabaw) ay ang wala sa ibabaw Niya na anuman. **Ang Salita**

Aklat `Ayn

Ang Kahulugan **Al-`Ib'**

Bigat. **Al-`Abath (Kawalang-kabuluhan)**

Paghahalo ng paglalaro sa paggawa. **Al-`Ibādah (Pagsamba)**

Pagtalima kasama ng pagpapaakay, pag-ibig, pagpapababa, at pagpapakaaba-aba. **Al-`Ubūr (Pagtawid)**

Paglampas mula sa isang kalagayan papunta sa isa pang kalagayan. **At-Ta`bīr (Pagpapahayag)**

Natatangi sa pagpapakahulugan sa panaginip. **Al-`Ibrah (Maisasaalang-alang)**

Ang i`tibār (pagsasaalang-alang) at ang `ibrah (maisasaalang-alang) ay ang kalagayang naipantatamo ng hindi nasasaksihan mula sa pagkakaalam ng nasaksihan. **Al-`Abūs (Mapagsimangot)**

Mapagkunot ng mukha dahil sa paninikip ng kalooban. **Al-`Abqariy**

Mga karpét na makakapal mula sa `Abqar, na isang nayon sa Yemen, na binuburdahan doon ang mga damit at ang mga karpét kaya ito ay naging isang paghahalimbawa sa bawat nauugnay sa isang bagay na magara. **Al-`Atab (Paninisi)**

Pagtatanghal ng kabagsikan na nariyan sa dibdib. **`Atuda (Nalaan)**

Naimbak ang bagay bago ng pangangailangan dito. **Al-`Atīd (Nakalaan)**

Nakadalong malapit. **Al-`Atīq (Matanda)**

Ang nauna sa panahon o lugar o antas. **Al-`Atl (Kaladkad)**

Paghawak sa mga pinagsasalubungang bahagi ng anuman at paghila nang puwersahan. **Al-`Utull (Masiba)**

Palakaing mapagkait na kumakaladkad sa isang kaladkad. **Al-`Utūw (Pagpapakasutil)**

Pagmamalaki laban sa pagtalima. **Al-`Uthūr (Paglagpak, pagkasumpong)**

Lumagpak ang lalaki kapag bumagsak siya. Ipinantutukoy sa sinumang nakabatid sa isang bagay nang walang paghahanap niya. **Al-`Ithīy**

Ang `ayth ay kadalasang sinasabi kaugnay sa kasiraang nauukol sa pisikal samantalang ang `ithīy ay sa nauukol sa abstrakto. **Al-`Ajab (Pagtataka)**

Isang kalagayang dumadapo tao sa sandali ng kawalang-kaalaman dahil sa isang bagay, pagkabigla, at pagkagulat dahil sa kawalan ng inaasahang tulad ng pangyayaring ito. **Al-`Ajz (Kawalang-kakayahan)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagkahuli sa paggawa ng isang bagay. **A`jāz (Mga tuod)**

Ang a`jāz ng mga tao ay ang mga hulihan nila. Dito iwinangis ang hulihan ng iba pa. Ang a`jāz ng mga punong datiles ay ang mga ibabang bahagi ng mga ito matapos ng pagkaputol ng mga sanga ng mga ito. **Al-`Ajūz**

Matandang babae. **Al-`Ijāf (Yayat)**

Manipis dahil sa kapayatan, mula sa sabi nilang naşl a`jaf: patalim na manipis. **Al-`Ajalāh (Pagmamadali)**

Paghiling ng anuman at paghahangad nito bago ng mga panahon nito. Ito ay kabilang sa hinihiling ng pagnanasa. **Al-`Ujmāh (Kalabuan)**

Kasalungatan ng ibānah (pagpapakalinaw) at ang i`jām ay ang pagpapakalabo. **Al-`Adad (Bilang)**

Mga isang pinagsasama. **Al-`Add (Pagbilang)**

Pagsasama ng mga bilang sa isa't isa. **Al-`Iddāh**

Ang `iddah ng babae ay ang mga araw na sa pagtatapos na mga ito napahihintulutan para sa kanya ang pag-aasawa. **Al-ʾdād**

Paghahanda ng anuman. **Al-ʾAdas (Mga lentiha)**

Isang uri ng mga butil. **Al-ʾAdālah (Katarungan)**

Pagkakapantay-pantay. **ʾAdn (Eden)**

Pagtigil at pamamalagi. **Al-ʾAdāwah (Pagkakaaway)**

Paglampas at pagwawala ng pagkakatugma sa mga puso. **Al-ʾUdwān (Pangangaway)**

Tahasang kawalang-katarungan. **Al-ʾAdw**

Pagtakbo **Al-ʾUdwah (Pangpang)**

Gilid ng lambak at bingit nito. **Al-ʾAdhb (Tabang)**

Kaaya-ayang malamig na tubig tabang. **Al-ʾAdhāb (Pagdurusa)**

Matinding pagpapasakit. **Al-ʾUdhr (Maidadahilan)**

Paghahanap ng tao ng ipampapawi niya sa mga pagkakasala niya. **Al-ʾArab (Mga Arabe)**

Mga anak ni Propeta Ismael. Ang Aʾrāb ay pangmaramihan nito sa orihinal na pagkakagamit

at iyon ay naging isang pantawag sa mga naninirahan sa ilang. **Al-`Arabīy (Arabe)**

Matatas na malinaw sa pananalita. **Al-`Urūj (Pagpanik)**

Pagpunta sa pag-akyat. **Al-Ma`ārij (Mga pampanik)**

Mga pang-akyat. **Al-`Araj (Pagkapilay)**

Pagkakalakad na hindi tuwid dahilan sa isang depekto sa isa sa mga paa. **Al-`Ujūn (Buwig)**

Tangkay kapag natuyot at bumaluktot. **Al-Mu`tarr (Nagpapalimos)**

Dumaranas ng panghihingi. **Al-Ma`arraḥ (Pinsala)**

Kapinsalaan. **Al-`Arsh (Trono)**

Sa orihinal na kahulugan: bagay na binubungan. Ito ay upuan ng hari. **Al-`Ard (Lapad)**

Kasalungatan ng haba. Ang orihinal na kahulugan nito ay na itawag ito sa mga pisikal na bagay, pagkatapos gamitin ito sa iba pa sa mga iyon. **`Araḍa (Naglahad)**

Naglantad. **A`raḍa (Umayaw)**

Bumaling na nagpapakita ng gilid niya. **Al-`Ārid**

Pangyayaring lumilipas. **Al-`Urḍah (Balakid)**

Ang ginagawang tagaharang ng isang bagay.
Al-`Araḍ (Mahihita)

Anumang hindi nagkakaroon ng isang pamamalagi gaya ng natatamasa. **At-Ta`rīḍ (Pagpapahiwatig)**

Pananalitang may dalawang mukha na katapatan at kasinungalingan o lantaran o pakubli.
Al-Ma`rifah (Pagkakilala, Pagkakaalam)

Pagkatanto sa anuman sa pamamagitan ng pag-iisip-isip at pagninilay-nilay sa epekto nito. Ito ay higit na partikular kaysa sa kaalaman at sumasalungat dito ang pagkakaila. **Al-Ma`rūf (Nakabubuti)**

Ang ma`rūf(nakabubuti) ay bawat anumang nakikilala ang kagandahan nito sa pag-unawa o kapahayagan. Ang munkar (nakasasama) ay [bawat] anumang ikinakaila ang kagandahan nito sa dalawang nabanggit. **Al-A`rāf (Mga tuktok)**

Mga pader sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno.
Al-Ī`tirāf (Pag-amin)

Pag-ako. Ang orihinal na kahulugan nito ay ang paghahayag ng pagkakilala sa pagkakasala. Iyon ay kasalungatan ng pagkakaila. **Al-`Arim**

Masungit at mahirap sa kaasalan, na lumilitaw sa gawain. **Ī`tarāka (Nagpasapit sa iyo)**

Nagpatama sa iyo. **Al-`Urwah (Hawakan)**

Ang ipinangkakabit sa gilid. **Al-`Ury
(Pagkahubad)**

Kasalungatan ng pagkasuot. **Al-`Arā'
(Kahawanan)**

Lugar na walang takip. **Al-`Āzib**

Ang nagpakalayu-layo sa mga tao niya dahil sa paghahanap ng kumpay. **At-Ta`zīz (Pagkatig)**

Ang pag-aadya kasama ng pagdakila. **Al-`Izzah
(Kapangyarihan)**

Kalagayang naghahadlang sa tao na madaig siya. **Al-`Azīz (Ang Makapangyarihan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang `Azīz (Makapangyarihan) ay ang lumulupig at hindi nalulupig at ang tagadaig na hindi nadadaig. **Al-A`azz
(Pinakamakapangyarihan) Al-`Uzzā**

Pangalan ng isang anito. **Al-`I`tizāl
(Pagbubukod)**

Pag-iwas sa anuman sa isang paggawa man ito o isang pagwawalang-kaugnayan o iba pa sa mga ito, sa katawan man iyon o sa puso. **Al-`Azm
(Pasya)**

at Al-`Azīmah (Pagpapasya): pagtitika ng puso sa pagsasakatuparan ng usapin. **`Izīn (Magkakahiwalay na umpukan)**

Mga grupong nasa pagkakahiwa-hiwalay. **Al-`Usr (Hirap)**

Katindihan at kahirapan, na kabaliktaran ng yusr (ginhawa). **`As`asa (Bumalik-balik)**

Dumating at umalis. Iyon ay pagsisimula ng gabi at pagwawakas nito. **Al-`Asal (Pulut-pukyutan)**

Laway ng bubuyog. **`Asā (Marahil)**

Pagmimithi at paghahangad. **Al-`Asharah (Sampu)**

Bilang. **Al-`Ishār**

Pangmaramihan ng `ashrā', ito ay ang inahing kamelyo na umabot sa sampung buwan sa pagbubuntis nito. **Al-`Ashīrah (Angkan)**

Mga kaanak ng lalaki, na nagpapapakarami siya ng lakas sa pamamagitan nila. **Al-`Ishrah (Pakikihalubilo)**

Pakikihalo, pakikilahok, at pakikisama. **Al-`Ashiy**

Mula sa paglihis sa katanghaliang-tapat ng araw hanggang sa umaga. **Al-`Ishā' (Gabi)**

Mula sa oras ng dasal sa maghrib hanggang sa tuluyang pagdilim. **Al-A`shā**

Sinumang dumaranas sa mata ng paninilim. **Al-`Uṣbah (Kapisanan)**

Isang grupong nagkakapisang nag-aayudahan. **Al-`Aṣīr**

Ang `aṣīr ay katas at ang `uṣārah (pinagkatasan) ay latak ng kinakatas. **Al-`Aṣr**

Panahon at hapon at mula rito ang dasal sa `aṣr (hapon) **Al-Mu`ṣirāt (Mga dagim)**

Mga ulap na nakakatasan ng ulan, na nangangahulugang: nagbubuhos nito. **Al-I`ṣār (Buhawi)**

Hanging bumubulabog ng alikabok. **Al-`Aṣf**

Ang tinutuklap mula sa pananim. Tinatawag din na `aṣf ang mga nagkadurug-durog na piraso ng halaman. **Al-`Aṣm (Pagsanggalang)**

Pagkapit at pagpapasanggalang: pangungunyapit. **Al-`Iṣmah (Pananggalang)**

Panangga, pananggol, pangangalaga. **Al-`Aṣā (Tungkod)**

Baston na dinadala para sandalan sa sandali ng paglakad. **Al-`Iṣyān (Pagsuway)**

Paglabas sa pagtalima. **Al-`Aḍud (Bisig)**

Ang nasa pagitan ng siko hanggang sa balikat. **Al-`Add (Pagkagat)**

Pagsakmal sa pamamagitan ng mga ngipin. **Al-`Adl (Pagbalakid)**

Pagpigil at panggigipit. **`Idīn (Mga baha-bahagi)**

Winatak-watak. **Al-`Atf**

Itinatawag sa isang bagay kapag ibinaluktot ang isa sa magkabilang dulo nito sa kabila. **Al-`Aṭal**

Pagkawala ng gayak o paggana. **Al-`Aṭā' (Bigay)**

Pagkuha at pag-abot. **Al-Mu`ṭī (Ang Tagapagbigay)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Mu`ṭī (Tagapagbigay) ay nagbibigay sa sinumang niloloob Niya. **`Adm (Buto)**

Matigas na estruktura ng katawan, na binabalutan ng laman. **`Adīm (Sukdulan, dakila)**

Lubhang malaki. **Al-`Adīm (Ang Sukdulan, Ang Dakila)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), si Allāh ay ang dinadakila sa mga kalagayan sa kabuuan ng mga ito sa isang pagdakilang hindi idinidetalye, hindi

hinahangganan, at hindi itinutulad sa anuman, ang nailalarawan sa bawat katangian ng kakumpletuhan, na ukol sa Kanya mula sa kakumpletuhang iyon ang pinakakumpleto, ang pinakadakila, at ang pinakamalawak sapagkat sa Kanya ang kaalamang pumapaligid, ang kakayahang natutupad, ang kadakilaan, at ang kasukdulan. **Al-`Ifrit**

Kabilang sa mga jinn, ito ang mabagsik na karima-rimarim. **Al-`Iffah (Kahinhinan, kalinisang-puri)**

Pagkatamo ng isang kalagayan para sa sarili na nakapagpipigil sa pamamagitan nito sa pananaig ng pagnanasa. **Al-`Afw (Pagpapaumanhin)**

Pagpapapalampas, pagwaksi ng pagpaparusa, at pagpawi ng pagkakasala. **Al-`Afūw (Ang Mapagpaumanhin)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang `Afūw (Mapagpaumanhin) ay ang nagpapalampas sa mga pagkakasala at pumapawi sa mga ito. **Al-`Aqib (Sakong)**

Likuran ng paa. **Al-`Uqūbah (Kaparusahan)**

Ganti sa pagkakasala. **At-Ta`qīb**

Pagdating ng isang bagay matapos ng iba pang bagay. **Al-`Aqd**

Ang pagsasama sa mga dulo ng isang bagay. Ginagamit iyon sa mga matigas na bagay gaya ng lubid at estruktura, pagkatapos hiniram iyon sa ilang kahulugan tulad ng "kontrata" ng pagbebenta at "kasunduan." **Al-`Uqdah (Buhol)**

Pagkakatali. **Al-`Aqr**

Pagsugat. **Al-`Āqir (Baog)**

Babaing hindi nagbubuntis. **Al-`Aql (Isip, pagkaunawa)**

Ipinantatawag ito sa lakas na nakahanda sa pagtanggap ng kaalaman at ipinantatawag din ito sa kaalamang nakakukuha ng katuturan ang tao sa pamamagitan niyon. **Al-`Aqīm (Mapanira, baog)**

Katuyuang humahadlang sa pagtanggap ng epekto. Itinataguri rin ito sa hindi pagkakaanak. **Al-`Ukūf**

Pagtuon sa anuman at pamamalagi roon dala ng pagdakila doon. **Al-`Alaq (Kumakapit)**

Pagkapit sa isang bagay. **Al-`Alaqah (Malalinta)**

Dugong malapot at namuo mula rito na mabubuo rito ang bata. **Al-`Ilm (Kaalaman)**

Pagkatanto ng anuman ayon sa reyalidad nito. **Al-`Alam (Tanda)**

Tatak o palatanda na ipinangkikilala. **Al-`Alīm (Ang Maalam)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang `Alīm (Maalam) ay ang nakaaalam sa bawat anuman, na walang naikukubli sa Kanya na anuman. **Al-`Alāniyah (Hayag)**

Pagkalitaw, na kabaliktaran ng pagkalihim. **Al-`Ulūw (Kataasan)**

Pagkaangat, na kabaliktaran ng pagkababa. **Al-Isti`lā' (Pagsasaitaas)**

Kataasan sa katayuan at antas. **Ta`āl (Halika)**

Pumarito ka at lumapit ka. **Al-`Alīy (Ang Mataas), Al-A`lā (Ang Pinakamataas), at Al-Muta`ālī (Ang Pagkataas-taas)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), nangangahulugan ito ng kataasan ng pumapatungkol, paglupig, at kaibabawan sapagkat Siya ay nasa ibabaw ng lahat ng mga nilikha Niya, na nakaluklok sa trono Niya sa langit Niya, na nakatataas sa nilikha Nila, na nakahiwalay mula sa kanila. Nakaaalam Siya sa mga sinasabi nila, nakaririnig Siya sa mga sinasabi nila, at nakakikita Siya sa mga pagkilos nila at mga pagtahan nila, na walang naikukubli sa Kanya na isang nakakukubli. **`Alā**

Pang-ukol na may kahulugang NASA IBABAW ng anuman o pagkaibabaw na abstrakto o NASA o KASAMA o DAHIL o SA o MULA. **Al-`Amd (Pananadya)**

Pagpapakay ng anuman at pagsandal doon. Ang `imād (pantukod) ay ang sinasaligan. **Al-`Amūd (Haligi)**

Pangunahing pansuhay. **Al-`Imārah (Pagkakapatayo)**

Kabaliktaran ng pagkawasak. **Al-Isti`mār (Pagpapanirahan)**

Paninirahan sa lupa: pamumuhay rito at pagpapaunlad nito. **At-Ta`mīr (Pagpapatanda)**

Pagpapatagal ng edad. **Al-`Umur (Gulang, edad)**

Haba ng buhay. **Al-`Umq (Lalim)**

Layo pababa. **Al-`Amal (Gawa, gawain, trabaho)**

Bawat gawa ng hayop nang may pagpapakay, ito ay higit na partikular kaysa sa pagkagawa (fi`l) dahil ang pagkagawa (fi`l) ay maaaring naiuugnay sa mga hayop na nagaganap mula sa mga ito ang pagkagawa nang walang pagpapakay at maaaring naiuugnay sa mga walang-buhay. Ang gawain (amal) ay madalang na naiuugnay sa gayon. **Al-`Amm (Tiyuhin sa ama)**

Lalaking kapatid ng ama. Ang `ammah ay babaing kapatid ng ama. **Al-`Umūm (Pangkalahatan)**

Pagkamasaklaw, na Kabaliktaran ng pagkapartikular. **`Amma (Tungkol sa ano)**

Para sa pagtatanong, may kahulugang: Tungkol sa aling bagay? **Al-`Amah (Pag-aapuhap)**

Pag-aatubili sa nauukol dahil sa pagkakalitu-lito. **Al-`Amā (Pagkabulag)**

Pagkawala ng paningin o pagkatalos. **`An**

Pang-ukol na nagpapahiwatig ng paglampas ng inuugnayan nito. Makapagsasabi ka: Nagsanaysay ako sa iyo TUNGKOL kay Polano at nagpakain ako sa kanya PALAYO sa isang pagkagutom. **Al-`Inab (Ubas)**

Ipinantatawag ito sa bunga at puno mismo. **Al-`Anat (Pag-inda)**

Matinding paghihirap. **`Ind**

Pananalitang nagpapahiwatig ng kalapitan, minsan ginagamit ito sa lugar, minsan ginagamit ito sa paniniwala tulad ng pagsabi ng: SA GANANG AKIN, minsan sa kadikitan at antas. **Al-`Anīd (Mapagmatigas)**

Nagmatigas ang lalaki kapag nagpakasutil siya, nagmalabis, lumampas sa halaga niya, at

nakilala niya ang tama at tumanggi pa siya na tumanggap nito. **Al-`Unuq (Leeg)**

Bahagi ng katawan, isang pandugtong sa pagitan ng ulo at katawan. **`Anā (Nagpakumbaba)**

Nagpakababa habang nagpapabihag nang may hirap. **Al-`Ahd (Tipan)**

Pag-iingat sa isang bagay at pagsasaalang-alang dito sa isang kalagayan matapos ng isang kalagayan. Tinatawag bilang isang tipan ang napagkasunduan na nag-oobliga ng pagsasaalang-alang. **Al-`Ihn (Mga makulay na lana)**

Lanang tininaan. **Al-`Awj (Kabaluktutan)**

Kalikuan buhat sa kalagayan ng pagkatuwid. **`Āda (Nanumbalik)**

Pagbabalik sa anuman matapos ng pag-iwan buhat doon, na maaaring isang pag-iwan sa pisikal na bagay, o sa pagkakasabi, o pasya. **Al-`Īd (Pagdiriwang)**

Bawat araw na pinagtitipunan dahil ito ay nanunumbalik sa bawat taon. **Al-Ma`ād (Pinanunumbalikan)**

Ang Kabilang-buhay. **Al-`Awdh (Pakupkop)**

Pagdulong sa iba at pagkahumaling dito. **Al-`Awrah (Kahubaran)**

Kahubuan ng tao. Iyon ay isang pagpapalit-tawag. Ang orihinal na kahulugan niyon ay mula sa kapintasan: ang napupulaan. **Al-`Ā'iq (Tagabalakid)**

Nagliliko palayo sa ninanais na kabutihan. **Ya`ūq**

Pangalan ng isa sa mga anito ng mga tao ni Noe. **Al-`Awl (Pag-agrabyado)**

Pagwaksi ng pagkapatas sa pamamagitan ng pagkuha ng karagdagan bilang isang pang-aapi. **Al-`Ām (Taon)**

Gaya ng sanah (taon). Nagpapahayag ito ng taon kalakip ng taglay nito na kariwasaan at kasaganahan, na kaibahan sa sanah. **Al-`Awn (Tulong)**

Pakikipagtulungan at pagtataguyod. **`Awān (Katamtaman)**

Kalagitnaan sa pagitan ng dalawang katayuan. **Al-`Ayb (Kasiraan)**

Ang `ayb (kasiraan) at ang `āb (kapintasan) ay ang katangian na sa pamamagitan nito ang anuman ay nagiging isang pintas, ibig sabihin: isang tampulan ng kakulangan. **Al-`Īr (Karaban)**

Mga kamelyong pinagpapasan. **`Īsā (Jesus)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Al-`Aysh (Pamumuhay)**

Buhay na natatangi sa hayop. **Al-Aylah (Paghihikahos)**

Karalitaan. **Al-`Ayn (Mata)**

Organo ng pagtingin. **Ma`in (Binubukalan)**

Dumadaloy. **Al-I`yā' (Pangalupaypay)**

Kawalang-lakas na dinaranas ng katawan mula sa paglalakad. **Ang Salita**

Aklat Ghayn

Ang Kahulugan **Al-Ghābir (Nagpapaiwan)**

Nanatili matapos ng pag-alis ng anumang kasama niya. **Al-Ghubār (Alikabok)**

Anumang napino na lupa. **Al-Ghabn (Pagkanalamangan)**

Magpakulang ka sa kasamahan mo sa isang transaksyon sa pagitan mo at niya sa pamamagitan ng isang uri ng pagkukubli. **Al-Ghuthā' (Yagit)**

Yagit ng baha, ito ang lumulutang at nagkahiwa-hiwalay na natuyong halaman. **Al-Mughādarah (Paglisan)**

Pag-iwan. **Al-Ghadaq (Sagana)**

Masagana. **Al-Ghadāh (Umaga)**

Ang ghadwah at ang ghadāh ay bahagi ng simula ng maghapon. **Al-Ghad (Kinaumagahan, bukas)**

Kasunod na araw. **Al-Ghadā' (Pananghalian)**

Pagkaing kinakain sa sandali ng maghapon. **Al-Maghrib**

Lugar ng paglubog ng araw o oras nito. **Al-Ghurūb (Paglubog)**

Paglaho ng araw. **Al-Ghurāb (Uwak)**

Ibong maitim ang kulay. **Gharābīb (Matitingkad)**

Pangmaramihan ng gharbīb (matingkad), ito ang itim na pinatingkad sa kaitiman nito. **Gharra (Luminlang)**

Nandaya at nagpahangad. **Al-Gharad (Layon)**

Isang pantawag sa bawat pakay na hinahangad ang pagtamo nito. **Al-Ightirāf (Pagsalok)**

Pag-angat ng isang bagay at pagkuha nito. **Al-Ghurfaḥ (Silid)**

Pang-itaas na kuwarto ng estruktura. **Al-Gharq (Pagkalunod)**

Paglubog sa tubig at kasawian. **Al-Ghurḥ**

Ang dumadapo sa tao sa ari-arian niya na pinsala hindi dahil sa isang krimeng nagawa niya o isang kataksilan. **Al-Gharām**

Kapahamakan. **Al-Ghazl (Pagsisinulid)**

Ang pagsisinulid ng lana ay pag pagpiliipit nito gaya ng mga sinulid sa suliran (spindle). **Al-Ighrā' (Pag-udyok)**

Pagsulsol sa isang gawain sa pamamagitan ng pagpapanasa. **Al-Ghazw (Pagsalakay)**

Paglisan papunta sa pakikidigma sa kaaway. **Al-Ghasaq (Pagpusikit)**

Ang pagpusikit ng gabi ay ang pagtindi ng dilim nito. **Al-Ghassāq (Nana)**

Ang dumadaloy na tagas ng mga maninirahan sa Impiyerno. **Al-Ghysl (Paghuhugas)**

Pagpapadaloy ng tubig sa isang bagay at pag-aalis ng karumihan nito. **Ghislīn (Tagas ng sugat)**

Pinaghugasan ng sugat ng mga maninirahan sa Impiyerno. **Ghashiya (Lumukob)**

Tumakip. **Ghawāsh (Mga tagalukob)**

Balot. **Al-Ghishāwah (Lukob)**

Ang itinatakip sa isang bagay. **Al-Maghshīy (Hinimatay)**

Nawalan ng malay. **Al-Ghāshiyah (Ang Tagalukob)**

Ang Araw ng Pagbangon na lulukob sa mga tao ng mga hilakbot nito. **Al-Ghaṣb (Pangingikil)**

Panlulupig at kawalang-katarungan. **Al-Ghuṣṣah (Pambilaok)**

Pagbara ng pagkain sa lalamunan kaya hindi malulon. **Al-Ghaḍab (Galit)**

Pagkainis, ito ay kabaliktaran ng lugod. **Al-Ghaḍḍ (Pagbaba)**

Pagbawas ng pagtingin at tinig. **Aghṭasha (Nagpakulimlim)**

Gumawa na maging madilim. **Al-Ghiṭā' (Pagtakip)**

Anumang inilalagay sa ibabaw ng isang bagay na isang panaklob o tulad nito kung paanong ang lukob ay ang inilalagay sa ibabaw ng isang bagay ng isang damit o tulad nito. **Al-Maghfirah (Kapatawaran)**

Pagtatakip ng pagkakasala at pagpapalampas nito. **Al-Ghaflah (Pagkalingat)**

Pagkaligta na dinaranas ng tao dahil sa kakauntian ng pagkamapag-ingat at pagkamapagmatyag. **Al-Ghalbah (Pagdaig)**

Paglupig. **Ghulbā (Makakapal)**

Malalago. **Al-Ghildah (Kabagsikan)**

Kabaliktaran ng kalumanayan. Itinataguri ito sa katindihan at kagaspangan at sa ibang kahulugan ay gaya ng laki at dami. **Al-Ghilāf (Pambalot)**

Balot. **Al-Ghalq (Pagsara)**

Pagpinid. **Al-Ghill (Pagkamuhi)**

Sama ng loob na tumatagos sa dibdib. **Al-Aghlāl (Mga kulyar)**

Mga posas. **Al-Ghulūl (Pagnanakaw ng samsam sa digmaan)**

Pagtataksil at paglustay. **Al-Ghulām (Binatilyo)**

Lalaking nasa simula ng pagbibinata. **Al-Ghulūw (Pagpapalabis)**

Paglampas sa hangganan. **Al-Ghalyān (Pagkulo)**

Pagsulak ng likido kapag nanginit. **Ghamara (Nag-umapaw)**

Natakpan. **Al-Ghamz (Kindat)**

Pagsenyas sa pamamagitan ng takipmata o kamay sa pagtuturo ng may maipipintas. **Al-Ghamḍ (Pikit)**

Pagpinid ng mata. **Al-Ghamm (Kahapisan)**

Pagtatakip ng isang bagay. Itinataguri ito sa dalamhati. **Al-Ghamām**

Ulap dahil sa pagiging ito ay isang tagatakip ng tanglaw ng araw. **Al-Ghanam (Mga tupa)**

Kabilang sa mga hayupan. **Al-Ghanimah (Samsam)**

Bawat napagwagian mula sa panig ng mga kaaway at iba pa sa kanila. **Al-Ghinā**

Kasapatan. **Al-Ghaniy (Ang Walang-pangangailangan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Ghanīy (Walang-pangangailangan) ay walang-pangangailangan mismo, na sa Kanya ang lubos na walang-takdang kawalang-pangangailangan. **Al-Istighnā' (Pagsasawalang-halaga)**

Kawalan ng pangangailangan. **Al-Ghawth (Saklolo)**

Ang ghawth ay ipinantatawag sa pag-aadya. **Yaghūth**

Pangalan ng isa sa mga anito ng mga tao ni Noe. **Al-Ghawr (Lubog)**

Nakalubog na lupa. **Al-Ghārah (Paglusob)**

Pagsalakay sa kaaway nang bigla, malakas, at marahas. **Al-Ghār (Yungib)**

Kuweba sa bundok. **Al-Ghawṣ (Pagsisid)**

Pagpasok sa ilalim ng tubig. **Al-Ghā'it (Pagdumi)**

Mababang malawak na bahagi ng lupa. Ipinapalit-tawag ito sa pagdumi. **Al-Ightiyāl (Pagpaslang)**

Ang ghawl ay pagpapasawi sa anuman sa punto na hindi ito nakadarama niyon. **Al-Ghayy (Pagkalisya)**

Pagkamangmang dahil sa isang tiwaling paniniwala. **Al-Ghayb (Nakalingid)**

Nakatago sa mga mata. **Al-Ghībah (Panlilibak)**

Pagbanggit sa kapwa mo hinggil sa kinasusuklanan niya sa sandali ng pagkaliban niya. **Al-Ghayth**

Ulan. **Ghayr (Iba)**

Naiiba. **Al-Ghayḍ (Pagkakapos)**

Pagkakulang. **Al-Ghayḍ (Ngitngit)**

Pinakamatinding galit, ito ay isang hapis na ipinararanas sa tao dahil sa iba pa sa kanya. **Ang Salita**

Aklat Fā'

Ang Kahulugan **Fa**

Pangatnig na nagpapahiwatig ng pagkakasunud-sunod o pag-aagad-agad o kadahilanan o sagot sa kundisyon o pagbibigay-diin. **Al-Fi'ah (Pangkat)**

Grupo ng mga tao. **Fata'a (Nahinto)**

Natigil. **Al-Fu'ād**

Puso **Al-Fatḥh (Pagbukas)**

Pag-aalis ng pagkasara o pagsusuliranin. **Al-Miftāḥ (Susi)**

Pantawag sa kagamitan na naghubukas ng mga pinto. **Al-Fattāḥ (Ang Palahatol)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Fattāḥ (Palahatol) ay ang Tagahatol, ang Tagahukom, ang Tagabukas para sa mga lingkod Niya mula sa mga imbakan Niya, at ang Tagapag-adya sa mga lingkod Niya. **Al-Futūr (Pananamlay)**

Kawalang-tinag matapos ng isang kaigtingan, kabanayaran matapos ng isang katindihan, at kahinaan matapos ng isang kalakasan. **Al-Fatq (Pagwatak)**

Pagpapahiwalay sa pagitan ng magkarugtong, na kasalungatan ng pagsanib. **Al-Fatīl (Gahibla)**

Tinawag bilang fatīl (gahibla) ang nasa gilid ng buto ng datiles dahil sa pagiging ito ay nasa anyo nito. **Al-Fatn**

Ang orihinal na kahulugan ng fatn ay ang pagpapasok ng ginto sa apoy magdalisay sa kataasang-uri nito mula sa kababaang-uri nito. **Al-Fitnah (Tukso, sigalot, ligalig)**

Kapahamakan at pagsusulit. **Al-Fatā (Binata) at Al-Fatāh (Dalaga)**

Ang fatā ay ang kasibulan sa mga kabataan at ang pambabae ay fatāh. Ipinantatawag ang dalawang ito para sa lalaking alipin at babaing alipin. **Al-Istiftā' (Pagpapahabilin)**

Pagtatanong **Al-Fatwā**

Paglilinaw ng kahatulan. **Al-Fajj (Daanang maluwang)**

Isang puwang na napagigitnaan ng dalawang bundok. Ginagamit ito sa daang maluwang. Ang pangmaramihan nito ay fijāj. **Al-Fajr (Madaling-araw)**

Simula ng maghapon. **Al-Infijār (Pagbulwak)**

Pagbukadkad sa isang bagay gaya ng pagbukadkad ng liwanag ng madaling-araw sa kadiliman. **Al-Fujūr (Kasamaang-loob nito)**

Pangangahas at pagpapakalayaw sa mga pagsuway. **Al-Fajwah (Patlang)**

Espasyo sa pagitan ng dalawang bagay. **Al-Fāḥishah (Mahalay)**

Anumang bumigat ang kapangitan kabilang sa mga ginagawa at mga sinasabi. **Al-Fakhr (Pagmamayabang)**

Paghahambog sa mga bagay na nakalabas sa tao gaya ng yaman at reputasyon. **Al-Fakhkhār (Palayukan)**

Putik na hinurno, na ginagawa mula rito ang mga banga. **Al-Fidā' (Pagtubos)**

Pangangalaga sa tao sa palayo sa kasawiangpalad kapalit ng ipagkakaloob alang-alang sa kanya. **Al-Furāt (Matamis)**

Tubig na naiinom. **Al-Farth (Dumi)**

Ang nasa loob ng bituka. **Al-Farj (Patlang)**

Ang farj at ang furjah ay ang patlang sa pagitan ng dalawang bagay gaya ng siwang sa dingding. Ang farj ay ang nasa pagitan ng mga biyas. Ipinapalit-tawag ito sa ari, na dumalas ito hanggang sa maging gaya ng tahasang tawag dito. **Al-Farah (Tuwa)**

Pagluwag ng dibdib dahil sa isang panandaliang sarap. Ang pinakamadalas niyon ay kaugnay sa mga sarap na pangkatawan at pangmundo. **Al-Fard (Bukod-tangi)**

Ang hindi nahaluan ng iba pa sa kanya, ito ay higit na pangkalahatan kaysa sa witr (gansal) at higit na partikular kaysa sa iisa. Ang pangmaramihan nito ay furādā. **Al-Firdaws**

Ang Hardin. Ito ay ang gitna ng Paraiso at ang pinakamataas nito. Sa ibabaw nito ang trono ng Napakamaawain (Raḥmān) at mula rito bumubulwak ang mga ilog ng Paraiso. **Al-Firār**

Pagtakas. **Al-Farsh (Latag)**

Paglatag ng tela. **Al-Farāsh (Mga paruparo)**

Isang uri ng insektong lumilipad. **Al-Fard (Tungkulin)**

Pag-obliga at pangako. **Fāriḍ (Matanda)**

Malaki ang edad. **Al-Faraṭ (Pagdadali-dali)**

Pagsulong ng may pagpapakay. **At-Tafrīṭ (Pagpapabaya)**

Pagkukulang. **Al-Far` (Sangay)**

Ang sangay ng punong-kahoy ay ang sanga nito. **Al-Farāgh (Pagtapos ng gawain)**

Kasalungatan ng pagkaabala, ito ay kawalan ng gawain. **Al-Farq (Pakabitak)**

Ang farq ay nalalapit sa kahulugan ng falq subalit ang falq ay sinasabi sa pagsasaalang-alang sa pagkabiya samantalang ang farq ay sinasabi sa

pagsasaalang sa pagkahiwalay. **Al-Farīq (Pangkat)**

Bahagi at grupo ng mga tao. **Al-Firāq (Paghihiwalay)**

Pagkawalay at paglalayuan. **Al-Furqān (Pamantayan)**

Naghihiwalay sa pagitan ng katotohanan at kabulaanan. **Al-Farih (Maliksi)**

Masigla. **Al-Fary**

Pagputol ng katad para sa abaloryo at pagsasaayos. **Al-Iftirā' (Paggawa-gawa)**

Paglikha-likha ng hindi tumpak. **Al-Istifzāz (Pag-udyok)**

Pagbulabog. **Al-Faz` (Hilakbot)**

Pagkaligalig at pagkaayaw na dumarapo sa tao mula sa anumang nakapagpapangamba, na kabilang sa uri ng pagkasindak. **Al-Fash (Pagpapaluwang)**

Fasīh: malawak na lugar. **Al-Fasād (Katiwalaan, kasiraan)**

Paglabas ng anuman sa pagkakatataman, kaunti man ang paglabas buhat doon o marami. Nakasasalungat nito ang kaayusan. Ginagamit ito sa kaluluwa, katawan, at mga bagay na lumabas sa pagkamatuwid. **At-Tafsīr (Pagpapakahulugan)**

Ang fasr ay paghahayag ng kahulugang nauunawaan samantalang ang tafsīr ay maaaring itawag sa nauukol sa mga bokabularyo at mga pambihira sa mga ito at sa nauukol sa pagbibigay-pakahulugan. Dahil dito sinasabi: pagpapakahulugan ng napanaginipan at pagbibigay-pakahulugan nito. **Al-Fisq (Pagpapakasuwail)**

Paglabas sa pagtalima. **Al-Fashl**

Kahinaang kasama ng karuwagan. **Al-Faṣḥ**

Pagkaalis ng bagay mula sa dumudungis dito. **Al-Faṣāḥah (Katatasan)**

Pagkalinaw. **Al-Faṣl (Paghayo)**

Pagpapahiwalay ng isa sa dalawa mula sa isa pa hanggang sa magkaroon sa pagitan nila ng isang puwang. **Al-Faṣīlah**

Angkan. **Al-Fiṣāl (Pag-awat)**

Pagkatipak at pagkahati. **Al-Infiṣām (Pagkalamat)**

Pagkabitak ng anuman nang walang pagkahiwalay. **Al-Faḍḥ (Pagkaiskandalo)**

Pagkabunyag ng mga kasagwaan. **Al-Faḍḍ**

Pagkabasag ng bagay at pagkawatak-watak sa pagitan ng isang bahagi nito at ibang bahagi nito gaya ng pagsira ng selyo ng liham. Buhat dito

hinango ang infadda: nagkahiwa-hiwalay. **Al-Faḍl (Kalamangan, kabutihang-loob)**

Karagdagan sa pagkakatataman. **Al-Ifḍā'**

Paglabas papunta sa kahawanan. Pagtatapat ng lihim. **Al-Faḍā' (Kahawanan)**

Malawak na lugar. **Faṭara (Naglalang)**

Lumikha. Ang orihinal na kahulugan nito ay ang bitak pahaba. **Al-Fadd (Mabagsik)**

Malupit. **Al-Fi'l (Gawa)**

Pagpapangyari ng anuman na gawain at iba pa rito. **Al-Faqd (Pagkawala)**

Kawalan ng anuman matapos ng pagkairal nito, ito ay hindi na partikular kaysa sa kawalan dahil ang kawalan ay sinasabi kaugnay rito at kaugnay sa anumang hindi pa umiral. **Al-Tafaqqud (Pagsiyasat)**

Pag-uusisa sa isang bagay. **Al-Faqr (Karukhaan)**

Pagkairal ng pangangailangang kailangang-kailangan. Iyon ay pangkalahatan para sa tao hanggat nasa tahanan ng Mundo; bagkus pangkalahatan para sa mga umiiral sa kabuuan ng mga ito. **Fāqi' (Matingkad)**

Sinasabi: matingkad na dilaw, kapag ito ay totoo sa kadilawan, gaya ng sabi nila: sukdulang maitim. **Al-Fiqh (Pagkaunawa)**

Pagkaintindi. Ito ay ang paghantong sa isang nakalingid na kaalaman sa pamamagitan ng nasasaksihang kaalaman, kaya naman ito ay higit na partikular kaysa sa `ilm (kaalaman). **Al-Fikr (Pag-iisip)**

Ang fikrah (kaisipan) ay isang lakas na nagpapaabot ng kaalaman tungo sa nalalaman. Ang tafakkur (pag-iisip-isip) ay ang paggala-gala ng lakas na iyon alinsunod sa pagtingin ng isip. **Al-Fakk (Paglansag)**

Ang fakk ay ang pagpapaginhawa. Ang fakk ng sangla ay ang pagtubos nito. Ang fakk ng alipin ay ang pagpapalaya nito. **Al-Fākihah (Bungang-kahoy)**

Bunga. **Al-Fukāhah (Patawa)**

Anumang ginagawa bilang pagbibiro at nakatatayang pananalita para matuwa ang sarili dahil dito. **Al-Falāḥ (Tagumpay)**

Pagwawagi at Pagtamo ng hangarin. **Al-Falq (Pagpapabuka)**

Pagbiyak sa isang bagay at pagpapahiwalay ng isang bahagi nito buhat sa isa pang bahagi. **Al-Falaq (Bukang-liwayway)**

Madaling-araw. **Al-Fulk (Sasakyang-dagat, daong)**

Barko. **Fulān (Polano)**

Fulān (Polano) at Fulānah (Polana): pantaguri sa tao. Ang fulān at ang Fulānah ay pantaguri rin sa mga hayop. **At-Tafnīd (Pagtuturing ng pagkaulyanin)**

Pag-uugnay sa tao ng pagkahuklob, na kahinaan ng pag-iisip. **Afnān (Mga sangay)**

Ang fanan ay ang sangang mura ang mga dahon, na ang pangmaramihan nito ay afnān. Itinatawag din ito sa uri ng isang bagay, na ang pangmaramihan naman nito ay funūn. **Al-Fahm (Pag-intindi)**

Kahandaan ng tao, na sa pamamagitan nito nakatatalos ng mga kahulugan nang mahusay. **Al-Fawt (Pagkaalpas)**

Pagkalayo ng isang bagay buhat sa tao sa punto na isinasaimposible ang pagkaabot doon. **At-Tafāwut (Pagtataliwasan)**

Pagkakaiba-iba at pagsasalungatan. **Al-Fawj (Pulutong)**

Grupong nagdaraang nagmamabilis, na ang pangmaramihan nito ay afwāj. **Al-Fawr (Pagsambulat)**

Katindihan ng pagkulo. Sinasabi iyon kaugnay sa apoy mismo kapag nagngalit ito, kaugnay sa kaldero, at kaugnay sa galit. **Al-Fawz (Pagtamo)**

Pagkaabot ng kabutihan kasama ng pagkamit ng kaligtasan. **Mafazah**

Maliligtasan. **At-Tafwīḍ (Pagpapaubaya)**

Pagsandal ng kapakanan sa iba at pagsangguni nito sa kanya. **Fawq (Ibabaw)**

Ang fawq ay ginagamit sa lugar, panahon, katawan, bilang, at katayuan. **Fawāq (Pagpapaliban, pagkamalay)**

Kamalayan. **Al-Fūm**

Trigo o bawang. **Al-Fam (Bibig)**

Bahagi ng katawan para sa pagsasalita at lugar ng pag-inom. **Fā'a (Bumalik)**

Nanumbalik sa isang kalagayang pinapupurihan. **Al-Fay' (Samsam)**

Mga samsam sa digmaan na nakukuha mula sa mga tagapagtambal. Itinataguri ito sa anino. **Fāḍa (Nag-umapaw)**

Dumaloy nang pabuhos. **Al-Fīl (Elepante)**

Hayop na kilala. **Ang Salita**

Aklat Qāf

Ang Kahulugan **Al-Qubḥ (Kapangitan)**

Anumang nangririmarim dito ang paningin mula sa mga pisikal na bagay at anumang nangririmarim dito ang kaluluwa mula sa mga gawain at mga kalagayan. **Al-Qabr (Libingan)**

Himpilan ng patay. **Al-Qabs (Pamparikit, agipo)**

Kinukuha mula sa lagablab. **Al-Qabḍ (Pagdakot, paghawak)**

Paghawak ng isang bagay sa pamamagitan ng buong palad, tulad ng: Qabaḍa -ssayf (Humawak siya sa tabak). **Al-Qābiḍ (Ang Tagapagpagipit, Ang Tagahawak)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Qābiḍ (Tagapagpagipit o Tagahawak) ay hahawak sa lupa sa Araw ng Pagbangon at tutupi ng langit sa pamamagitan ng kanang kamay niya at nanggigipit ng panustos sa sinumang niloloob Niya kabilang sa nilikha Niya. **Qabl (Bago)**

Ginagamit ito sa pagkaunang nakarugtong at nakahiwalay at nakikisalongat dito ang ba'd (matapos). **Aqbala (Lumapit)**

Dumating nang paharap. **Al-Qabūl (Pagtanggap)**

Pagkalugod. **Al-Qubl (Harap)**

Pangharap ng anumang at unahan nito. **Al-Qabīlah (Lipi)**

Grupo ng mga tao nauugnay sa iisang ama o iisang ninuno. **Al-Muqābalah (Pakikipagharap)**

Pagtatapatan ng bawat isa sa dalawang panig ng mga mukha ng dalawang ito sa isa't isa. **Al-Qiblah**

Dako na hinaharapan ng mga Muslim at ng mga mukha nila sa sandali ng pagsasagawa ng ṣalāh. **Al-Qatr (Pagkukuripot)**

Pagpapakaunti ng gugol, na kasalungatan ng pagpapakalabis. **Al-Qatl (Pagpatay)**

Pag-aalis ng kaluluwa sa katawan gaya ng kamatayan. **Al-Qiththā' (Pipino)**

Isang uri ng halaman. **Qad**

Katagang nagbibigay-katuturan ng pagkainaasahan o pagkakasakatuparan o pagbibigay-diin. **Al-Qadḥ (Pagkiskis)**

Pagkiskis ng patpat na pamparikit, ibig sabihin: pagkuskos sa bato upang lumabas ang ningas mula rito. **Al-Iqtīḥām (Pagsuong)**

Pagpapagitan sa isang katindihang nakapangangamba. **Al-Qadd (Paglaslas)**

Pagputol ng isang bagay pahaba. **Al-Qidad (Watak-watak)**

Pira-pirasong. **Al-Qudrah (Kakayahan)**

Isang katawagan para sa kalagayang nakakakaya sa pamamagitan nito sa paggawa ng isang ano pa man. **Al-Qadar (Pagtatakda)**

Anumang itinakda ni Allāh sa katandaan ng panahon. **At-Taqdīr (Pagtatantiya)**

Ang nauuna sa proseso ng pagpapaganap. **Al-Qidr (Kaldero)**

Sisidlang malaki na inihanda para sa pagluluto ng pagkain. **Al-Qādir (Ang Nakakakaya), Al-Qadīr (Ang May-kakayahan), at Al-Muqtadir (Ang Tagakaya)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), Siya ay ang nakakakaya sa bawat anuman na ninais Niya, na walang nakahahadlang sa Kanya na kawalang-kakayahan ni pananamlay. Siya ay ang tagapagtakda ng mga anuman sa kabuuan ng mga ito. **Al-Qudus (Kabanalan)**

Kadalisayan, pagpapala. **Al-Quddūs (Ang Kabanal-banalan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Quddūs (Kabanal-banalan) ay ang dalisay sa bawat anumang hindi naaangkop

sa Kanya. Siya ang pinagmumulan ng kaayahan, kabusilakan, kadalisayan, at kaligtasan mula sa rimarim sapagkat Siya ang Kaaya-aya, ang mga pangalan Niya ay kaaya-aya, at ang mga gawain Niya ay kaaya-aya. **Al-Qadam (Paa)**

Ang ipinang-aapak sa lupa na bahagi ng katawan. **Al-Qidam (Matandang panahon)**

Isang katawagan sa nakalipas na panahon. **Al-Qudūm**

Pagdating. **Taqaddama (Nauna)**

Kabaliktaran ng ta'akhhkara (naantala). **Al-Muqaddim (Ang Tagapagpauna)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Muqaddim (Tagapagpauna) ay ang nagpapauna ng anumang niloloob Niya. **Al-Qudwah (Tinutularan)**

Huwaran na iniehemplo ang ehemplo nito at ginagaya. **Al-Qadhf (Pagbato)**

Malayong pagpukol. **Al-Qur'**

Itinataguri sa regla at kawalang-regla. **Al-Qur'ān**

Aklat ni Allāh na ibinaba kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). **Al-Qirā'ah (Pagbigkas, Pagbasa)**

Pagsasama ng mga titik at mga salita sa isa't isa sa pagbigkas. **Al-Qurb (Kalapitan)**

Ang kalapitan at ang kalayuan ay nagkakatatapan. Ginagamit iyon sa lugar, sa panahon, sa kaugnayan, sa pabor, asikaso, at kakayahan. **Al-Qurbān (Handog)**

Ang ipinapampalapit-loob kay Allāh (napakataas Siya) na alay o iba pa rito. **Al-Qarḥ (Sugat)**

Ang qarḥ ay epekto ng pagkahiwa mula sa isang bagay na tumatama mula sa labas at ang qurḥ naman ay epekto nito mula sa loob gaya ng taghiyawat at tulad nito. **Al-Qird (Unggoy)**

Isang uri ng hayop. **Al-Qarār (Pamamalagian)**

Namalagi sa lugar nito kapag pumirmi nang pagpirming walang-tinag. **Al-Iqrār (Pagkilala)**

Pag-amin na kasalungatan ng pagkakaila. **Al-Qawārīr (Kristal)**

Salamin. **Quraysh.**

Isang lipi. **Al-Qarḍ (Pautang)**

Isang uri ng pagpapahiram, ito ay pag-abot ng salapi sa makikinabang sa pamamagitan nito at magsasauli ng kapalit nito. **Al-Qirtās (Kalatas)**

Ang sinusulatan. **Al-Qārī`ah (Tagakalampag)**

Isang katawagan sa Araw ng Pagbangon, ang orihinal na kahulugan nito ay paghataw ng isang bagay sa isang bagay. **Al-Iqtirāf (Pagkamit)**

Pagtamo ng kagandahan man o kasagwaan, ito ay higit na madalas sa pagkagamit sa paggawa ng masagwa. **Al-Iqtirān (Pagkakapisan)**

Gaya ng pagkakapares sa pagiging ito ay pagsasama ng dalawang bagay o mga bagay sa isa sa mga kahulugan. **Muqrinīn (Mga makapananaig)**

Mga makakakaya. **Al-Qarīn (Kapisan)**

Kasabay. **Al-Qarn (Salinlahi)**

Yugto ng pagkawakas ng mga tao ng bawat panahon. **Qārūn**

Isang lalaking pinayaman ni Allāh, na kabilang sa mga anak ni Israel saka nagmalabis kaya ipinalamon siya ni Allāh sa lupa. **Al-Qaryah (Nayon)**

Isang katawagan sa pook na pinagtitiipunan ng mga tao. **Al-Qaswarah (Leyon)**

Hango sa qasr: pagdaig at paglupig. Itinataguri ito sa leyon. **Al-Qissīs (Mga ministro)**

Maalam na mananamba kabilang sa mga pinuno ng mga Kristiyano. **Al-Qist (Pagkamakatarungan)**

Parte ayon sa katarungan. **Al-Qast**

Kawalang-katarungan. **Al-Qiṣṭās**

Timbangang napatotohanan na hindi nandadaya. **Al-Qasm (Pamamahagi)**

Pagtatalaga ng parte. **Al-Qasam (Panunumpa)**

Pagsumpa. Ang orihinal na kahulugan nito ay mula sa qasāmah, na panunumpang ibinabahagi sa mga tagapagmana ng napatay, pagkatapos ito ay naging isang katawagan sa bawat panunumpa. **Al-Qaswah (Katigasan)**

Kalupitan ng puso. Ang orihinal na kahulugan nito ay mula sa isang matigas ng bato. **Al-Qusha rīrah (Pangingilabot)**

Pangingilig ng balat. **Al-Qaṣḍ**

Pagkatuwid ng daan. Sinasabi: Nagsadya ako sa pinagsasadyaan niya: Dumako ako sa dako niya. **Iqtaṣada (Nagkatamtaman)**

Nagsakainaman at nagsinop. **Al-Qiṣr (Kaiklian)**

Kasalungatan ng kahabaan. **Al-Qaṣr (Palasyo)**

Dambuhalang bahay. **Al-Qaṣṣ (Pagsubaybay)**

Pagsunud-sunod sa bakas. **Al-Qiṣṣah (Kasaysayan, kuwento)**

Salaysay ng ulat. **Al-Qiṣāṣ (Ganting-pinsala)**

Pagpaparusa sa pamamagitan ng ganti. **Al-Qaṣf (Pagwasak)**

Pagbasag. **Al-Qaṣm (Pagdurog)**

Pagwasak at pagdurog. **Al-Aqṣā**

Pinakamalayo. **Yanqadd (Gumuguho)**

Bumabagsak. **Al-Qaḍb (Kumpay)**

Sariwang halaman. **Al-Qaḍā' (Paghuhukom)**

Pagpapasya sa usapin, sa pagsasabi man ninyo o paggawa niyon. **Al-Quṭr (Purok)**

Dako at ang pangmaramihan nito ay aqṭār. **Al-Qiṭr**

Lusaw na tanso. **Al-Qaṭirān (Alkitran)**

Isang pinagkatasan ng punong-kahoy na ipinampapahid sa mga kamelyo, na matindi ang pagliya. **Al-Qiṭṭ (Tala)**

Pahina, na isang pantawag sa itinala at pinagtalaan. **Al-Qaṭ' (Pagputol)**

Pagpapahiwalay ng isang bagay, natatalos man ng paningin gaya ng mga pisikal na bagay o natatalos ng pang-unawa gaya ng mga bagay na nauunawaan. **Al-Qaṭf (Pagpitas)**

Pagkuha ng bunga mula sa isang punong-kahoy. **Al-Qiṭmīr (Lamad ng buto ng datiles)**

Bakas sa balat ng buto ng datiles. Ito ay paghahalintulad sa bagay na walang kapararakan. **Al-Qu`ūd (Pag-upo)**

Katapat ng pagtayo. **Al-Qā`idah (Pundasyon)**
Saligan. **Al-Munqa`ir (Nasungkal)**

Nabaliktad mula sa ugat nito. **Al-Qufi (Pampinid)**

Tagapigil sa tao sa pagsasagawa ng isang gawain kaya sinasabi: Si Polano ay napipigilan (muqaffal) sa ganito. **Al-Iqtifā' (Pagtalunton)**

Pagsunud-sunod sa batok [ng isang tao] at bakas. **At-Taqallub**

Pagbaling ng bagay: pagpapaling nito at pagkapaling nito buhat sa isang kalagayan tungo sa ibang kalagayan gaya ng pagbaliktad ng damit at pagbaling ng tao palayo sa dating daan niya. **Al-Qalb (Puso)**

Isang bahagi ng katawan ng tao, na bumubomba ng dugo at tahanan ng mga nararamdaman. **Maqālīd**

Mga susi. **Aqla`a**

Pumigil. **Al-Qalīl (Kaunti)**

Ang kakauntian at ang karamihan ay ginagamit sa mga bilang kung paanong ang kalakihan at ang kaliitan ay ginagamit sa mga

pisikal na bagay, pagkatapos hiniram para sa ibang gamit ang bawat isa sa pares ng karamihan at kalakihan at sa pares ng kakauntian at kaliitan. **Aqalla (Nagdala)**

Bumuhat at nag-angat. **Al-Qalam (Panulat)**

Ang ipinansusulat. **Al-Qilā (Pagkasuklam)**

Katindihan ng pagkamuhi. **Al-Qamḥ (Trigo)**

Butil na ginigiling at ginagawa mula rito ang tinapay. **Muqmaḥ (Pinatitingala)**

Ang nilagyan ng kulyar sa leeg niya kaya hindi nakakakaya na yumuko ang ulo niya bagkus nanatili ito na nakaangat. **Al-Qamr (Buan)**

Ang buwan ng langit. Tinatawag ito ng gayon sa sandali ng kabilugan. Iyon ay matapos ng ikatlong yugto. Sinabi rin: Tinawag ito ng gayon dahil ito ay humigit sa tanglaw ng mga tala at nanaig. **Al-Qamīṣ (Kamisa)**

Ang bumabalot sa katawan mula sa mga damit. **Al-Qamṭarīr (Nakaismid)**

Mabalasik. **Al-Qam` (Pagbambo)**

Ang ipinampapalo at ipinang-aaba. **Al-Qummal (Kuto)**

Maliliit na kulisap. **Al-Qunūt (Pagmamasunurin)**

Pananatili sa pagtalima kasama ng pagpapakumbaba. **Al-Qunūṭ (Pagkasira ng loob)**

Pagkawala ng pag-asa sa kabutihan. **Al-Qinṭār (Buntan)**

Ang qanāṭīr ay pangmaramihan ng qinṭār. Ang qinṭār ng yaman ay ang may dulot na pagtawid ng buhay bilang pagwawangis sa qanṭarah (tulay). Ito ay hindi nalilimitahan ng kantidad mismo; ito ay alinsunod sa pagkakaugnay, gaya ng pagkayaman. **Al-Qanā`ah (Pagkakasya)**

Pagkalugod sa kaunti na nakatutugon sa pangangailangan. **Al-Muqni` (Nagtitingala)**

Nag-aangat. **Al-Qinwān (Mga buwig)**

Pangmaramihan ng qinw, kumpol. **Al-Qinā (Pagbibigay-kasiyahan)**

Nagbigay-kasiyahan, ibig sabihin: Nagbigay ng may kasapatan at may qinyah: yamang nakaimpok. Sinabi ring ang nagbigay-kasiyahan ay nagpalugod. **Al-Qahr (Paglupig)**

Pagdaig at pag-aaba nang magkasabay at ginagamit ito sa kahulugan ng bawat isa sa dalawang ito. **Al-Qāb**

Ang nasa pagitan ng hawakan at pisi ng pana. **Al-Qūt (Makakain)**

Ang nagpapanatili ng buhay, na ang pangmaramihan nito ay aqwāt. **Al-Muqīt (Ang Tagapagpakain)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Muqīt (Tagapagpakain) ay ang nakakakayang mapag-ingat na tagapagpakain: ang may-kakayahan na nagtatakda para sa mga lingkod Niya ng makakain at nag-iingat sa kanila ng panustos Niya. **Al-Qaws (Pana)**

Ang ipinantutudla. **Al-Qā` (Kapatagan)**

Ang patag mula sa lupa. **Al-Qawl (Sabi)**

Binubuo ng mga titik na pinalilitaw sa pamamagitan ng pagbigkas, maging isang salita man o isang sugnay. **Al-Qiyām (Pagtayo)**

Pagtindig na kabaliktaran ng pag-upo. **Al-Maqām (Tayuan)**

Tahanan. **Al-Qayyim (Matuwid)**

Diretsong tuwid. **Al-Qayyūm (Ang Mapagpanatili)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Qayyūm (Mapagpanatili) ay ang nananatili sa sarili Niya, ang walang-pangangailangan sa iba pa sa Kanya, ang nagpapanatili sa nauukol sa bawat bagay sa pagtustos dito, pagtatanggol dito, at pagkandili

rito, habang ang Sansinukob ay nangangailangan sa Kanya. **Al-Istiḳāmah (Pagkatuwid)**

Kasalungatan ng pagkabaluktot, ito ay ang pagpapamalagi ng pagsunod sa ipinag-uutos ni Allāh at pag-iwas sa sinasaway Niya. **Al-Mustaḳīm (Tuwid)**

Ang walang taglay na kabaluktutan. **Al-Qawm (Mga tao, mga kababayan, mga kalipi)**

Pangkat ng mga tao. **Al-Qūwah (Lakas)**

Kakayahan at kapangyarihan. **Al-Qawīy (Ang Malakas)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Qawīy (Malakas) ay ang sukdulan ang kapangyarihan at ang lubos dito. **Al-Muḳwūn**

Mga naglalakbay. **At-Taḳyīd (Pagtatalaga)**

Nagtatalaga Kami para sa kanya: Nagbibigay-pagkakataon Kami para sa kanya. **Al-Maḳīl (Pahihingahan)**

Lugar ng pag-idlip, ito ay pagtulog sa tanghali. **Ang Salita**

Aklat Kāf

Ang Kahulugan **Al-Ka's (Kopa)**

Sisidlan ng lagayan ng inumin. **Ka (Gaya)**

Isang kataga para sa pagwawangis at pagtutulad. **Ka'anna (Para bang)**

Pariralang nagpapahiwatig ng pagwawangis. **Ka'ayyin (Kay rami)**

Pariralang nangangahulugan ng pagpapahayag ng dami. **Al-Kabb (Pagsubsob)**

Pagkabagsak ng isang bagay sa mukha nito. **Al-Kawkab (Tala)**

Lumilitaw na bituin. **Al-Kabt (Pagsupil, pagdusta)**

Pagtugon nang may karahasan at pang-aaba. **Al-Kabad (Pagpapakahirap)**

Paghihirap. **Kabīr (Malaki)**

Kasalungatan ng maliit. **Ang Kabīr (Ang Malaki, Ang Dakila)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Kabīr ay ang Malaki, ang Dakila, na ang bawat anuman ay mababa sa Kanya samantalang Siya ay higit na dakila kaysa sa bawat anuman at higit na malaki. **Al-Mutakabbir (Ang Nakapagmamalaki)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Mutakabbir (Nakapagmamalaki) ay pagkamalaki ni Allāh o karangalan Niya. **At-Takbīr**

Ang takbīr kay Allāh (napakataas Siya) ay ang pagdakila sa Kanya at pagpapawalang-kapintasan sa Kanya. **Kabīrah**

Ginagamit ito sa anumang nagpapabigat at nagpapahirap. **Al-Kibr (Pagmamalaki)**

Ang pagmamalaki ay ang kalagayan na tinataglay ng tao na paghanga sa sarili niya kaya tumatanggi siya sa katotohanan at humahamak sa mga tao. **At-Takabbur (Pagpapakamalaki)**

Pagtanggi dahil sa kapalaluan at pagkasuya. **Kataba (Sumulat)**

Gumuhit ng pananalita sa pahina. **Al-Kitāb (Aklāt, kasulatan)**

Isang katawagan sa mga pahina kasama ng nakasulat sa mga ito. **Al-Kitmān (Pagtatago)**

Pagkukubli ng pananalita. **Al-Kathīb (Bunton ng buhangin)**

Ang buhangin kapag natipon. **Al-Kathīr (Marami, madalas)**

Ginagamit sa pagtukoy ng kantidad na nakahiwalay, ito ay kasalungatan ng kaunti. **Al-Takāthur (Pagparamihan)**

Pagtatagisan sa dami ng yaman at karangalan. **Al-Kawthar**

Isang ilog sa Paraiso, nagsasanga-sanga buhat dito ang mga ilog. **Al-Kadh (Pagpapakapagod)**

Pagpupunyagi at pagpapakahirap. **Inkadara (Pumanglaw)**

Nagbago ang kulay kasama ng pagkalat. **Akdā (Nagkuripot)**

Nagbigay ng kaunti. **Al-Kadhb (Pagsisinungaling, kasinungalingan)**

Pagsabi ng hindi totoo. **Al-Karb (Dalamhati)**

Matinding lumbay. **Al-Karrah (Balik)**

Panunumbalik sa anuman sa pamamagitan ng sarili o sa pamamagitan ng gawain. **Kursiy (Silya)**

Isang katawagan sa inuupuan. **Al-Karam (Pagkamarangal)**

Bawat anumang karangalan sa kategorya nito. Itinataguri ito sa mga kaasalan at mga gawaing pinapupurihan. **Al-Karīm (Ang Mapagbigay, Ang Marangal) at Al-Akram (Ang Pinakamapagbigay, Ang Pinakamarangal)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Karīm (Mapagbigay, Marangal) at ang Akram (Pinakamapagbigay, Pinakamarangal) ay ang marami ang kabutihan, ang tagapagbigay na hindi nauubos ang bigay Niya, at ang Mapagbigay ayon sa pagkamapagbigay na walang-pasubali.

Napaloloob sa kahulugan nito ang Makapangyarihan at Mapagpalampas. **Al-Karh (Sapilitan)**

Ang pahirap na dinaranas ng tao mula sa panlabas kaugnay sa ipinababata sa kanya sa pamamagitan ng isang pamimilit. **Al-Kurh (Kinasusuklaman)**

Ang dinaranas ng tao mula sa sarili niya samantalang siya ay umaayaw rito. **Al-Ikrāh (Pamimilit)**

Sinasabi kaugnay sa ipinababata sa tao ng kinasusuklaman niya. **Al-Kasb (Pagkamit, pagkita)**

Tubo. **Kasād (Pagtumal)**

Kawalan ng paglalakas-loob sa pagbili ng kalakal. **Kusūf (Eklipse)**

Pagkatago ng araw o buwan dahil sa isang partikular na pangyayari. **Al-Kisfah (Tipak)**

Piraso mula sa isang bagay, ang pangmaramihan ay kisaf. **Al-Kasal (Katamaran)**

Pagbibigat-bigatan sa hindi nararapat ang pagbibigat-bigatan at dahil doon ito ay naging pinupulaan. **Al-Kisā' (Damit)**

Kasuutan. **Kashaṭa (Tumuklap)**

Nag-alis. **Kashafa (Pumawi)**

Naglantad, naglinaw, nag-alis. **Al-Kadīm**

Pagpigil. **Ka`b (Bukungbukong)**

Buto na nasa salubungan ng paa at binti.
Kawā`ib

Pangmaramihan ng kā`ib, ito ay ang babae kapag lumilitaw ang suso dahil sa pagkaumbok.
Al-Ka`bah

Bawat bahay na nasa anyong kubiko at dito ipinangalan ang Ka`bah. **Al-Kuf' (Kapantay)**

Nakikipantay sa rangko at katayuan. **Al-Kaft**

Paghawak at pag-ipon. **Al-Kufr (Kawalang-pananampalataya)**

Pagtatakip sa isang bagay at pagtabon dito. Itinataguri ito sa kasalungatan ng pananampalataya kay Allāh. **Kāfūr**

Isang katawagan sa balat ng isang prutas na bumabalot dito, ito ay isang uri ng pabango. **Al-Kaffārah (Panakip-sala)**

Ang ibinibigay na salapi o pagkain o inihahandog na ayuno para sa pagpawi sa pagkakasala at pagtatabon nito. **Al-Kaff (Kamay, palad)**

Ang kaff ng tao ay sa pamamagitan nito kumukuyom siya at nagbubuklat. **Kāffah (Kalahatan)**

Sama-sama. **Al-Kafālah (Pag-aaruga)**

Paggarantiya. **Al-Kifl**

Parte at bahagi. **Dhulkifl**

Isang pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Kafā (Nakasapat)**

Nakatugon sa kakulangan at nakaabot sa ninanais sa nauukol. **Kala'a (Nagkandili)**

Pag-iingat sa isang bagay at pagpapanatili rito. **Al-Kalb (Aso)**

Hayop na palatahol. **Al-Mukallab (Nangangasong hayop)**

Tinuruan. Ang mukallib ay ang nagtuturo ng aso. **Kalaḥa (Umangil)**

Sumimangot. **At-Taklīf (Pag-aatang ng tungkulin)**

Pag-uutos ng anumang mahirap. **At-Takalluf (Pagkukunwari)**

Isang katawagan sa anumang ginagawa nang may hirap o pagpapanggap o pagpapalabis-labis. **Kull (Bawat, buo, lahat)**

Kataga ng pagsasama sa mga bahagi ng isang bagay. **Al-Kalālah (Walang anak ni magulang)**

Isang katawagan sa sinumang walang anak ni magulang kabilang sa mga tagapagmana. **Kallā (Aba'y hindi)**

Kataga ng pagpigil at pagsawata o pagkakaila at pagpapawalang-saysay sa sabi ng nagsasabi o kung hindi ay para sa pagtawag-pansin. **Al-Kalām (Pagsasalita, pananalita)**

Kaparaanan ng pag-uusap sa pagitan ng mga tao. **Kilā (Kapwa)**

Isang salitang nagpapahiwatig ng dalawa sa pagkakasambit, na nasa anyong pang-isahan at kahulugang pandalawahan. **Kam (Ilan)**

Isang kataga sa pagbilang, ginagamit ito bilang pantanong. **Kamula (Nabuo)**

Nalubos at natamo ang kaugnay rito na pakay mula roon. **Al-Akmām (Mga saha)**

Ang pang-isahan nito ay kimm. Ito ang bumabalot sa bunga. **Al-Akmah (Ipinanganak na bulag)**

Ipinanganak na sira ang mata. **Kanūd (Mapagkaila)**

Mapagtangging magpasalamat sa biyaya sa kanya. **Kanz (Kayamanang nakaimbak)**

Pagtambak ng yaman at pag-iingat nito. **Kunnas (Mga nagtatago)**

Mga nagkukubli. **Akinnah (Mga panakip)**

Pinagpapaingatan ng isang bagay. **Al-Kahf (Yungib)**

Kuweba sa bundok. **Al-Kahl (Kasapatang-gulang)**

Nagkakaedad. **Al-Kāhin (Manghuhula)**

Nagbabalita ng mga nagdaang nakakubling ulat sa pamamagitan ng isang klase ng pagpapalagay. **Al-Kūb (Baso)**

Inumang walang hawakan. **Kāda (Halos)**

Nalapit. **At-Takwīr (Pagpulupot)**

Pagpapaikot ng isang bagay at pagsasama-sama ng isang bahagi nito sa ibang bahagi. **Kāna (Naging)**

Isang pandiwa para sa nagdaan na panahon. Sa marami sa pagkagamit nito sa paglalarawan kay Allāh (napakataas Siya), nagpapahayag ito ng kahulugan ng kawalang-hanggan. **Makān (Pook, lugar)**

Dako ng isang lokasyon sa Daigdig. **Makānah (Katayuan)**

Rangko at kaangatan ng lagay. **Al-Kayy (Paghero)**

Pagpaso ng balat ng isang bakal na pinainitan o tulad nito. **Kay (Upang)**

Isang kataga ng kasanhian ng paggawa ng anuman. **Al-Kayd (Panlalansi)**

Isang klase ng panggugulang, ito ay maaaring pinupulaan o pinapupurihan. **Kayfa (Papaano)**

Isang katagang pananong, na nagtatanong tungkol sa kalagayan ng isang bagay o katangian nito o kawangis nito. **Al-Kayl (Pagtatakal)**

Paglalagay sa isang lagayang ginagamit sa pagsukat, mula rito ang pagtatakal ng pagkain. **Istikāna (Nangayupapa)**

Nagmababa, nagpakaaba, at nanahimik. **Ang Salita**

Aklat Lām

Ang Kahulugan **Lam**

- Katagang pampang-ukol na nagpapahiwatig ng:

Pagmamay-ari o tila pagmamay-ari o pagkakarapat-dapat o pagkaukol o pagbibigay-sanhi o pagbibigay-diin sa pagkakaila o pagreresulta o gaya ng pang-ukol na ilā (patungo) o gaya ng pampang-abay na fī (sa, nasa) o gaya ng `an (tungkol).

- Katagang pampandiwa na nagpapabatid ng:

Paghiling o pagsisimula o pagbibigay-diin o tugon sa law (kung sakaling) o tugon sa panunumpa o pagpapaumpisa ng panunumpa o matapos ng pantukoy. **Lā (Hindi, wala, huwag)**

Kataga ng pagsaway at pagkakaila. **Lu'lu' (Mga perlas)**

Hiyas na hinahango mula sa mga kabibi ng dagat at ginagamit para panggayak. **Al-Lubb (Isip)**

Isip na dalisay sa mga nakadudungis. **Labitha (Namalagi, naglaon)**

Nanatili nang namamalagi sa lugar. **Lubad (Tambak)**

Natipon. **Labisa (Nagsuot)**

Nagsuot ng damit: nagbalot nito. **Al-Labs (Pagkalito)**

Maling akalang nagkukubli rito ang reyalidad ng usapin. **Al-Laban (Gatas)**

Masarap na puting likidong pagkain na lumalabas mula sa suso ng babae. **Al-Malja' (Madudulugan)**

Ang pinagpapasanggalan laban sa panganib gaya ng muog, bundok, at kuweba. **Al-Lujah (Lawa-lawaan)**

Maraming tubig na nasasamahan ng mga alon.
Al-Lajāj (Pagmamatigas)

Pagkamapilit at pagmamatigas sa pagsasagawa ng sinasawata. **Al-Laḥḍ**

Isang hukay na nakagilid palayo sa gitna. Gumilid (Alḥada) ang palayo sa inaasinta: Lumihis sa isa dalawang gilid nito. **Ilhāf (Pangungulit)**

Katindihan ng paggigiit sa paghingi. **Laḥiqā (Nakahabol)**

Nakaabot. **Al-Laḥm (Laman, karne)**

Malambot na panlaman (muscular) na bahagi na bumabalot sa buto at lumalagay sa pagitan ng buto at balat. **Al-Laḥn**

Pagkabaling ng pananalita palayo sa mga kalakaran nitong nakasanayan. **Liḥyah (Balbas)**

Buhok sa baba. **Al-Aladd (Pinakapalaban)**

Kaalitang matindi ang pag-ayaw. **Ladun**

Ang ladun ay higit na partikular kaysa sa `inda dahil ito ay nagpapahiwatig ng simula at wakas. **Ladā**

Ang ladā ay nalalapit sa kahulugan ng ladun. **Al-Lidhdhah (Sarap)**

Pisikal na kasiyahan. **Lāzib (Malagkit)**

Kumakapit na matindi ang pagkapit. **Al-Luzūm**

Kahabaan ng pananatili, itinataguri rin ito sa pagkakinakailangan. **Lisān (Dila)**

Bahagi ng katawan para sa pagsasalita, pagbigkas, at paglasa sa bibig. Itinataguri ito sa wika. **Al-Latīf (Ang Mapagtalos)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Latīf (Mapagtalos, Mabait) ay ang nakasaklaw ang kaalaman Niya sa mga lihim, mga nakakubli, mga nakapaloob, at mga eksaktong detalye; at ang mabait sa mga lingkod Niyang mga mananampalataya, na nagpapaabot sa kanila ng mga kapakanan nila dahil sa kabaitan Niya at paggawa Niya ng maganda mula sa mga daan na hindi sila nakararamdam sa mga ito. **Al-Laḍā (Alab)**

Purong liyab. **La`ib (Paglalaro)**

Ang ginagawa dahil sa pagpapakay ng paglilibang at pag-aaliw. **Al-Lu`āb (Laway)**

Dumadaloy na dura. **La`alla (Harinawa, nang sa gayon)**

Katagang nagpapahiwatig ng pag-asa, paghahangad, pagkabagabag o pagsasanhi o dalawang ito nang magkasabay. **Al-La`n (Pagsumpa)**

Pagtataboy at pagpapalayo. **Al-Mulā`anah**

Pagsumpa ng bawat isa sa dalawa sa sarili niya o kasamahan niya. **Al-Lughūb (Pagkapata)**

Pagkapagod at pagkapagal. **Al-Laghw (Kabalbalan)**

Anumang hindi isinasaalang-alang. **Al-Ilṭifāt (Paglingon)**

Paglinga ng mukha. Nagpapahayag ito ng paglisan. **Lafaḥa (Pumaso)**

Halimbawa: Pumaso sa kanya ang araw at ang nakapapasong hangin kapag tumama sa kanya ang init kaya nag-iba ang mukha niya. **Al-Lafḍ (Pag-usal)**

Pagbigkas ng sinasabi. **Lafīfan (Magkahalo)**

Magkasama kayo sa isa't isa. **Alfaytu (Nakasumpong ako)**

Nakatagpo ako. **Al-Laḡab (Taguri)**

Pangalang ipinapangalan sa tao bukod pa sa unang pangalan niya. **Laḡaḥa (Nagsemilya)**

Nagpapahiwatig ito ng pambubuntis ng isang lalaki sa isang babae. Pagkatapos ginagamit dito ang nakawawangin nito. **Laḡaṭa (Pumulot)**

Pagkuha ng isang bagay mula sa lapag. **Talḡafu (Lumalamon)**

Tabtali`u (Lumululon) **Luqmān**

Pangalan ng kilalang marunong. **Al-Liqā' (Pakikipagkita)**

Pakikipagharap sa anuman o pagkasumpong dito o pakikipagharap at pagkasumpong nang magkasabay. **Alqā (Pumukol, nagtapon)**

Naghagis ng isang bagay kung saan siya nakasumpong nito. **Lākin (Subalit)**

Kataga para sa pagwawasto sa pamamagitan ng pagkakaila o pagpapatibay. **Lamḥ (Sulyap, kisap)**

Pagtingin nang madalian. **Al-Lamz (Panunuligsa)**

Panlilibak at paghahanap ng maipipintas. **Al-Lams (Pagsaling)**

Pagdama sa ibabaw ng kutis gaya ng paghipo at ipinapampahayag ito tungkol sa paghiling. **Lam (Hindi)**

Isang kataga para sa pagkakaila ng pandiwang imperpektibo at pagpapalit ng aspeto nito para maging pangnakaraan. **Al-Lamm (Ubus-ubos)**

Pagtitipon nang hindi nag-iiwan ng kaunti ni marami. **Al-Lamam (Mga kasalanang maliit)**

Pakikipaglapitan sa pagsuway at ipinapampahayag ito tungkol sa maliit na kasalanan. **Lammā (Hindi pa)**

Isang katagang nagpapabatid ng pagkakaila [na may kahulugang hindi pa] o pagsasakundisyon na may kahulugang kapag o kataliwasan na may kahulugang kundi. **Lan (Hindi)**

Isang kataga para sa pagkakaila ng pandiwang imperpektibo para maging panghinaharap. **Al-Lahab (Liyab)**

Pagkaangat ng dulo ng apoy. **Yalhathu (Naglalawit-lawit)**

Naglalaylay ng dila dahil sa pagkauhaw at ipinantatawag ito sa pagkahapo. **Al-Ilhām (Pagkintal)**

Pagtatalaga ng isang bagay sa puso at natatangi iyon sa anumang mula sa panig ni Allāh (napakataas Siya). **Al-Lahw (Paglilibang)**

Anumang umaabala sa tao palayo sa pumapatungkol sa kanya at minamahalaga sa kanya. **Law (Kung sakaling ..., ... sana ...)**

Isang katagang nagpapahiwatig ng kawalang-pangyayari ng resulta dahil sa kawalang-pangyayari ng batayang palagay, o ng hipotetikal na kundisyon o ng pagkabuo ng pandiwang pawatas gaya ng katagang AN (na) o ng pagmimithi. **Al-Lāt**

Pangalan ng isang anito. Ang orihinal na kahulugan ng Al-Lāt ay Al-Lāh. Isinapambabae nila ito bilang pagtawag-pansin sa pagkakulang nito kung ihahambing kay Allāh. **Lāta (Hindi)**

Isang kataga para sa pagkakaila na may kahulugang hindi na natatangi sa oras. **Al-Lawḥ (Tablero)**

Pang-isahan ng alwāḥ (mga kasko) ng barko, ito rin ay ang anumang pinagtatalaang yari sa kahoy o iba pa. **Al-Lawdh**

Pagtatago at pagdulog. **Lūt (Lot)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Lawlā (Kung hindi sana)**

Isang katagang nagpapahiwatig ng kawalang-pangyayari dahil sa isang kairalan, o para sa pag-alok: isang paghiling nang may kalumayan at kabanayaran, o para sa pag-udyok: isang paghiling nang may katindihan. **Al-Lawm (Paninisi)**

Pagsumbat sa tao dahil sa pagkakaugnay niya sa anumang may ukol dito na maisisisi. **Lawmā (Bakit kasi ... ?)**

Isang parirala ng pag-udyok. **Al-Lawn (Kulay)**

Napabibilang dito ang puti, ang itim, at ang anumang binubuo ng mga ito. **Al-Layy (Pagpiliipit)**

Pagtabingi. **Layta (Kung sana)**

Isang katagang nagpapahiwatig ng paghahangad at pagmimithi. **Yalit (Babawas)**

Magbabaling at magpapakulang sa karapatang ukol sa iba. **Laysa (Hindi)**

Salitang nagpapahiwatig ng pagkakaila sa pangkasalukuyan. Kapag nilapian ito ng A (ba) na pananong, ito ay magiging para sa pagpapatotoo: A-laysa (Hindi ba ...) **Layl (Gabi)**

Kasalungatan ng maghapon. **Al-Līn (Pagkabanayad)**

Kasalungatan ng kagaspangan, ginagamit ito sa mga pisikal na bagay, pagkatapos ginagamit ito para sa pagtukoy sa kaasalan at iba pa na mga kahulugan. **Ang Salita**

Aklat Mīm

Ang Kahulugan **Mā**

Ginagamit bilang kataga ng pagkakaila o pambuo ng pandiwang pawatas o pambuo ng pang-abay o pananong o pangkundisyon o padamdang o panghalip na pamanggit o para sa pagsasapambalana o para sa pagbibigay-diin o paglilimita. **Mārūt**

Siya at si Hārūt ay dalawang anghel na inatanganan ng pagtuturo sa mga tao ng

panggagaway sa Babilonia bilang tukso para sa kanila. **Ma'jūj (Magog)**

Ang Ma'jūj (Magog) Ma'jūj at (Magog) ay pangalan ng mga liping barbaro, na nagpatigil si Dhulqarnayn sa mga paulit-ulit na pananalakay ng mga ito, sa pamamagitan ng pagpapatayo ng isang saplad sa pagitan ng dalawang bundok. **Al-Mi'ah (Daan)**

Kabilang sa mga pangalan ng bilang: sampung sampu, na ang pandalawahan nito ay mi'atāni. **Al-Matā` (Natatamasa)**

Pakinabang na tumatagal nang pansamantala. **Matīn (Matibay)**

Matigas na matibay. **Al-Matīn (Ang Matibay)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Matīn (Matibay) ay ang matindi ang lakas. **Matā (Kailan)**

Katagang pantanong tungkol sa oras. **Al-Timthāl (Istatuwa)**

Bagay na inanyuan. **Al-Mathal (Paghahalintulad)**

Pahayag tungkol sa isang masasabi kaugnay sa isang bagay na nakawawangis sa isang masasabi kaugnay sa iba pang bagay na sa pagitan ng dalawang ito ay may pagkakawangisan, upang

maglinaw ang isa sa dalawa sa iba at magsalarawan nito. **Al-Mithāl (Halimbawa)**

Pagtutumbas ng isang bagay sa isang bagay na katapat nito o paglalagay ng isang anumang bagay upang tularan ito sa ginagawa nito. **Mathulāt (Parusang panghalimbawa)**

Isang paghihiganti na dumadapo sa tao para gumawa ng isang halimbawang nasasawata sa pamamagitan nito ang ibang tao. Iyon ay gaya ng nakāl (parusang pangsuwata). **Al-Amthal (Pinakahalimbawa)**

Pinakakawangis sa maiinam. **Al-Majd (Karingalan)**

Ang kalawakan sa karangalan at kapitaganan. **Al-Majīd (Ang Maringal)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Majīd (Maringal) ay tumukoy sa karingalan, karangalan, pagkamapagbigay ni Allāh. **Al-Majūs (Mago)**

Isang kalipunang sumasamba sa apoy at mga tala. **At-Tamhīṣ (Paglalantay)**

Pagdalisay sa isang bagay mula sa anumang narito na kapintasan, gaya ng pagsisiyasat. **Yamḥaqu (Nagpupuksa)**

Nagbabawas. **Al-Mihāl**

Panlalansi, lakas, parusa, at pangangasiwa. **Al-Imtiḥān (Pagsusulit)**

Pagsubok. **Al-Maḥw (Pagbura)**

Pag-aalis ng bakas. **Al-Mawākhir (Mga bumibiyak)**

Ang pagbiyak ay ang paghati at ang pagbukas. Ipinantutukoy ito sa mga daong dahil ang mga ito ay bumibiyak sa tubig ng dagat. **Makhād (Sakit ng panganganak)**

Sakit na nararamdaman kapag nagsisilang ang buntis. **Al-Madd (Pagbanat)**

Ang orihinal na kahulugan ng madd ay ang paghila at kabilang rito ang paglawak sa pagkahaba at pagkarugtong. **Amadda (Nag-ayuda, nagpalawig)**

Nagkaloob at nagparami. **Al-Muddah (Yugto)**

Bahagi ng panahon, kaunti man o marami. **Al-Midād (Tinta)**

Likidong ipinansusulat. **Madyan**

Pangalan ng isang lungsod na Arabe na nanatili roon si Moises. **Al-Mar'**

Lalaki. **Imra'ah**

Babae mula sa tao. **Mari'an (Kasiya-siya)**

Kaiga-igaya. **Al-Madīnah (Lungsod)**

Malaking bayan na nagtitipon ng mga tahanan at mga palengke. **Mārūt**

Isa sa dalawang anghel na pinababa sa Babilonia. **Marīj (Nakatutuliro)**

Ang orihinal na kahulugan ng pagkatuliro rito ay pagkalito. **Mārij (Walang usok na liyab)**

Magkahalong liyab. **Al-Marjān (Mga koral)**

O maliliit na perlas. **Marah̄ (Pagpapakasaya)**

Katindihan ng tuwa at pagpapakalawak dito. **Al-Mārid (Tagapaghimagsik)**

Hubad sa mga kabutihan. **Mumarrad**

Pinakinis. **Al-Murūr (Pagdaan)**

Paglipas at pagtawid sa isang bagay. **Marrah (Ulit, beses, pagkakataon)**

Ilsang pagkagawa ng alinmang gawain. **Mirrah (Kapangyarihan)**

Kalakasan at katindihan ng isip. **Al-Marad̄ (Sakit, karamdaman)**

Paglabas sa kalusugang natatangi sa tangi. **Al-Miryah (Pag-aalangan)**

Pag-aatubili sa isang usapin, ito ay higit na partikular kaysa sa pagdududa. **Al-Mirā' (Pakikipagtaltalan)**

Pakikipangatwiran sa bagay may isang pag-aalangan. **Al-Marwah**

Ang Ṣafā at ang Marwah ay dalawang burol malapit sa Masjid na Pinakababanal. Nagsasagawa ng sa'y sa pagitan ng dalawang ito ang mga tagapagsagawa ng ḥajj. Ang marw ay isang puting makinang na bato nagniningas mula rito ang apoy. **Maryam (Maria)**

Isang pangalang di-Arabe, na pangalan ng ina ni Jesus (sumakanila ang pangangalaga) **Al-Mazj**

Paghahalo. Ang mizāj ay ang ipinanghahalo. **At-Tamziq (Paggugutay-gutay)**

Pagwarat at pagpuputul-putol. **Al-Muzn**

Maniningning na ulap. **Al-Mash (Pagpapahid)**

Pagpaparaan ng kamay sa isang bagay at pag-aalis ng bakas na naiwan dito. **Al-Masīh**

Tinawag ang Dajjāl (Antikristo) bilang masīh dahil siya ay binura sa isa sa bahagi ng mukha niya.

Tinawag si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) bilang Masīh dahil sa pagiging siya ay isang tagapaglabay sa Lupain. **Al-Maskh (Pagpapabagong-anyo)**

Pagsira ng pangkaasalan at pampisikal na anyo at pagpapalit ng dalawang ito mula sa isang

anyo patungo sa iba pang anyo **Al-Masad (Linubid na himaymay)**

Himaymay na ginagawa mula sa palapa ng datiles. **Al-Mass (Pagsaling)**

Pagkadama sa pamamagitan ng pandama ng paghipo sa pamamagitan ng pagsalat ng kamay sa isang bagay. Ang mass ay ipinantawag din sa bawat natatamo ng tao na perhuwisyo. Ipinampalit-tawag ito sa pagtatalik. Ipinampalit-tawag din ang mass sa pagkabaliw. **Al-Imsāk ({Pagkapit})**

Pagkaugnay sa isang bagay at pag-iingat dito. Itinataguri ito sa paghawak at pagkuha. **Al-Misk (Musk)**

Isang klase ng pabango na kinukuha mula sa isang hayop. **Al-Masā' (Gabi)**

Isang panahon, na kasalungatan ng umaga. **Amshāj (Mga pinaghalo)**

Mga halo mula sa dugo. **Al-Mashy (Paglalakad)**

Paglipat mula sa isang lugar papunta sa ibang lugar nang may pagnanais. **Al-Miṣr (Bayan)**

Pantawag sa bawat bayang mamsūr: hinahangganan. Ang Miṣr ay ang kilalang bayan ng Ehipto. **Al-Muḍghah (Kimpal na laman)**

Piraso ng laman na singlaki ng mangunguya at hindi pa naluto. **Al-Muḍīy (Paglisan)**

Paglagos at pagdaan, ginagamit ito sa mga bagay at mga pangyayari. **Al-Maṭar (Ulan)**

Tubig na nabuhos. **Yatamaṭṭā (Nagmamayabang sa paglakad)**

Naglalakad nang hambog. **Ma`a (Kasama)**

Pang-ukol na nagpapahiwatig ng pagkakasama na maaaring sa lugar o sa panahon o sa kahulugan gaya ng mga nagkakaugnayan o maaaring sa karangalan at rangko at nakapagpapahiwatig ng kahulugan ng pag-adya. **Al-Ma`z**

May buhok na kambing. **Al-Ma`īn (Binubukalan)**

Dumadaloy. **Al-Maqt (Pagkapoot)**

Matinding pagkamuhi sa nakikitang nagsagawa ng pangit. **Al-Mukth (Pamamalagi)**

Pagtigil kasama ng paghihintay. **Al-Makr (Pagpapakana)**

Pagpapabaling ng iba palayo sa pinapakay niya sa pamamagitan ng isang kaparaanan. Ito ay dalawang uri: pagpapakatang pinapupurihan, na paghahangad dito ng isang marikit na gawain; at pinupulaan, na paghahangad dito ng isang pangit na gawain. **Makkah**

Ang Bayang Pinakababanal. **Mikāl (Miguel)**

Si Anghel Miguel (Mikaeel). **At-Tamkīn (Pagbibigay-kapangyarihan)**

Pagpapatatag at pagpapatibay. **Al-Makān (Lugar, pook)**

Puwesto na naglalaman ng isang bagay. **Al-Makānah (Katayuan)**

Kakayahan at kalagayan. **Maknūn (Itinatago)**

Tinatakpan. **Mukā' (Sipol)**

Sutsot. **Al-Mala' (Konseho)**

Grupong nagkakabukluran sa isang pananaw kaya naman nakapupuno (mala') sila sa mga mata ng isang kaayahan at isang magandang tanawin at sa mga kaluluwa ng isang karikitan at kapitaganan. **Imtala'a (Napuno)**

Naukupahan ang puwang sa kabuuan dahil sa inilagay. **Al-Milḥ (Asin)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang kaputian at mula rito ang asin ng pagkain. **Imlāq (Paghihikahos)**

Karalitaan. **Al-Malik (Hari)**

Nakapangyayari sa pag-uutos at pagsaway. **Al-Malakūt (Kaharian)**

Natatangi sa pagkahari ni Allāh (napakataas Siya), ito ay pandiwang makangalan ng pandiwang malaka (naghari). **Al-Malik (Hari), Al-Malik (Pinakahari)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Malik (Hari) at ang Malik (Pinakahari) ay tumutukoy sa pagkahari ni Allāh, kaharian Niya, paghahari Niya, at kadakilaan Niya sapagkat Siya ay ang Hari sa Araw ng Pagtutumbas. **Al-Mamlūk (Minamay-ari)**

Alipin. **Al-Millah (Kapaniwalaan)**

Isang katawagan sa isinabatas ni Allāh (napakataas Siya) para sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng salita ng mga propeta upang umabot sila sa pamamagitan nito sa pagkamalapit kay Allāh. **Yumlil (Magdikta)**

Maglahad ng teksto sa tagasulat upang magsulat siya nito. **Al-Imlā' (Pagpapalugit)**

Pag-aantabay, pagpapatagal, at hindi pagmamadali sa kaparusahan. **Umlī (Magpapalugit Ako)**

Mag-aantabay Ako. **Al-Maliy (Matagal)**

Mahabang panahon. **Man (Sino)**

Katagang ginagamit bilang pangkundisyon (sinuman) o bilang pananong (sino) o bilang panghalip na pamanggit (na). **Min**

Katangang ginagamit para sa pagpapasimula (mula) o pagbabahagi (ilan sa) o paglilinaw o pagbibigay-dahilan o pagtatangi o pagbibigay-diin. **Al-Man` (Pagpigil)**

Kasalungatan ng pagbibigay at mula rito ang manī` (matibay). Ginagabi rin ito sa kahulugang pagsasanggalang. **Al-Māni` (Ang Tagapigil)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Māni` (Tagapigil) ay pumipigil sa anumang nilolob Niya ayon sa katarungan Niya at karunungan Niya at gayundin nagsasanggalang sa mga alagad ng Relihiyon Niya sa pamamagitan ng pagtatanggol sa kanila at pag-aadya sa kanila. **Al-Mann (Mana)**

Bagay na gaya ng hamog na may tamis, na nalalaglag sa mga punong-kahoy. **Al-Minnah (Pagmamagandang-loob)**

1. Mabigat na pagbibiyaya. Ito sa katotohanan ay hindi nangyayari kundi dahil kay Allāh (napakataas Siya).

2. Ito rin ay pagsumbat niyon, na isang itinuturing na pangit sa pagitan ng mga tao maliban sa sandali ng kawalan ng utang na loob sa biyayang idinulot. **Al-Mannān (Ang Mapagmagandang-loob)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Mannān

(Mapagmagandang-loob) ay ang tagapagbigay ng pagmamagandang-loob at dakilang biyaya bilang isang pagpapasimula. **Mamnūn (Matitigil)**

Mapuputol na makukulangan. **Al-Manīyah**

Kamatayan. **Al-Manā**

Pagtatakda. **Al-Manīy (Punlay)**

Likido ng lalaki, na nililikha sa pamamagitan nito ang mga tao. **Al-Tamannīy (Pagmimithi)**

Pagtatakda at pagguguniguni ng isang bagay sa sarili. **Manāh**

Pangalan ng isa sa mga anito ng mga Arabe sa Panahon ng Kamangmangan. **Al-Mahd (Duyan)**

Higaang inihahanda para sa paslit. **Al-Mihād (Himlayan)**

Lugar na inihandang pinatag. **At-Tamahhul (Pag-aanta-antabay)**

Paghihinay-hinay at kapanatagan. **Al-Muhl**

Latak ng langis. **Mahmā (Anupaman)**

Katagang pangkundisyon. **Al-Mahīn (Aba)**

Hamak. **Al-Mawt (Kamatayan)**

Ang mga uri ng kamatayan ay alinsunod sa mga uri ng buhay. Ito ay kasalungatan ng buhay. **Al-Maytah**

Hayop na naalis ang buhay nang walang pagkakatatay. **Al-Mawj (Mga alon)**

Kaugnay sa dagat, ang pumapaibabaw mula sa mga kaibabawan ng tubig, na pagkabulabog ng agos ng dagat. **Al-Mawr (Pagyanig)**

Mabilis na pagkilos at pagkaalog. **Mūsā (Moises)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Al-Māl (Ari-arian, yaman)**

Ang minamay-ari na mga pisikal na bagay gaya ng ginto, pilak, hayop, bahay, at mga punong-kahoy. **Al-Mā' (Tubig)**

Likido ng dagat, ilog, at ulan. **Al-Mayd (Paggalaw-galaw)**

Pagyanig ng dambuhalang bagay gaya ng pagyanig ng lupa. **Mā'idah (Hapag)**

Mesa na may nakahaing pagkain at inumin. **Al-Mīrah**

Pagkaing inihahatid ng tao. **Al-Mayz (Pagkabukod), At-Tamyīz (Pagbubukod)**

Pagpapahiwalay sa pagitan ng mga nagkakawangisan. **Mīkāl (Miguel)**

Pangalan ng isa sa mga anghel (sumakanya ang pangangalaga). **Al-Mayl (Pagkiling)**

Paglihis palayo sa kalagitnaan patungo sa isa sa magkabilang gilid. Ginagamit itong kasingkahulugan ng kawalang-katarungan. **Ang Salita**

Aklat Nūn

Ang Kahulugan **Na'ā**

Lumayo. **An-Naba' (Balita)**

Pabatid na may isang dakilang katuturan, na may natatamo sa pamamagitan nito na isang kalamangan o isang pananaig ng palagay. Hindi tinatawag ang pabatid bilang isang balita sa orihinal na kahulugan hanggang sa maglaman ng tatlong nabanggit na ito. **Al-Nubūwah (Pagkapropeta)**

Pasuguan sa pagitan ni Allāh ng mga may pagkaunawa kabilang sa mga lingkod Niya para sa pag-alis ng mga alinlangan nila sa nauukol sa pamumuhay nila at pagkabuhay nila. **An-Nabīy (Propeta)**

Kapag hindi nagtapos sa hamzah (impit na tunog), ito ay masasabing hinango mula sa nabwah, ibig sabihin: kaangatan. Tinawag ito bilang isang nabīy dahil sa pagkaangat ng katayuan nito higit sa nalalabi sa mga tao. Kapag naman nagtapos sa hamzah, dahil ito ay nagbalita tungkol kay Allāh (napakataas Siya). **An-Nabāt (Mga halaman)**

Ang lumalabas mula sa lupa na mga tumutubo, maging ito man ay may puno gaya ng punong-kahoy o ito ay walang puno gaya ng damo. **An-Nabdh (Pagtapon)**

Pagpukol sa isang bagay at pagwaksi rito dahil sa kakauntian ng pagkasaalang-alang dito. **An-Nabz**

Taguri ng kasagwaan. **Al-Istinbāt (Paghihinuha)**

Paghuhulo. **An-Nab`**

Paglabas ng tubig mula sa bukal. **Al-Yanbū` (Batis)**

Bukal na lumalabas mula rito ang tubig at ang pangmaramihan nito ay yanābī`. **Nataqa (Nagangat)**

Humatak at bumunot hanggang sa lumaylay. **An-Nathr (Pagkakalat)**

Pagpapalaganap at pagpapahiwa-hiwalay. **An-Najd (Daanan)**

Magaspang na mataas na lugar. **An-Najāсах (Kasaulaan)**

Karumihan. Ito ay dalawang klase: isang klaseng natatalos ng pandama at isang klaseng natatalos ng kabatiran. **Najm (Bituin)**

Ang orihinal na kahulugan ng najm ay ang sumisikat na tala. **An-Najāh (Pagkaligtas)**

Lugar na nakaangat na nakahiwalay dahil sa pagkaangat nito buhat sa paligid nito. Itinataguri ito sa pagkaligtas mula sa dalamhati at kapighatian. **Al-Munājāh**

Pagtatapatan ng pag-uusap ng lihim sa pagitan ng dalawa. **An-Naḥb (Panata)**

Panatang hinatulan ng pagkakinakailangan. **An-Naḥt (Paglilok)**

Pagtasang pag-aanyo sa pamamagitan ng isang bakal. **An-Naḥr (Leeg)**

Bahaging sinusuutan ng kuwintas sa dibdib. Pagkatay sa pamamagitan ng paglaslas sa leeg. Kabilang sa kahulugan kaugnay sa kamelyo ang pagkatay. **An-Nuḥās (Tanso)**

Liyab na walang usok. Ito ay isang pagwawangis ng kulay sa tanso. **An-Naḥs (Kasawiang-palad)**

Kabaliktaran ng kabutihang-palad, ibig sabihin: kamalasan. **An-Naḥl (Mga bubuyog)**

Mga kulisap ng pulut-pukyutan. **An-Niḥlah (Tungkuling regalo)**

Bagay sa pamamagitan ng pag-aambag, ito ay higit na tangi kaysa sa kaloob. **Naḥnu (Kami, tayo)**

Panghalip ng unang panauhan kapag nagpabatid tungkol sa sarili kasama ng iba pa. Ang anong pagkagamit ni Allāh (napakataas Siya), ito ay tungkol sa sarili niya para sa pagdakila. **Nakhirah (Nabukbok)**

Nabulok. **An-Nakhl**

Puno ng datiles, maaaring magamit ito sa pang-isahan o pangmaramihan. **An-Nidd (Kaagaw)**

Pakikilahok sa kakanyahan, ito ay isang klase ng pagkakatulad. **An-Nadm**

Pagsisisi: Panghihinayang dahil sa pag-iba ng pananaw sa isang pangyayaring nakalipas. **An-Nādī (Kapulungan)**

Kapulungan. **An-Nidā' (Panawagan)**

Pagtawag sa pamamagitan ng pagtataas ng tinig at paghahayag nito. Maaaring ipantawag ito sa tinig na payak. **An-Nadhr (Panata)**

Pag-oobliga sa sarili ng isang hindi kinakailangan dahil sa isang pangyayari ng isang anuman. **Al-Indhār (Pagbabala)**

Pagpapabatid na may pagpapangamba kung paanong ang pagbabalita ng nakagagalak ay pagpapabatid na may kagalakan. **Naza`a (Nagtanggal)**

Bumunot at nag-alis. **At-Tanāzu`
(Paghihidwaan)**

Pagtatagisan. Ipinantutukoy ito sa pakikipag-alitan at pakikipagtalos. **An-Nazgh (pambubuyo)**

Pagpasok sa isang usapin para manira nito. **Nazafa**

Nalimas (Nazafa) ang tubig: Naalis ito sa kabuuan nito mula sa balon nang unti-unti. **Nazala
(Bumaba)**

Ang pagbabang ito sa orihinal na kahulugan ay pagkababa mula sa kaitaasan. **An-Nuzul
(Tuluyan, handa)**

Ang inihahanda sa nanunuluyan gaya ng panustos. **An-Nasa'**

Pagpapaliban ng oras. **An-Nasī'ah (Pag-aantala)**

Pagtitinda ng isang bagay sa pamamagitan ng pagpapahuli ng bayad. Kabilang sa katawagang ito ang nasī' (pag-aantala) na ginagawa noon ng mga Arabe, na pagpapahuli ng mga buwang pinakababanal hanggang sa ibang buwan. **Al-Minsa'ah (Panungkod)**

Patpat na itinutulak sa pamamagitan nito ang isang bagay. **An-Nasab (Kaangkanan)**

Pakikilahok sa pagkaanak sa panig ng isa sa mga magulang. **An-Naskh (Pagpapawalang-bisa)**

Pag-aalis ng isang bagay kapalit ng isang bagay na hahalili roon. **Nasr**

Pangalan ng isang anito, ang nasr ay agila. **Nasafa (Nagsabog)**

Nag-alis at pumawi. **An-Nusuk**

Pagsamba. Ang tagapagsagawa ng nusuk at ang mananamba. Natangi ito sa mga gawain ng ḥajj. Ang manāsik ay ang mga puwesto ng nusuk at mga gawain nito. **An-Nasl (Mga inapo)**

Ito ay pagpapabilis ng pag-usad at supling dahil sa pagiging siya ay namutawi buhat sa ama niya. **An-Nisā' (Mga babae)**

Pangmaramihan ng babae. **An-Nisyān (Pagkalimot)**

Pagkabigo ng tao sa pagkontrol ng inilagak sa kanya, na maaaring dahil sa kahinaan ng isip niya, maaaring resulta ng isang pagkalingat, at maaaring resulta ng isang pananadya hanggang sa mawaglit sa isip ang pagkaalaala rito. **An-Nash'ah (Pagkapasimula)**

Pagpapairal sa isang bagay at pag-aalaga rito. **Al-Intishār (Paglaganap)**

Pagkalat-kalat. **Nashaza (Umangat)**

Bumangon, tumaas, umayaw, at sumalungat.
An-Nasḥ (Paghunos)

Paghugot. Itinataguri sa kagaanan at kaseryosohan. **Naṣaba (Nagtirik)**

Umangat at tumayo. Itinataguri sa mga anito ang nuṣub. **An-Naṣab (Pagkapagal)**

Pagkapagod. **An-Naṣīb (Parte)**

Bahaging itinalaga. **Al-Inṣāt (Pagdinig)**

Pagdinig nang may katahimikan. **An-Nuṣḥ (Pagpapayo)**

Paglalahad ng isang gagawin o sasabihing may dulot na kabutihan sa pinatutungkulan. **An-Naṣr (Pag-aadya)**

Pagpapanaig, paglupig, at paghihiganti. **An-Nuṣrah (Pagkaadya)**

Pagkasaklolo at pagkasuporta. **An-Nāṣir (Ang Tagapag-adya)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Nāṣir (Tagapag-adya) ay ang nasa kamay Niya ang pag-aadya nang mag-isa, ang tagapagpadali ng pananaig, at ang tagatulong. **An-Naṣīr (Ang Mapag-adya)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Naṣīr (Mapag-adya) ay ang hindi nagsusuko ng katangkilik Niya at hindi

nagtatatwa nito, bagkus nag-aadya rito. **An-Naṣārā (Mga Kristiyano)**

Mga nag-aangkin na sila raw ay sumusunod kay Kristo (sumakanya ang pangangalaga) at ang kasulatan nila raw ay ang Ebanghelyo. **An-Niṣf (Kalahati)**

Kalagitnaan. **An-Nāṣiyah (mga buhok ng noo)**

Buhok sa unahan ng ulo. **Naḍija (Naluto)**

Nahinog at nalubos. **An-Naḍkh (Pagbuga)**

Katindihan ng pagsirit ng tubig sa pagkalabog dito at pagbulwak mula sa bukas nito. **Naḍīd (Patung-patong)**

Pinagsunud-sunod at pinagdugtong-dugtong na nakapatong sa isa't isa. **An-Naḍrah (Ningning)**

Kagandahang gaya ng pamumukadkad. **An-Naṭīḥah (Nasuweg)**

Anumang sinumang mula sa mga tupa saka namatay. **An-Nuṭṭah (Patak)**

Dalisay na likido, ipinangataguri ito sa semilya ng lalaki. **An-Nuṭq (Pagbigkas)**

Pananalitang inuusal. **An-Naḍar (Pagtingin)**

Pagbaling ng paningin at kabatiran para sa pagtalos sa isang bagay at pagkakita rito. **Al-Intiḍār (Paghihintay)**

Pag-aantabay at pag-aabang-abang. **An-Na`jah**

Babaing tupa, Babaing tupa, ligaw na baka, at kambing bundok. **An-Nu`ās (Pagkaantok)**

Kaunting tulog. **An-Na`īq (Pag-unga)**

Pagsigaw at pag-ungol. **An-Na`l (Panyapak)**

Sapin sa paa na ipinanananggalang ng paa sa lupa. **An-Ni`mah (Biyaya)**

Magandang kalagayan. **Al-An`ām (Mga hayupan)**

Partikular na tumutukoy sa mga kamelyo, sumasaklaw ito sa mga hayupan kaya ipinantatawag ito sa mga kamelyo, mga baka, at mga tupa. **Al-In`ām (Pagbiyaya)**

Pagpapaabot ng paggawa ng maganda sa iba. **An-Na`īm (Kaginhawahan)**

Kagaanang pamumuhay, pagkamayabong, at maraming biyaya. **Ni`ma (Kay inam ... !)**

Isang salitang ginagamit sa pagbubunyi. Ang kasalungatan nito ay bi`sa (kay saklap), na ginagamit sa pagpula. **Na`am (Oo, opo, oho)**

Isang salita ng pagsagot. **An-Nā`im (Malambot)**

Banayad. **Al-Inghād (Pag-iiling-iling)**

Pagpapagalaw-galaw ng ulo sa harap ng iba gaya ng namamangha roon. **An-Nafth (Pagbuga)**

Pagpapatilamsik ng kaunting laway. **Nafḥah (Simoy)**

Ihip mula sa kabutihan at maaaring hiramín ito para sa pagtukoy sa kasamaan. **An-Nafkh (Pag-ihip)**

Pag-ihip ng hangin sa anuman. **An-Nafāḥ (Pagkaubos)**

Pagkasaid. **Nafadha (Tumagos)**

Lumusot sa kabilang dako. **An-Nafr (Pagdaluhong)**

Pagkabulahaw mula sa isang bagay papunta sa isang bagay. **Al-Istinfār (Panawagan ng pagsasandata)**

Paghimok sa mga tao sa pagdaluhong sa digmaan. **An-Nafar (Pangkat)**

Grupo ng mga tao [o mga jinn]. **An-Nafs (Kaluluwa)**

Espiritu. Itinataguri ito sa sarili. **Al-Munāfasah (Pakikipagtagisan)**

Pakikipagpunyagi ng sarili sa pagpapakawangis sa maiinam at paglahok sa kanila nang walang pagdudulot ng isang kapinsalaan sa iba. **At-Tanaffus (Paghinga)**

Pagpapapasok at pagpapalabas ng hangin sa katawan mula sa bibig at ilong. Ito ay gaya ng pagkain para sa sarili. **Tanāfasa (Nagtagisan)**

Nagtunggali ang bawat isa sa magkatunggalian sa lakas ng sarili. **An-Nafsh**

Paglaganap, pagkalat, at pagkahiwalay ng nagkasala-salabid sa mga bahagi nito. **An-Naf (Pakinabang, kapakinabangan)**

Ang pinagpapatulungan sa pag-abot sa mga kabutihan at ang ipinantatamo ng kabutihan kaya ito ay kabutihan. Ang pakinabang ay kabutihan at ang kabaliktaran nito ay pinsala. **Nafaqa (Lumagos)**

Dumaan at tumagos. **Al-Infāq (Paggugol)**

Pagpapaluwal ng anuman mula sa pag-aari at paggastos nito sa iba. **An-Nafaq (Lagusan)**

Tumatagos na daan at lungga na tumatagos sa lupa. **An-Nifāq (Pagpapaimbabaw)**

Ang pagtupad sa Batas sa isang paraan at ang pagsalungat dito sa ibang paraan, sa pamamagitan ng paglalantad ng pagkaanib sa Islām at pagkukubli ng pagkayakap sa Kawalang-pananampalataya. **An-Nafi**

Karagdagan higit sa kinakailangan. Itinataguri ito sa samsam sa digmaan. **An-Nafy (Pagpapatapon)**

Pagpapalayas buhat sa sariling bayan. **An-Naqīb (Lakan)**

Tagapagsiyasat sa mga tao at mga kalagayan nila, na ang pangmaramihan nito ay nuqabā'. **At-Tanqib (Paggalugad)**

Pagsaliksik at paghahangad ng isang bagay. **An-Naqb (Pagbutas)**

Pagbuslot. **Al-Inqādh (Pagsagip)**

Pagliligtas mula sa isang suliranin. **An-Naqr (Pagtuka)**

Pagpapatama sa isang bagay na nauuwi sa pagkabutas. **An-Nāqūr (Trumpeta)**

Tambuli. **Naqīrā (kapinggot)**

Ang literal na kahulugan nito ay isang maliit na umbok sa ibabaw ng buto ng datiles. Ginagamit ito bilang paghahalintulad sa isang kakarampot na bagay. **An-Naqṣ (Kabawasan, kakulangan)**

Kabaliktaran ng karagdagan dahil sa pagkawala mula rito ng isang anuman o pagkakaltas ng isang bahagi mula rito. **An-Naqḍ (Pagkalas)**

Paglansag ng pagkabuo ng estruktura, lubid, at kontrata. Ito ay kabaliktaran ng pagkapatibay: pagkakalas nito hanggang sa ito ay naging kalas. **An-Naq`**

Pagkatipon gaya ng natipong tubig. **Naqama (Naghinanakit)**

Nagmasama, na maaaring sa pamamagitan ng pagsasalita o maaaring sa pamamagitan ng pagpaparusa. **An-Niqmah**

Kaparusahan. **Nakaba**

Lumihis. Ang mankib ay pinagtitipunan sa pagitan ng braso at balikat, na ang pangmaramihan niyon ay manākib at mula rito naman humiram para sa pagtukoy sa kalupaan. **An-Nakth (Pagsira)**

Paglansag sa tela at sinulid, na malapit sa kahulugan sa naqd (pagkalas) at hiniram para sa pagtukoy sa pagkalas. **An-Nikāh (Kasal)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay para sa kontrata ng kasal, pagkatapos hiniram para sa pagtukoy sa pagtatalik. **An-Nakad**

Bawat anumang sumapit sa nanghahangad nito nang may kahirapan. **Al-Inkār (Pagkakaila)**

Kabaliktaran ng pagkilala subalit marahil nagkakaila ang dila ng isang bagay samantalang ang anyo nito sa puso ay naririyang at siya dahil doon ay nagsisinungaling. **Al-Munkar (Nakasasama)**

Bawat gawang humahatol ang mga isip na maayos ng kapangitan nito o tumitigil-tigil ang

mga isip sa pagtuturing ng kapangitan nito at pagtuturing ng kagandahan nito ngunit humahatol ng kapangitan nito ang Sharī`ah. **An-Naks (Panunumbalik)**

Pagpaling ng isang bagay sa kabaliktaran nito. **An-Nukūş (Pag-urong)**

Pagpipigil sa isang bagay. **Al-Istinkāf (Pagmamata)**

Pang-aaba. **Al-Ankāl (Mga pataw)**

Pampigil sa hayop at bakal sa renda dahil sa pagiging ang mga ito ay mga tagapigil. **Nakāl (Parusang pangsuwata)**

Ang paggawa ng ipinangsusuwata sa iba, na ang pantawag sa gawang iyon ay pagsuwata. **Namāriq (Mga almohadon)**

Mga kutson. **An-Naml (Langgam)**

Kilalang kulisap. **Anāmil**

Mga dulo ng mga daliri. **An-Namīmah (Satsat, tsismis)**

Pagkakalat ng pag-uusap sa pamamagitan ng paninirang-puri. **An-Nahj**

Maliwanag na daan. **An-Nahr (Ilog)**

Agusan ng tubig na dumadaloy, ang pangmaramihan nito ay anhār at mula rito

hinango ang munhamir (bumubuhos). **An-Nahār (Maghapon)**

Ang oras na lumalaganap dito ang liwanag at ito sa Batas ng Islām ay nasa pagitan ng pagsapit ng madaling-araw hanggang sa oras ng paglubog ng araw. **Al-Intihār (Pagbulyaw)**

Pagtaboy nang may kagaspangan. **An-Nahy (Pagsaway)**

Pagtaboy palayo sa isang gawain. Ang intihā' ay pagkataboy sa anumang sinaway. **An-Nuhā (Mga katinuan)**

Mga isip na sumasaway laban sa mga pangit, ang pang-isahan nito ay nuhyah. **An-Nihāyah (Wakas)**

Dulo. **Na'a (Nakabigat)**

Nakatayo sa kabigatan. **Al-Inābah (Nagsisising pagbabalik)**

Ang salitang ugat nito na nawb ay nangangahulugan ng pagbabalik sa isa pang pagkakataon matapos ng isang pagkakataon. Ang pagsasagawa ng inābah kay Allāh (napakataas Siya) ay ang pagbabalik-loob sa Kanya at ang pagpapakawagas ng gawain. **Nūḥ (Noe)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Nār (Apoy, Impiyerno)**

Bagay na sumusunog. **An-Nūr (Liwanag)**

Ang tanglaw na lumalaganap na tumutulong sa pagkakita. Iyon ay dalawang klase: pangmundo at pangkabilang-buhay. Ang apoy ay ipinantatawag din sa liyab na lumilitaw sa pandama. **An-Nās**

Maaaring ipantukoy ito sa tao o sa jinn. Sinabi na ang pinag-ugatan nito ay unās o pagbaliktad ng nasiya (nakalimot) o ang pinag-ugatan nito ay mula sa nāsa na nangangahulugang nayanig. **At-Tanāwush (Pag-abot)**

Paghawak. **Al-Manāṣ (Pagtakas)**

Pagdulong. **An-Nāqah**

Babaing kamelyo. **An-Nawm (Pagtulog)**

Pagbawi ni Allāh ng kaluluwa nang walang dulot na kamatayan. **An-Nūn**

Kilalang titik.

Ang dambuhalang balyena. Tinawag si Jonas bilang Dhunnūn (Nasa balyena). **An-Nawāh (Buto)**

Binhi ng datiles, na ang pangmaramihan nito ay nawā. **An-Nayl (Pagtamo)**

Natatamo ng tao sa pamamagitan ng kamay niya. **Ang Salita**

Aklat Hā'

Ang Kahulugan **Hā**

Unlaping ginagamit para sa pagtawag-pansin gaya ng sa hādhā at hādhihi. Inilapi iyon sa dha, dhihi, ula'i hanggang sa iyon kasama ng mga ito ay naging nasa antas ng mga titik na bahagi ng mga ito. **Hāti (Magbigay ka)**

Magbigay ka sa akin. **Hātāni (Dalawang ito)**

Panghalip pamatlig na pandalawahang pambabae. **Hādhāni (Dalawang ito)**

Panghalip pamatlig na pandalawahang panlalaki. **Hārūt**

Sina Hārūt at Mārūt ay dalawang anghel. Tingnan ang Mārūt. **Hārūn (Aaron)**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Hākadhā (Ganito)**

Kataga para sa pagtawag-pansin, pagwawangis, at pagturo. **Hāmān**

Katuwang ni Paraon. **Hāhunā (Narito)**

Kataga para sa pagtawag-pansin at pagturo sa isang lugar. **Habaṭa (Lumapag)**

Bumaba sa paraang papilit gaya ng paglapag ng bato. **Al-Habā' (Alabok)**

Partikulo ng alikabok, lumulutang ito sa ere saka hindi lumilitaw kundi sa sandali ng pagtagos ng liwanag ng araw sa butas. **Al-Mutahajjid**

Ang gising sa gabi, na bumibigkas ng Qur'ān at nagsasagawa ng boluntaryong ṣalāh. **Al-Hajr (Pag-iwan)**

Pakikipaghiwalayan ng tao sa iba, maaaring pisikal o pasalita o sa puso. **Al-Hijrah (Paglikas)**

Ang hayag na kahulugan nito ay ang paglisan mula sa bayan ng Kawalang-pananampalataya patungo sa bayan ng Pananampalataya gaya ng paglikas mula sa Makkah papunta sa Madīnah. Ang hinihiling niyon ay ang pag-iwan ng mga ninanasa, mga kapula-pulang kaasalan, at mga kasalanan at ang pagwaksi sa mga ito. **Al-Hujū` (Pag-idlip)**

Pagtulog sa gabi. **Al-Haddu (Pagkaguho)**

Pagkawasak dahil sa pagkahulog at pagkabagsak ng isang mabigat na bagay. Ang hinangong salitang haddah ay ang tawag sa tunog ng pagbagsak. **Al-Hadm (Pagwasak)**

Pagpapabagsak ng estruktura. **Al-Hudhud (Abubilya)**

Isang kilalang ibon. **Al-Hidāyah (Kapatnubayan)**

Pagtuturo nang may kabaitan. **Al-Hādī (Ang Tagapatnubay)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Hādī (Tagapatnubay) ay ang Tagagabay sa mga lingkod Niya sa

katotohanan. Gumagabay Siya sa mga lingkod Niya tungo sa lahat ng mga napakikinabangan at tungo sa pagtulak ng mga nakapipinsala, nagtuturo Siya sa kanila ng hindi nalalaman, nagpapatnubay Siya sa kanila ng kapatnubayan ng pagtutuon at pagtatama, nagkikintal Siya sa kanila ng pangingilag magkasala, at gumagawa Siya sa mga puso nila na mapagsising nagbabalik-loob na nagpapaakay sa Kanya. **Al-Hady (Handog)**

Natatangi sa inihahandog sa Bahay na Pinakababanal. **Al-Hadiyah (Regalo)**

Natatangi sa kabaitan na inihahandog ng ilan sa atin sa iba. **Al-Harab (Pagtakas)**

Pagpuga. **Al-Har` (Pag-aapura)**

Pagkasulong dahil sa karahasan at pagpapangamba. **Huzu' o Huzuw (Kutya)**

Panunuya sa isang pakubling paraan. **Al-Istihzā' (Pangungutya)**

Panunuya at pagmamaliit. **Al-Hazz (Pagyugyog)**

Matinding pagpapagalaw. **Al-Hazl (Biru-biro)**

Bawat pananalitang walang naireresulta, na kasalungatan ng kaseryosohan. **Al-Hazm**

Pagsundot sa isang bagay na tuyot nang sa gayon madurog ito. **Al-Hazimah (Pagkatalo)**

Pagkalupig at pagkadaig. **Al-Hashsh (Pagpapag)**

Nalalapit sa kahulugan ng pagyugyog sa pagpapagalaw. **Al-Hashm (Pagkadurog)**

Pagkabasag ng bagay na malambot gaya ng halaman. **Al-Haḍīm (Malambot)**

Nagkakasalitan sa isa't isa na para bang kinuyumus. Hiniram ang salitang ugat na ḥaḍm para sa pagtukoy ng kawalang-katarungan. **Muḥṭī` (Kumakaripas)**

Nagbabanat ng leeg. **Al-Halū` (Ganid)**

Sabik na kaunti ang pagtitiis. **Al-Halāk (Pagkapahamak, pagkasawi, kamatayan)**

Itinataguri ito sa kamatayan o pagbabago o kasiraan. **At-Tahlukah (Kasawian)**

Ang humahantong sa pagkasawi. **Al-Hilāl (Bagong buwan)**

Ang buwan sa una at ikalawang gabi ng [kalendaryo ng Islām]. Ang pangmaramihan nito ay ahillah. **Al-Ihlāl**

Pagtataas ng tinig sa sandali ng pagkakita ng bagong buwan, pagkatapos ginamit ito sa pagtukoy sa bawat malakas na tinig. **Hal**

Kataga ng pagtatanong, na maaaring sa paraan ng pag-usisa, na hindi magiging mula kay Allāh, at

maaaring para sa pagpapatibay sa pagtawag-pansin o sa paninisi o sa pagkakaila. **Halumma**

Kataga ng pag-aanyaya tungo sa isang bagay. **Al-Hamm (Pag-aalala)**

Kalungkutang gumugupo sa tao. **Hamada**

Tumahimik at namatay. **Munhamir (Bumubuhos)**

Tubig na matindi ang pagbulwak. **Al-Hamz (Paninirang-puri)**

Panlilibak at pamimintas. **Al-Hams (Bulong)**

Mahinang tunog. Hams ng mga paa: pinakamahina sa tunog ng yabag ng mga ito. **Hamma (Nagbalak)**

Nagbalak ng anuman, kapag naglayon nito,agnais nito, at nagtika nito. **Al-Haymanah (Pagsubaybay)**

Kumpletong pangngibabaw. **Al-Muhaymin (Ang Tagapagsubaybay)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Muhaymin (Tagapagsubaybay) ay ang Saksi, ang Tagapag-ingat, ang Mapagmasid, ang Mapagkakatiwalaan. **Hunālika (Doon)**

Panghalip na pamatlig para sa malayo. **Hunā (Dito)**

Ginagamit ito bilang isang pagtukoy sa panahon at lugar na malapit, ngunit ang lugar ay pinakamadalas na tinutukoy nito. **Al-Hanī' (Kaiga-igaya)**

Bawat anumang walang dinaranas dito hiras at walang sumusunod dito na pinsala, na ang orihinal na pinaggagamitan nito ay sa pagkain. **Al-Hawd**

Pagbabalik nang may kalumanayan at mula rito ang tahwīd. Ang hawd sa nakagawian ay tumutukoy sa tawbah (pagbabalik-loob). **Hūd**

Pangalan ng isang propeta (sumakanya ang pangangalaga). **Al-Yahūd (Mga Hudyo)**

Mga anak ni Israel (Jacob), na mga kalipi ni Moises (sumakanya ang pangangalaga). **Al-Inhiyār (Pagguho)**

Pagbagsak. **Hawn (Kababaang-loob)**

Kapanatagan. **Al-Hawān (Kahamakan)**

Pagkaaba. **Hayyin**

Madali. **Al-Hawā (Pithaya)**

Pagkakiling ng sarili sa pagnanasa. **Al-Huwīy**

Pagbagsak mula sa mataas papunta sa mababa. **Al-Hāwiyah (Kailaliman)**

Tumutukoy ito sa Impiyerno. **Hawā' (Hungkag)**

Puwang sa pagitan ng langit at lupa,
tumutukoy sa kawalang-laman at kahungkagan.
Hiya (Siya)

Panghalip na ikatlong panauhang pambabae.
Al-Hay'ah

Ang kalagayang kinalalagyan ng anuman, na
pampisikal o pangkaisipan, subalit sa pampisikal
ay higit na ginagamit. **Yuhayyi' (Naglalaan)**

Naghahanda. **Hayta (Heto ako)**

Pangngalang malapandiwang pautos na
nangangahulugang: halika at magdali-dali ka, na
malapit sa halumma ang kahulugan. **Hāja
(Nalanta)**

Nanilaw at nahinog. **Mahīl (Gumuguho)**

Maraming buhanging dumadaloy. **Al-Hīm
(Mga uhaw na uhaw)**

Matindi ang pagkauhaw. **Al-Hā'im**

Sumasalungat sa pinapakay, na pumupunta
kontra doon. **Hayhāta (Pagkalayu-layo)**

Salitang ginagamit sa pagpapahayag ng
kalayuang mangyari ang anuman. **Ang Salita**

Aklat Wāw

Ang Kahulugan **Wa**

Ginagamit na katagang pang-ugnay (at) o pampagpapasimula ng pangungusap (isti'nāfiyah) o para sa kahulugang kasama (ma'iyah) o pampanunumpa (sumpa man) o pangkalagayan (samantalang, habang). **Al-Maw'udah ([Batang] babaing inilibing nang buhay)**

Batang babaing inilibing ng ama niya bilang pagpatay matapos ng pagkapanganak sa kanya dahil sa kawalan ng pagkaibig nito sa kanya. **Maw'il (Malulusutan)**

Madudulugan o maliligtasan. **Al-Wabar (Balahibo)**

Ang bumabalot sa mga katawan ng mga kamelyo gaya ng mga lana para sa mga tupa **Wabaqa (Nasawi)**

Kapag nasagabalan saka napahamak. Ang mūbiq (tagapagpasawi) at ang tagapagpahamak. **Al-Wābil (Masaganang ulan)**

Ulan na mabigat ang mga patak. **Al-Wabāl (Kasaklapan)**

Kabigatan, katindihan, at kasikipan. **Al-Watad (Tulos)**

Ang itinatalasok sa lupa upang pagtalian at paghigpitan ng mga lubid ng mga kubol. **Watr (Gansal)**

Ipinantutukoy sa bilang (na may butal na isa), na kasalungatan ng tukul (even). **Al-Witr (Ang Gansal)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Witr (Gansal) ay ang Bukod-tangi, ang Nag-iisa, na nakahiwalay sa nilikha Niya. **Yatirakum (Magbawas sa inyo)**

Magpatama sa inyo ng isang kasusuklaman, ang pagkabawas. **At-Tawātur (Pagsusunuran)**

Pagsusunuran ng anuman nang paisa-isa. **Al-Watīn (Ugat sa puso)**

Ugat na nagpapainom sa atay, na kapag naputol ay mamamatay ang tagapagtaglay nito. **Al-Wathāq (Mga panggapos)**

Ang ipinantatali sa hayop o bilanggo. **Al-Mīthāq (Kasunduan)**

Kontratang binigyang-diin ng panunumpa at pangako. **Al-Wathan (Diyus-diyusan)**

Batong sinasamba noon. **Al-Wujūb (Pagkakinakailangan)**

Pagkatibay. Itinataguri rin ito sa pagbagsak. **Al-Wujūd (Kairalan)**

Kasalungatan ng kawalan. **Al-Wajs (Pagkabalisa)**

Tunog na kahina-hinala, ito ay isang kalagayang nangyayari sa sarili matapos ng pagkabalisa. **Awjafa (Nagpatulin)**

Nagpabilis ng pag-usad. **Wājifah (Kumakabug-kabog)**

Kumakalug-kalog. **Al-Wajal (Pagkasindak)**

Pagkaramdam ng pangamba. **Wajh**

Ang orihinal na kahulugan ng wajh ay ang mukha na bahagi ng katawan, ang kauna-unahang humaharap sa iyo at ang pinakamarangal sa bahagi ng katawan. Ginagamit ito sa pagtukoy sa harapan ng bawat bagay at sa pinakamarangal dito at simula nito. **Al-Wajih (Pinarangalan)**

May mabuting reputasyon, karangalan, at mataas na antas. **Al-Wijhah (Dako)**

Bawat pook na hinaharapan mo. **Al-Waḥdah (Pagkaisa)**

Pamumukod. Ang nag-iisa sa reyalidad ay ang walang bahagi para rito nang walang-pasubali. Mula rito ang bilang na isa. **Al-Wāḥid (Ang Nag-iisa)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Wāḥid (Nag-iisa) ay ang Bukod-tangi, walang katambal sa Kanya at walang kawangis. **Al-Waḥsh (Mailap na hayop)**

Kasalungatan ng tao, tinatawag ang mga hayop na walang pagkapalagayang-loob sa tao bilang wahsh, na ang pangmaramihan nito ay wuhūsh. **Al-Wahy (Pagkasi)**

Sa literal na kahulugan, ang mabilis na pagpapahiwatig. Ipinantatawag ang wahy sa Salita ni Allāh, na ipinararating sa mga propeta Niya at mga katangkilik Niya. Ipinantatawag din ito sa inspirasyon (pagkintal). **Al-Wudd (Pagmamahal)**

Pag-ibig sa isang bagay at pagmimithi ng mangyari ito. **Wadd**

Anitong tinatawag ng gayon. **Al-Wadūd (Ang Mapagmahal)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Wadūd (Mapagmahal) ay umiibig sa mga lingkod Niya maaayos at nagmamahal sa kanila. **Al-Wadā` (Pamamaalam)**

Pahayag ng pag-iwan. **Al-Wadaq (Ulan)**

Anumang nasa gitna ng ulan na para bang ito ay alikabok at maaaring ipantukoy sa ulan. **Al-Wādī (Lambak)**

Lugar na inaagusan ng tubig. Dahil dito tinawag ang puwang sa pagitan ng dalawang bundok bilang wādī, na ang pangmaramihan ay awdiyah. **Ad-Dīyah (Pagbabayad-pinsala)**

Ang ibinibigay sa mga kapamilya ng napatay dahil sa pagkapatay (blood money). **Tadhrūhu (Magsabog nito)**

Magtapon nito dahil sa kakauntian ng pagsasaalang-alang dito. **Al-Irth (Pagmamana)**

Paglilipat ng isang pag-aari sa isang tao buhat sa iba nang walang kontrata at walang anumang naitutulad sa pagkatulad ng kontrata. ipinantatawag din ito sa bawat anumang nakamit ng tao nang walang pagod. **Al-Wārith (Ang Tagapagmana)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Wārith (Tagapagmana) ay ang nananatiling namamalagi yayamang ang mga bagay sa kabuuan ng mga ito ay hahantong kay Allāh (napakataas Siya). **At-Turāth (Pamana)**

Ari-ariang minamana. **Al-Wurūd (Pagkarating)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagsadya sa tubig, pagkatapos ginagamit ito sa iba ba: ang pagdating. **Al-Wārid**

Ang nangunguna sa mga tao para mag-igib para sa kanila. **Al-Warīd (Ugat ng leeg)**

Ugat na nag-uugnay sa atay at puso, na narito ang mga daluyan ng dugo at buhay. **Wardah (Rosa)**

Warrada -shshajar: Lumabas ang bulaklak ng mga punong-kahoy. **Waraq**

Mga dahon ng punong-kahoy. **Al-Wariq (Salaping pilak)**

Kuwaltang pilak. **At-Tawriyah (Pagpapanggap)**

Pagtatakip at pagkukubli. **Al-Warā**

Ang mga taong nasa balat ng lupa sa ngayon, hindi ang mga lumipas at hindi ang mga isisilang matapos nila, na para bang sila ang nagtatakip sa lupa sa pamamagitan ng mga katawan nila. **Warā'a (Sa likuran)**

Sa hulihan. **Awrā (Nagpaningas)**

Nagparikit: lumabas ang apoy. Ang orihinal na kahulugan nito ay na lumabas ang apoy mula sa likuran (warā'a) ng pampaningas, na para bang ginuniguni ang pagkatago nito roon. **Al-Wazar (Kublihan)**

Madudulugan na dinudulugan sa bundok. Itinataguri ito sa kasalanan kung paanong itinataguri sa kabigatan. Ang wizr naman ay ang kabigatan bilang isang pagwawangis sa kabigatan ng bundok. Ginagamit nang patalinghaga iyon para sa kasalanan kung paanong ginagamit nang patalinghaga ang kabigatan para roon. **Al-Wazir (Katuwang)**

Tagapasan ng pasanin at gawain ng pinuno niya. **Waza`a (Sumugpo)**

Nagpigil. Yūza`ūna: Pipigil sa kauna-unahan sa kanila hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila. **Awzi`nī (Mag-udyok Ka sa akin)**

Magkintal Ka sa akin. **Al-Wazn (Pagtimbang)**

Pag-alam sa sukat ng bigat ng isang bagay. **Al-Mizān (Timbangan)**

Kasangkapan na ipinantitimbang. **Al-Wasat (Makakatamtaman)**

May magkabilang dulo na magkapantay ang sukat. **As-Sa`ah (Kaluwagan)**

Pagkalaman at pagkasaklaw. **Al-Wus` (Kaya)**

Pagkayaman at lakas. **Al-Wāsi` (Ang Malawak)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Wāsi` (Malawak) ay ang may lawak sapagkat Siya ay ang malawak ang kadakilaan, ang awa, ang kapamahalaan, ang kaalaman, ang paghahari, ang kabutihang-loob, ang dakila ang kagalantehan, ang pagkamapagbigay, at ang paggawa ng maganda. **Al-Wasq (Pagtipon)**

Pagkalap ng nagkawatak-watak. **Al-Wasīlah (Kaparaanan)**

Pagkaabot sa isang bagay nang may pagkaibig. Ang reyalidad ng wasīlah kay Allāh (napakataas Siya) ay ang pagsasaalang-alang sa landas Niya sa pamamagitan ng kaalaman, pagsamba, at pagsunod sa mga mararangal na tuntunin ng Sharī`ah. **As-Simah (Tatak)**

Ang wasm ay ang bakas ng paghehero. **Al-Mutawassimīn (Mga tagapaghinuha)**

Mga tagapagsaalang-alang na tagapag-alam na napangangaralan. **As-Sinah (Antok)**

Pagkalingat at pagkaidlip. **Al-Waswasah (Pagpapasaring)**

Masamang hinagap. Ang orihinal na kahulugan nito ay mula sa waswās (tagapasaring), ang kalansing ng alahas at ang mahinang bulong. **Shiyah (Batik)**

Bakas na naiiba sa nangingibabaw ng kulay ng katawan. **Al-Waşab (Pamamalagi)**

Talamak na karamdaman. **Waşib (Palagian)**

Namamalagi. **Al-Waşīd (Bungad)**

Bulwagan. **Al-Waşf (Paglalarawan)**

Pagbanggit sa anuman kaugnay sa taglay nito at pang-uri nito. Ang şifah ay ang kalagayan na kinalalagyan ng anuman na taglay nito at pang-uri nito. **Al-Waşl (Ugnay)**

Pagkakaugnay ng mga bagay sa isa't isa sa mga ito gaya ng pagkakaugnay ng magkabilang gilid ng bilog, na sumasalungat sa pagkakahiwalay.

Waṣīlah

Nangyayari ito noon kapag nanganak ang inahing tupa ng isang lalaki at isang babae, sinasabi nila: "Umugnay ang babaing tupa sa kapatid nito," kaya hindi nila kinakatay ang lalaking tupa alang-alang sa babaing tupa. **Al-Waṣīyah (Tagubilin)**

Paghahabilin sa iba ng gagawin nito, na nalalakipan ng isang pangaral. **Al-Waḍ' (Paglalagay)**

Pag-iwan o paglalapag sa isang anumang lugar. Itinataguri rin ito sa panganganak at itinataguri pa ito sa pag-aalis. Mula rito hinango ang mawḍi' para sa pagtukoy sa lugar na itinalaga. **Awḍa'a (Kumaripas)**

Nagmabilis. **Mawḍūnah (Hinabian)**

Sa orihinal na kahulugan, ang baluting nagkakalapitan ang mga habi, na nagkakasalabidan ang mga anilyo sa isa't isa sa mga ito. **Waṭu'a (Umapak)**

Tumindig sa isang bagay. **Al-Muwāṭa'ah (Pagtutugma)**

Pagsang-ayon. **Al-Waṭar (Pagnanasa)**

Pananabik at mahalagang pangangailangan.
Al-Mawṭin

Tuluyan ng tao at pook niya. **Al-Wa`d (Pangako)**

Pag-oobliga ng sarili o ng iba sa isang pagsasakatuparan ng isang anuman sa hinaharap. Itinataguri rin ito sa pagbibigay-babala laban sa isang anumang mangyayari. **Al-Wa`d (Pangaral)**

Pagsasawatang nalalakipan ng pagpapangamba. **Al-Wa`y (Kamalayan)**

Pagkatanda ng pag-uusap at tulad nito. **Aw`ā (Nag-imbak)**

Nag-ingat ng mga bagay-bagay sa sisidlan. **Al-Wi`ā' (Sisidlan)**

Lalagyang isinisilid dito ang isang bagay at iniingatan. **Al-Wafd (Delegasyon)**

Mga pumupunta sa mga pinuno upang magpatugon ng mga pangangailangan. **Al-Wafr (Kasaganahan)**

Yamang marami at lubos. **Yūfiḍūna (Nagmamadali)**

Nagmamabilis. **Al-Muwāfaqah (Pagsang-ayon)**

Pagkakatuon sa pagitan ng dalawang bagay. **At-Tawfiq (Pagkakatuon, pagtutugma)**

Pagkakatatugma ng tao sa pagtatakda sa kabutihan. **Al-Wafā' (Pagkalubus-lubos)**

Pagkaabot sa kaganapan sa anuman. Waffā bi-`ahdihi: Naglubus-lubos siya sa kasunduan niya: Gumanap siya nito at hindi siya sumira sa pag-iingat dito. **Al-Wafāh (Pagpanaw)**

Patalinghagang pagpapahayag ng kamatayan at pagtulog sa pamamagitan pagpanaw. **Waqaba (Lumaganap)**

Naglaho ang liwanag. **Al-Waqt (Panahon, oras)**

Wakas ng panahong isinatungkulin para gawin. Dahil dito, halos hindi sinasabi ito kundi sa isang sinukat. **Al-Miqāt**

Ang panahon na itinalaga para sa isang bagay at ang pangakong tinakdaan ng panahon. **Waqada (Nagningas)**

Nagliyab ang apoy. **Al-Waqūd (Panggatong)**

Ipinantatawag ito sa kahoy na ginawang gatong at sa nangyaring pagliyab. **Al-Mawqūdḥah (Hinambalos)**

Ang hayop na pinatay dahil sa pagpalo. **Al-Waqr (Kabingihan)**

Kabigatan sa pagkarinig. **Al-Waqār (Kahinahunan)**

Pagkapanatag at pagtitimpi. **Al-Wuqū` (Pagkaganap)**

Pagkatatag ng isang bagay o pagkabagsak nito o pagkapangyari nito o pagkasakatotohanan nito. **Al-Wāqi`ah (Ang Magaganap)**

Ang Araw ng Pagbangon [ng mga Patay] **Waqafa (Huminto)**

Tumigil. **Al-Wiqāyah (Pagsasanggalang)**

Pag-iingat sa isang bagay laban sa anumang pumiperhuwisyo rito at pumipinsala rito. **At-Taqwā (Panginiglag magkasala)**

Paglalagay ng sarili sa isang pagkakasanggalang laban sa pinangangambahan. **Al-Mutakka' (Piging)**

Lugar na sinasandalan. **Tawakka'a (Sumandal)**

Sumandig sa baston at tumukod dito. **At-Tawkīd (Pagbibigay-diin)**

Pagtitibay. **Al-Wakz (Pagbuntal)**

Pagsaksak o pagtulak o paghagupit ng buong kamao. **At-Tawakkul (Pananalig)**

Pagsalig sa iba at pagtalaga rito bilang kahalili para sa iyo at bilang tagapagpasapat. **Al-Wakīl (Ang Pinananaligan)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Wakīl (Pinananaligan) ay ang tagapagpasapat sa nilikha ng mga nauukol sa kanila, mga kadahilanan nila, mga panustos sa kanila; at ang tagapanatili sa kanila sa mga kapakanan nila. **Al-Wulūj (Paglagos)**

Pagpasok sa isang makitid. **Walījah (Kapalagayang-loob)**

Isang walijah sa mga tao kapag napasama ito sa kanila samantalang ito ay hindi naman kabilang sa kanila, maging isang tao man ito o iba pa. Itinataguri rin ito sa katapatang-loob. **Al-Walad (Anak)**

Inanak, na ipinantatawag sa isa at marami at sa bata at matanda. **Al-Wālid**

at Al-Wālidah ay bawat lalaki o babae na may anak na lalaki o babae. **Al-Wilādah (Panganganak)**

Pagsisilang ng babae ng sanggol niya na dating nasa tiyan niya. **Al-Walq**

Pagmamabilis. **Al-Muwālāh (Pagkatuluy-tuloy)**

Pagkakasunuran ng dalawang bagay o higit pa sa isang pagkakasunurang wala sa pagitan ng mga ito na anumang hindi kabilang sa mga ito. **Waliya**

Nalapit. **Al-Walāyah (Pagtangkilik)**

Pag-aadya. **Al-Wilāyah**

Pangangasiwa ng pamamahala. **Wallā (Nagpatalikod)**

Kapag ginamitan ito ng pang-ukol na `an (palayo) nang tahasan o sa pahiwatig, humihiling ito ng kahulugan ng pag-ayaw at hindi pagkalapit. **Awlā (Higit na marapat)**

Pinakakarapat-dapat. Itinataguri rin sa kahulugang kapighatian sa kanya. **Al-Walīy (Ang Katangkilik)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Walīy (Katangkilik) ay ang Mapag-adya, ang Tagatangkilik ng kapakanan, ang Tagapagpanatili nito. **Al-Mawlā (Ang Mapagtangkilik) Waniya (Lumubay)**

Humina at nanamlay. **Al-Hibah (Pagkakaloob)**

Pagbibigay ng pag-aari sa iba nang walang panumbas. **Al-Wahhāb (Ang Palakaloob)**

Kabilang sa mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya), ang Wahhāb (Palakaloob) ay ang marami ang pagkakaloob at ang pagbibigay, na nagbibigay bilang pagmamabuting-loob at bilang pagpapauna hindi dahil sa pagkakarapat-dapat ni pagtutumbas. **Al-Wahaj (Pagliya)**

Pagtamo ng tanglaw at init mula sa apoy. **Al-Wahn (Panlalata)**

Panghihina sa katawan o kaasalan. **Al-Wāhī (Marupok)**

Mahinang nanlambot, ang bawat bagay na nanlambot ang pagkabuklod ay rumupok na. **Way (Sayang)**

Salitang sinasambit para sa panghihinayang, pagsisisi, at pagkamangha. **Wayl (Kapighatian)**

Kapangitan, na maaaring gamitin sa panghihinayang. **Ang Salita**

Aklat Yā'

Ang Kahulugan **Yā (O ...)**

Kataga ng pagtawag, ginagamit ito sa malayong tinatawag. **Ya'jūj (Gog)**

Ang Ya'jūj (Gog) at ang Ma'jūj (Magog) ay pangalan ng mga liping barbaro, na nagpatigil si Dhulqarnayn sa mga paulit-ulit na pananalakay ng mga ito, sa pamamagitan ng pagpapatayo ng isang saplad sa pagitan ng dalawang bundok. **Al-Ya's (kawalang pag-asa)**

Paglaho ng paghahangad. **Al-Yabs (Pagkatuyo)**

Tuyong halaman, ang dating may pamamasa ngunit naalis ito. **Al-Yutm (Pagkaulila)**

Pagkamatay sa paslit ng ama niya bago ng pagbibinata o pagdadalaga nito. **Yathrib**

Dating pangalan ng Lungsod ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). **Al-Yad (Kamay)**

Bahagi ng katawan, itinataguri rin ito at tinutukoy rito ang pagbibigay, ang kagalantehan, ang pakikipagtipan, ang pangako ng katapatan, at ang iba pa sa mga ito na mga kahulugang patalinghaga. Kapag pinatutungkulan nito si Allāh, ang kamay Niya ay tunay ayon sa naaangkop sa kapitaganan Niya. **Al-Yusr (Ginhawa)**

Ang kadaliang banayad, na kabaliktaran ng hirap. **Al-Yasīr (Babahagya)**

Ipinantatawag ito sa bagay na kaunti. **Al-Maysarah (Kaluwagan)**

Isang katawagan sa pagkayaman. **Al- Maysir (Sugal)**

Pagpusta. **Ya`qūb (Jacob)**

Ang propetang ama ni Jose, na anak ni Isaac (sumakanila ang pangangalaga). **Yūsuf (Jose)**

Anak ni Jacob na anak ni Isaac na anak ni Abraham (sumakanila ang pangangalaga). **Yāqūt (Rubi)**

Mamahaling bato. **Al-Yaqīn**

Malakalabasa. **Yaqīd (Gising)**

Kasalungatan ng tulog. **Al-Yaqīn (Katiyakan)**

Kaalaman at pagkaalis ng pagdududa. **Al-Yamm**

Dagat **Tayammama (Naglayon)**

Nagpakay. **At-Tayammum**

Pamalit sa wuḍū' o ghushl sa pamamagitan ng pagpahid ng alikabok. **Al-Yamīn (Kanan)**

Ang orihinal na kahulugan nito ay ang kanang kamay. Tinatawag na kanan ang dako. **Al-Yamīn (Panunumpa)**

Kaugnay sa panunumpa, hiniram mula sa [pagtatas ng] kanang kamay bilang pagsasaalang-alang sa ginagawa ng nakikipagtipan, nakikipagsumpaan, at iba pa. **Yāni`**

Hinog. **Al-Yawm (Araw)**

Ipinantutukoy ito sa oras ng pagsikat ng araw hanggang sa paglubog. Maaaring ipantukoy ito sa isang yugto ng panahon sa alinmang yugto. **Yawma'idhin (Sa araw na iyon)**

Sa sandaling iyon. **Yūnus (Jonas)**

Ang propeta ni Allāh na si Jonas (sumakanya ang pangangalaga) na nilulon ng balyena.

Ang Katagang Pambalarila

Ang Kahulugan **A-**

- Kataga ng pagtawag ng malapit (O).

- Kataga ng pagtatanong (ba). **Ajal (Oo)**

Kataga ng pagsagot gaya ng na'am (oo) kaya ito ay nagiging isang pagpapatotoo sa tagapagpabatid, isang pagpapahayag sa tagahingi ng pabatid, at isang pangako sa tagahiling ng pagtupad. **Idhan (Samakatuwid)**

Kataga para sa pagtugon at kahihinatnan. **In**

- Pangkundisyon (kung).

- Tagapagkaila (hindi, wala).

- Pinagaan mula sa inna.

- Kalabisan. **An**

- Katagang ginagamit sa pagbuo ng pawatas.

- Pinagaan mula sa anna.

- Tagapagpakahulugang may kahulugang: ibig sabihin.

- Kalabisan. **Inna (Tunay na)**

- Kataga ng pagbibigay-diin.

- Kataga ng pagsagot na may kahulugang: Oo.

Anna

- Kataga ng pagbibigay-diin.
- Kasingkahulugan ng la'alla (Harinawa, nang sa gayon). **Am**
- Pandugtong (o).
- Pamputol (bagkus).
- Kalabisan.
- Pantukoy na pantiyak. **Al-**
- Panghalip na pamanggit.
- Pantukoy na pantiyak para sa pagkaalam na pang-isip o pang-alaala o para sa uri, na sumasaklaw sa mga individuwal, o para sa pantukoy na pantiyak ng pinakadiwa.
- Kalabisan, na nakadikit o para sa pagpapahiwatig ng orihinal na kahulugan. **Amā**
- Kataga ng pagpapasimula gaya ng Alā at minamadalas ang paggamit nito bago ng panunumpa.
- May kahulugang: Totoo o Totoo ba. **Ammā** at masasabi ring: Ayyamā.
- Kataga ng pagkukundisyon.
- Pagdedetalye.
- Pagbibigay-diin. **Immā** at masasabi ring: Īmā.

- Pangatnig sa ganang pinakamarami.
- Pagwawalang-katiyakan.
- Pagdududa.
- Pagpapapili.
- Pagpapahintulot.
- Pagdedetalye. **Aw**
- Pangatnig.
- Pagdududa.
- Pagwawalang-katiyakan.
- Pagpapapili, na inilalagay matapos ng hiling at bago ng anumang pinipigilan ang pagsasama.
- Pagpapahintulot, na inilalagay matapos ng hiling at bago ng anumang pinapayagan ang pagsasama.
- Pagsasamang walang-pasubali gaya ng wa (at).
- Pagtutuwid gaya ng bal (bagkus).
- Pagpaparte.
- May kahulugang: illā (kundi) na pampagmamaliban.
- May kahulugang: ilā (patungo, hanggang sa).
- Pagpapalapit.

- Pangkundisyon.
- Pagbaha-bahagi. **Alā**
 - Para sa pagtawag-pansin kaya nagpapahiwatig sa pagkatupad ang matapos nito.
 - Paninisi at pagmamasama.
 - Pagmimithi.
 - Pagtatanong buhat sa pagkakaila.
 - Pag-alok at pag-udyok. **Illā (Kundi, maliban)**
 - Para sa pagmamaliban, saka magiging nasa kaukulang akusatibo ang matapos nito dahil dito.
 - May kahulugang: ghayr (iba pa), saka maglalarawan dahil dito ng di-tiyak na kolektibong pangngalan o kawangis nito.
 - Pangatnig gaya ng wa- (at).
 - Kalabisan. **Allā**
- Kataga ng pag-udyok na natatangi sa sugnay na pampandiwang pasalaysay gaya ng nalalabi sa mga kataga ng pag-udyok. **Ilā (Patungo, hanggang sa)**
 - Pagwawakas ng tunguhin.
 - Pagkakasama kapag nagsama ng isang bagay sa iba.

- Pagpapalinaw.
- Kasingkahulugan ng li, sinasabi ring para sa pagwawakas.
- Kasang-ayon ng fi.
- Kasang-ayon ng min.
- Kasang-ayon ng `inda.
- Pagbibigay-diin, na kalabisan. **I**

Kataga ng pagsagot na may kahulugan: na`am (oo), at hindi ito nababanggit kundi bago ng panunumpa. **Ay**

- Kataga ng pagtawag (O).
- Kataga ng pagpapakahulugan. **Ayy**
- Pangkundisyon (kung).
- Pantanong.
- Panghalip pamanggit.
- Tagapagpahiwatig ng kahulugan ng kakumpletuhan kaya nagiging isang pang-uri para sa pangalang di-tiyakan at isang pang-abay na pangkalagayan ng pangalang tiyakan.
- Pandugtong ng katagang pantawag sa pangalang may pantukoy na pantiyak na al-. **ldh**
- Pangngalan para sa panahong pangnagdaan kaya ginagamit bilang isang pang-abay.

- Pangngalan para sa panahong panghinaharap.

- Para sa pagbibigay-sanhi.

- Para sa pagkasorpresa, na nababanggit matapos ng baynā (biglang) o baynamā (samantalang).

- Para sa pagkasorpresa. **Idhā**

- Para sa pagkasorpresa.

- Hindi para sa pagkasorpresa, karaniwan na ito ay maging pang-abay para sa panahong panghinaharap na naglaman ng kahulugan ng kundisyon (kapag) at natatangi sa pampandiwang perpektibo at imperpektibo. Ginagamitan ito ng kaukulang apokatibo (majzūm) sa lisensyang patula. **Aymanu-llāh**

Para sa panunumpa, isang pangngalang hango mula sa yamīn (panunumpa) na ang A nito ay pansamantalang binibigkas (hamzah waṣl). Hindi ito pangngalang pangmaramihan. Inoobliga ang paggamit ng kaukulang nominatibo sa Aymun dahil sa pagkasimuno at ang pag-uugnay sa pangalan ni Allāh lamang samantalang ang panaguri naman ay inalis. **Bi-**

- Pagdidikit.

- Pagsasapandiwang palipat.

- Pagsasakasangkapan.

- Pagtutumbas.

- Pagbibigay-diin. **Bal (Bagkus)**

- Kataga ng pagtutuwid, paglipat mula sa isang pagtukoy papunta sa ibang pagtukoy. **Balā (Oo, siya nga)**

Kataga ng pagsagot at natatangi sa pagsagot ng pagkakaila para magpabula rito. **Thumma (Pagkatapos)**

Pangatnig na nag-oobliga ng paglahok sa patakarang pambalarila, pagkakasunud-sunod, at pag-antala. **Ḥāshā**

- Pandiwang palipat na pangnagdaan na nababanghay.

- Pagsasakasakdalan, tulad ng pagsabi ng: Ḥāsha lillāh (Kasakdalan ay ukol kay Allāh).

- Pampagmamaliban. **Ḥattā**

- Kataga ng pagwawakas ng tunguhin.

- Para sa pagbibigay-sanhi.

- Para sa pagmamaliban. **Ḥaythu**

- Pagpapahayag ng isang lugar na winalang-katiyakan, na binibigyang-linaw ng sugnay na matapos nito. **Khalā**

- Pandiwang naglagay sa pangngalang minamaliban sa kaukulang akusatibo.

- Pang-ukol. **Rubba**

Pang-ukol, na ginagamit para sa pagsasamarami ng marami at pagsasakaunti ng kaunti. **Sa-**

Unlaping natatangi sa pandiwang imperpektibo upang maukol ito para sa panghinaharap. **Sawfa**

Katagang kasingkahulugan ng unlaping sa-.
Sīy

Mula sa la sīyamā, na may kahulugang: tulad.
Sawā'

Ginagamit ito nang may kahulugang: patag, kaya nailalarawan sa pamamagitan nito ang lugar.
`Alā

Bilang pang-ukol, nangangahulugang:

- Pagkataas (sa ibabaw).
- Pakikisama (kasama ng).
- Paglampas gaya ng `an (palayo).
- Pagbibigay-sanhi.
- Pang-abay (sa).
- Kahulugan ng min (mula).
- Kasingkahulugan ng bi (sa, dahil sa).
- Pagpapasubalit at pagtutuwid.

Bilang pangngalan, may kahulugang: fawqa (ibabaw, higit). **`An**

- Paglampas.

- Apositibo.

- Pagkataas (sa ibabaw).

- Pagbibigay-sanhi.

- Kahulugan ng ba`da (matapos).

- Kahulugan ng ba`da (mula).

- Kahulugan ng bi (sa, dahil sa). **`Awd
(Kailanman)**

Pang-abay na pamanahon para sa pag-abot sa panghinaharap gaya ng abadan (magpakailanman) subalit ito ay natatangi sa negatibong kahulugan. **`Asā (Marahil)**

Pandiwang ang kahulugan ay ang paghahangad ng naiibigan at ang pagkabagabag sa kinasusuklanan. **`Al**

Sa pamamagitan ng pagpapagaan ng `alā, pangngalan ito na may kahulugang: fawqa (ibabaw) at hindi ginagamit kundi bilang layon ng pang-ukol na min at hindi nakaugnay sa layon nito. **`Inda**

Pangngalang ginagamit na pang-abay para sa lugar ng pagkadalo at maaaring gamitin para sa panahon ng pagkadalo. **Ghayr**

Pangngalang namumuno (governing) palagi sa isang pinamumunuan [na salita o parirala o sugnay], na maaaring literal at maaaring di-tahasan kung naiintindihan ang kahulugan. **Fa-**

- Pangatnig para magpahiwatig ng pagkakasunud-sunod (saka), pagseserye, at kadahilanan (kaya, sapagkat).

- Pandugtong sa tugon (apodosis) sa sugnay ng kundisyon (protasis) at wangis nito.

- Kalabisan sa panaguri. **Fī**

- Pang-ukol sa pariralang pampang-abay na pamanahon o pampook.

- Pakikisama (kasama ng).

- Pagbibigay-sanhi.

- Pagkataas (sa ibabaw).

- Kasingkahulugan ng bi (sa, dahil sa).

- Kasingkahulugan ng ilā (patungo, hanggang sa).

- Kasingkahulugan ng min (mula).

- Pakikipaghambingan.

- Pakikipagtumbasan.

- Pagbibigay-diin. **Qad**

Ginagamit ito bilang malapang-abay at malapangngalan.

Bilang malapangngalan, maaaring pangngalang may kahulugang: kasapatan, maaaring pandiwa, at maaaring pangngalang pandiwa.

Bilang malapang-abay, natatangi ito sa pandiwang pasalaysay (indicative) na positibo, na nababanghay na hindi ginagamitan ng katagang naglalagay sa kaukulang apokatibo o akusatibo at hindi ginagamitan ng kataga ng pagsasahinaharap ng pandiwa.

Bilang malapang-abay, may limang kahulugan ito:

- Inaasahang pangyayari.
- Pagpapalapit ng pangnagdaan sa pangkasalukuyan.
- Pagsasakaunti ng pagkakataon.
- Pagsasamarami ng pagkakataon.
- Pagpapatotoo. **Qat (Kailanman)**
- Pang-abay na pamanahon para sa pagkasaklaw sa nakalipas.
- May kahulugang: kasapatan.
- Pangngalang pandiwang may kahulugang: nakasasapat. **Ka-**

- Pagwawangis.
- Pagbibigay-sanhi.
- Pagkataas (sa ibabaw).
- Pagbibigay-diin.

Ginagamit ito bilang pangngalang may kahulugang: tulad.

- Pagpapasimula. **Kay (Upang)**

- Ginagamit ito nang may kahulugang: an na pampawatas.

- Pagbibigay-sanhi.

- Pangngalang pinaiksi mula sa kayfa (papaano). **Kam**

- Pantanong para sa bilang.

- Pasalaysay tungkol sa isang bagay na anuman. **Ka'ayyin**

- Pangngalang binubuo mula sa ka- ng pagwawangis at ayy na may tanwīn ginagamit bilang pasalaysay at pantanong. **Kadhā (Ganito)**

Panghalip pamatlig o iisang tambalang salitang kumakatawan sa hindi bilang o kumakatawan para sa bilang. **Kallā**

Kataga ng pagpigil at pagsawata. **Ka'an/Ka'anna (Para bang)**

- Para sa pagwawangis.
- Pagpapatotoo.
- Pagpapalapit. **Kull (Bawat, buo, lahat)**
- Para sa pagsaklaw ng mga bahagi ng anuman.

Kayfa (Papaano)

- Para sa kundisyon.
- Pagtatanong.
- Ginagamit ito bilang panaguri bago ng isang hindi naaalis. **Li-**
- Pagkakarapat-dapat.
- Pagkanatatangi.
- Pagkamay-ari.
- Pagbibigay-sanhi.
- May kahulugan ng ilā (patungo, hanggang sa)
- May kahulugan ng `alā.
- May kahulugan ng mithl (tulad).
- May kahulugan ng min (mula).
- Pagbulalas.
- Pagbibigay-diin.

Ginagamit ito para sa pagdidiin, na may kahulugan ng paghiling.

Ginagamit ito bilang kalabisang may kahulugan ng panunumpa at pagbibigay-diin. **Lā (Hindi, wala)**

- Pangkaila ng kahulugan.
- Ginagamit na pangatnig ng isang kahulugan sa isa pang kahulugan.
- Para sa paghiling ng pagwaksi.
- Para sa pagsaway.
- Para sa pagbibigay-diin. **Lāta (Hindi)**

Binubuo ng dalawang morpemang lā at ta ng pambabae at gumaganap ito ng gampanin ng laysa. **Law (Kung sakaling ...)**

- Ginagamit ito bilang hipotetikal na kundisyon.
- Kataga ng kundisyon ng panghinaharap.
- Para sa pagmimithi.
- Para sa pag-alok.
- Para sa pagsasakaunti.
- Para sa pampawatas na nasa antas ng an. **Lawlā (Kung hindi sana)**

- Pagdugtong ng hipotetikal na kahulugan ng ikalawang sugnay dahil sa pag-iral ng unang sugnay.

- Para sa pag-udyok.
- Para sa pag-alok.
- Para sa pagsumbat.
- Para sa pagpapasisi.
- Para sa pagtatanong. **Lam (Hindi)**

Pagkakailang pangnagdaan at kaukulang apokatibo. **Lammā**

- Kataga ng pagkakailang pangnagdaan, kaukulang apokatibo, at pagbaliktad.

- Para sa pagmamaliban.

- Kataga ng pag-iral dahil sa pag-iral ng iba, na ginagamit sa dalawang sugnay: umiral ang ikalawang sugnay sa sandali ng pag-iral ng unang sugnay. **Lan (Hindi)**

- Kataga ng pagkakailang panghinaharap, kaukulang akusatibo, at panghinaharap.

- Para sa panawagan. **Layta (Kung sana)**

- Kataga ng pagmimithing nauugnay sa imposible kadalasan. **La`alla (Harinawa, nang sa gayon)**

- Kataga ng paghahangad ng naiibigan at pagkabagabag sa kinasusuklaman.

- Para sa pagbibigay-sanhi.

- Pagtatanong. **Lākin/Lākinna (Subalit)**

- Kataga para sa pagpapasubalit na nagpapatungkol sa matapos nito ng isang pahayag na sumasalungat sa lahat ng bago nito.

- Para sa pagbibigay-diin at nasasamahan ang pagbibigay-diin ng pagpapasubalit. **Laysa**

Para sa pagkakaila ng pangkasalukuyan at para sa pagkakaila ng iba pa rito batay sa ebidensya. **Mā**

- Panghalip na pamanggit na may kahulugang alladhī.

- Kahulugan ng anuman.

- Para sa pagtatanong kapag nilagyan matapos nito ng dhā.

- Kataga ng pagkakaila.

- Pawatas.

- Pagbibigay-diin.

- Para sa pagsasakaunti. **Min**

- Pagsisimula ng tunguhin.

- Pagbaha-bahagi.

- Paglilinaw ng uri.

- Pagbibigay-sanhi.

- Apositibo.

- Kasingkahulugan ng `an.
 - Kasingkahulugan ng bi (sa, dahil sa).
 - Kasingkahulugan ng fi.
 - Kasang-ayon ng `inda.
 - Kasingkahulugan ng rubbamā.
 - Kasingkahulugan ng `alā.
 - Pagpapahiwalay, na pumapagitna sa dalawang salitang magkasalungat.
 - Pinagsimulan ng tunguhin.
 - Pagtatadhana ng pagkapangkalahatan.
 - Kalabisan.
 - Pagbibigay-diin sa pagkapangkalahatan.
- Man (Sino)**
- May kahulugan ng kundisyon.
 - Pagtatanong. **Ma`a (Kasama)**
 - Para sa pagtukoy sa lugar o oras ng pagkakasama.
 - May kahulugan ng `inda. **Matā**
 - Pangngalang ginagamit sa pagtatanong.
 - Pangngalang ginagamit sa pagkukundisyon.
 - May kahulugang: sa gitna.

- Bilang pang-ukol na may kahulugang: min o
fī. **Mudh/Mundhu**

1. Pang-ukol.

2. Pangngalang nagpapahayag ng:

- Panahong nagdaan.

- Kahulugan ng fī.

- Kahulugan ng min.

- Kahulugan ng ilā.

3. Pangngalan bilang pampang-abay. **Nūn**

- Para sa pagbibigay-diing mabigat (-nna) at
magaan (-n).

- Para sa tanwīn, na dagdag na tunog nun na
ikinakapit sa huling titik ng salita hindi para sa
pagbibigay-diin.

- Nūn na pambabae: Hulaping -n na
nagpapahiwatig ng pambabaeng maramihan.

- Nūn ng pagsasangalang. **Na`am (Oo, opo,
oho)**

- Para sa pagpapatibay.

- Para sa nagpapahayag ng pangako.

- Para sa pagbibigay-kaalaman.

- Para sa pagbibigay-diin. **H-**

- Unang titik ng panghalip na ikatlong panauhan.

- Unang titik ng pagkaikatlong panauhan.

- Ha' ng pagtigil, na hulapi para sa paglilinaw sa patinig ng huling titik.

- Bilang Ha- na pamalit sa A- ng pagtatanong.

-h ng pambabae (tā' marbūṭah) **Hā**

- Pangngalang pandiwang pautos na nangangahulugang: kunin.

- Panghalip na ikatlong panauhang pambabae.

- Para sa pagtawag-pansin. **Hal**

Katagang ginagamit para sa paghiling ng positibong pagpapatibay. **Wa-**

- Pangatnig na para sa pagsasamang walang-pasubali.

- Pampagpapasimulang muli.

- Pampang-abay na pangkalagayan.

- Wa- ng pagkakasama.

- Wa- ng panunumpa.

- Wa- na kasingkahulugan ng rubba.

- Kalabisan.

- Wa- ng walo.

- Panghalip ng ikatlong panauhang panlalaking maramihan.

Wa- bilang palatandaan ng mga panlalaki. **Wā-**

- Para sa pananaghoy.

- Pangngalang pandiwa na may kahulugang: Namamangha ako. **Yā (O ...)**

- Kataga ng pagtawag para sa malayo at maaaring maging para sa malapit (O).

Index

Diksyunaryong Al-Yasīr	2
Aklat Alif.....	4
Aklat Bā'.....	19
Aklat Tā'.....	32
Aklat Thā'.....	35
Aklat Jīm.....	38
Aklat Ḥā'.....	48
Aklat Khā'.....	68
Aklat Dāl.....	77
Aklat Dhāl.....	83
Aklat Rā'.....	85
Aklat Zāy.....	97
Aklat Sīn.....	101
Aklat Shīn.....	117
Aklat Ṣād.....	125
Aklat Ḍād.....	133
Aklat Ṭā'.....	136

Aklat Ḍā'	141
Aklat `Ayn.....	143
Aklat Ghayn	160
Aklat Fā'	167
Aklat Qāf.....	177
Aklat Kāf	189
Aklat Lām	198
Aklat Mīm.....	206
Aklat Nūn	219
Aklat Hā'	234
Aklat Wāw.....	241
Aklat Yā'	256